# Mga Tala ng Editor

Si Kasamang Armando Liwanag ay gumawa ng ilang mahahalagang pagbabago sa kanyang mensahe sa ika-26 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas, "Lubusin ang Tagumpay ng Kilusang Pagwawasto at Lahatang-Panig na Isulong ang Rebolusyonaryong Simulain", na lumabas sa unang regular na isyu para sa 1995 (Rebolusyon, Blg. 1, Serye 1995). Ang mga ito ay ang sumusunod:

1. Sa pahina 31, unang kumpletong parapo, tanggalin ang unang pangungusap, "Patuloy na lumalaki ang depisit sa kalakalan at badyet."

Paliwanag: Nang isulat ang mensahe bago Disyembre 26, 1994, bumatay ang may-akda sa mga inilathalang pagtaya ng depisit sa badyet para sa taong 1994. Ngunit noong Enero 1995, inihayag ng mga Kagawaran sa Pinansya at sa Pamamahala ng Badyet ng reaksyunaryong gubyerno, na mayroong piskal sarplas na 13.7 bilyong piso sa pagtatapos ng taong 1994, ang kauna-unahan sa loob ng dalawang dekada.

May dalawang mayor na salik para sa sarplas na ito: 1) ang pagbabawas o pagpipigil ng paggasta para sa mga imprastruktura at serbisyong panlipunan at 2) ang minsanan lamang na kita mula sa pagbebenta ng mga ari-arian ng estado alinsunod sa patakaran ng pagsasapribado at de-nasyunalisasyon ng mga kumikitang korporasyon ng estado.

Ang pagpapaliban ng paggasta para sa mga imprastruktura at serbisyong panlipunan ay bahagi ng maniobra ng rehimeng Ramos para maluwag na mapagbigyan ang "pork barrel" at iba pang mga gastusing nasa pakinabang ng koalisyong maka-Ramos bilang paghahanda sa eleksyong kongresyunal at lokal ng Mayo 1995.

2. Sa pahina 31, sa unang parapo, inalis mula sa ikalawang pangungusap ang pariralang, "na ito ay nasa terminal na yugto".

Paliwanag: Ang “terminal na yugto” ng palagiang krisis ng naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal ay maaaring maging kasintagal ng “pinakamataas at huling yugto ng kapitalismo” (imperyalismo) na may matagal nang panahong umiiral sa ika-20 siglo, at magpapatuloy pa rin sa pag-iral kahit lumampas ng siglong ito. Ngunit may ilang kasamang naggigiit na ang katagang ”terminal” ay maaaring makalito dahil maaari itong ipakahulugan na napipinto na ang pagwawakas ng palagiang krisis, tulad halimbawa sa pariralang “terminal na yugto ng kanser”. Para sa higit na kalinawan, iniaatras ng may-akda ang pariralang “terminal na yugto” mula sa mensahe.

Nang tinukoy ni Lenin ang imperyalismo bilang pinakamataas at huling yugto ng kapitalismo, ipinakahulugan niya na tumutungo ito sa krisis, sa mga pandaigdigang digmaan at sa rebolusyong panlipunan. Sa pagtukoy sa terminal na yugto ng palagiang krisis ng naghaharing sistema, nais ipakahulugan ni Kasamang Liwanag na tumungo ito sa bagong demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan at sa kawalang-kakayahan na maghari ng kaaway nang di gumagamit ng lantarang terorismo na nagpapatuloy magpahanggang ngayon sa anyo ng patakarang total war, sa kabila ng pagbagsak ng pasistang diktadurang Marcos. Gayunman, hindi niya ipinapakahulugan na tinitiyak ng pariralang “terminal na yugto” ang pagwawakas ng naghaharing sistema sa loob ng ilang taon o ito’y lisensya para sa maling linya ng wala sa panahong estratehikong kontra-opensiba, insureksyunismong lunsod at adbenturismong militar upang isabotahe ang digmang bayan.

Mabibigyang wakas ang palagiang krisis ng buong naghaharing sistema sa pamamagitan ng pananagumpay ng mga pwersa ng bagong demokratikong rebolusyon na pinamumunuan ng proletaryado. Ang mga kontrarebolusyonaryo ay nag-aalok rin na gawing isang kapitalistang bayang industriyal ang Pilipinas. Ngunit may isa pang posibilidad, na ang naghaharing sistema ay maaaring mabulok at hahapay-hapay na magpatuloy bilang isang malakolonyal at malapyudal na bayan sa matagal na panahon, habang hindi pa kaya ng mga suhetibong pwersa ng rebolusyon

na ganap na magtagumpay at bigo ang mga kontrarebolusyonaryo na matransporma ang Pilipinas sa isang kapitalistang bayang industriyal.

Walang dudang magiging tumpak ang terminong "terminal na yugto" kapag ang lakas ng mga rebolusyonaryong pwersa ay sapat na upang matanaw ang pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika at ang pagsisimula ng rebolusyong panlipunan sa pambansang saklaw. Kumpleto ang sangkap ng programang "Philippines 2000" ng rehimeng US-Ramos sa pagpapalala ng agraryo, di-industriyal at malapyudal na katangian ng Pilipinas, kaya hindi magagawang isang bagong-industriyalisadong bayan ang Pilipinas sa taong 2000.

* * *

Ang isyung ito ay nagpopokus sa mga usaping sosyoekonomiko at kung paano hinaharap ito sa saklaw pambansa at internasyunal ng mga rebolusyonaryong pwersa sa iba't ibang antas.

Ang mga sipi mula sa pangkalahatang paglalagom ng Komiteng Rehiyon ng Timog Katagalugan ay naglalaman ng pangkalahatang paglalarawan sa sitwasyon sa ekonomya ng rehiyon at mga islang probinsya na saklaw nito (Mindoro Oriental at Mindoro Occidental) at sa mga tinaguriang mga proyektong pangkaunlaran ng reaksyunaryong gubyerno sa rehiyon. Ang ulat ay suportado ng tinipong mga ulat mula sa mga panlipunang pagsisiyasat sa lokal na mga antas mula sa baryo pataas sa proseso ng gawaing masa ng Partido at pagtatayo ng mga lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika.

Malaking pagsulong ang natatamo ng Partido Komunista ng Pilipinas sa pagpukaw, pag-organisa at pagpapakilos sa mamamayan sa rebolusyonaryong pakikibaka (kapwa sa ligal at armadong pakikibaka) sa buong rehiyon, kabilang na ang pinakaurbanisadong mga bahagi nitong kanugnog ng Manila, na siyang sentro ng kapangyarihan ng mga reaksyunaryong naghaharing uri. Binibigyan ng estratehikong importansya ang

rehiyon ng sentral na reaksyunaryong gubyerno kaya ginagawa nito ang rehiyon na pokus/nerve center ng mga tinatawag na proyektong pangkaunlaran sa iskema nitong total war para ilayo ang mamamayan sa kanilang sariling rebolusyonaryong mga interes.

Ang susunod na isyu ay maglalaman ng kasunod na mga seksyon sa kalagayan ng masa sa rehiyon.

Ang artikulo sa katangian ng lipunang Pilipino at sa daynamiks ng mga uring panlipunang nakapaloob dito (muling paglalathala mula sa isyung Nobyembre 1994 ng Pilipinas, upisyal na publikasyon ng Christians for National Liberation) ay nagpopokus sa kasalukuyang debate sa katangian ng lipunang Pilipino. Sinasalamin nito ang punto be bista ng CNL sa debate.

Ang mga pahayag mula sa National Democratic Front at Kagawarang Internasyunal ng KS/PKP ay nagpopokus sa papel ng UN at ibang mga ahensyang internasyunal sa pagpapalaganap ng unibersalistang konsepto ng kaunlaran at kung paanong ang mga ito sa tunay na pulitika ay sumusuhay sa paghahari ng monopolyong kapitalismo.

# ISULONG ANG DIGMANG BAYAN

Mensahe sa Bagong Hukbong Bayan
ni Armando Liwanag
Tagapangulo, Komite Sentral
Partido Komunista ng Pilipinas
Marso 29,1995

Sa ngalan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas, ipinapaabot ko ang pinakamainit na mapagkasamang pagpupugay at pagbati sa Pulang mga kumander at mandirigma gayundin sa mga kadre at kasapi ng Partido sa Bagong Hukbong Bayan sa okasyon ng ika-26 na anibersaryo ng pagkakatatag nito.

Ang mamamamamayang Pilipino at ang Partido Komunista ng Pilipinas ay nagmamahal sa inyo dahil sa inyong puspusang paggawa, walang takot na pakikibaka at pagpapakasakit. Malugod naming ipinagdiriwang ang mga tagumpay ng Bagong Hukbong Bayan sa mahabang kasaysayan nito at sa nakaraang taon.

## Mga Tagumpay ng Bagong Hukbong Bayan

Pahintulutan ninyong baybayin ko ang pinakamaniningning ninyong mga tagumpay sa muling pagpapatibay ng mga saligang rebolusyonaryong prinsipyo, sa paglilingkod sa sambayanan, sa ibayong pagpapalakas sa inyong hanay at sa paglaban sa kaaway.

1. Napatibay ninyo ang inyong pagkakaisa sa pamamagitan ng pagtataguyod at pagtatanggol sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas, ang rebolusyonaryong partido ng proletaryado sa patnubay ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong, at sa pamamagitan ng matatag na pagpupunyagi sa pangkalahatang linya ng demokratikong rebolusyon ng bayan laban sa dayuhang monopolyong kapitalismo, katutubong pyudalismo at burukratang kapitalismo, na pangunahing kinakatawan ngayon ng rehimeng US-Ramos.

2. Nabigo ninyo ang mayor na mga kampanya ng kaaway para wasakin ang BHB sa ilalim ng nasa-direksyon-ng-U.S. na patakarang "total war" o estratehiyang "low-intensity conflict" kahit pa ang mga ito ay naayudahan ng dulong-Kaliwang oportunistang mga agos ng wala-sa-panahong estratehikong kontraopensiba, insureksyunismong urban at militarismo at ng Kanang oportunistang mga agos ng repormismo, kapitulasyunismo at likidasyunismo.

3. Nanaig kayo sa kilusang pagwawasto laban sa mga oportunistang taksil, napangibabawan ang mga kamalian, krimen at mga pinsalang ginawa nila at nabigyan ng panibagong-sigla ang armadong rebolusyonaryong kilusan. Nakapaglalagom kayo ng inyong karanasan sa iba't ibang antas, humahango ng positibo at negatibong mga aral, pumupuna at nagtatakwil ng mga kamalian, at nagtataas ng kapasyahan at kakayahan laban sa kaaway.

4. Mahigpit ninyong sinusunod ang linya ng pagtitiwala at pag-asa sa masa at pinapanguna ang rebolusyonaryong pulitika sa lahat ng aktibidad ninyo, kabilang ang pagsasanay-militar at paglaban, gawaing masa, produksyon at iba pa. Napagsasanib ninyo ang armadong pakikibaka, reporma sa lupa at pagtatayo ng baseng masa sa balangkas ng demokratikong rebolusyong bayan.

5. Nakapagpupunyagi kayo sa estratehikong linya ng matagalang digmang bayan, ang pagkubkob sa kalunsuran mula sa kanayunan at pag-iipon ng lakas hanggang maging posible nang agawin ang mga lunsod. Pinapasimple ninyo ang inyong organisasyon at muling itinalaga ang mga yunit para sa gawaing masa, inilulunsad ang malakawan at masinsing pakikidigmang gerilya batay sa lumalapad at lumalalim na baseng masa at makabuluhang nakapagparami ng bilang ng mga taktikal na opensiba sa buong bansa sa nakaraang taon.

6. Nakapagpalawak at nakapagkonsolida kayo ng baseng masa sa ilampung larangang gerilya at ilandaang sonang gerilya, nakabawi ng mga eryang dating nawala bunga

ng mga pananalakay ng kaaway at malulubhang mga pagkakamali at nakapagbukas ng bagong mga lugar para sa gawaing rebolusyonaryo. Sinasaklaw ng inyong mga larangang gerilya ang makabuluhang mga bahagi ng mahigit 60 probinsya at mahigit 600 bayan, na malayong lampas sa kakayahan ng reaksyunaryong hukbo na masakop at makontrol.

7. Nakapag-organisa kayo ng malaking bilang ng hinihirang na pansamantalang mga organo ng kapangyarihang pampulitika (mga komiteng pang-organisa ng baryo) at mga komiteng pang-organisa ng mamamayan sa gawaing ekspansyon para maorganisa ang mga halal at permanenteng mga organo ng kapangyarihang pampulitika (komiteng rebolusyonaryo ng baryo), ang mga yunit milisya at mga yunit sa pagtatanggol-sa-sarili at mga organisasyong masa ng mga magsasaka, manggagawa, kabataan, kababaihan, mga bata at mga aktibistang kultural sa gawaing konsolidasyon.

8. Nakapagmobilisa kayo ng milyun-milyong mamamayan para sa kanilang pagtatamo ng kapangyarihan at mga benepisyong sosyal sa proseso ng mga kampanya sa reporma sa lupa, edukasyong masa, mas mataas na produksyon, kalusugan at kalinisan, pagtatanggol-sa-sarili, pangangalaga sa kapaligiran, at iba pa. Ang mga kampanyang ito ay isinasagawa ng mga organisasyong masa at mga organo ng kapangyarihang pampulitika.

9. Naparami ninyo ang bilang ng Pulang mga mandirigma at mga kasapi ng Partido sa loob ng BHB sa pamamagitan ng pagsasanay at pagpapanday sa kanila sa mga pag-aaral, praktikal na gawain at pakikibaka. Nahihikayat din ninyo ang mga kadre at mga sulong na aktibistang masa mula sa ligal na demokratikong kilusang nakabase sa kalunsuran na matuto mula sa inyong hanay at sa mamamayan at lumahok sa armadong rebolusyonaryong kilusan.

10. Higit kayong umaasa-sa-sarili kaysa kailanman sa nakaraan sa pamamagitan ng pakikidigmang gerilya at pagwawaksi sa mga di-kinakailangan at di-masustining gugulin ng wala-sa-panahong malalaking pormasyong militar at sa

pamamagitan ng pag-asa sa mga kontribusyon ng mamamayan, sa sariling produksyon at sa mga buwis.

## Matabang Lupa Para sa Digmang Bayan

Ang krisis na sosyo-ekonomiko at pampulitika ng lokal na naghaharing sistema ang matabang lupa para sa paglakas at pagsulong ng lahat ng rebolusyonaryong mga pwersa. Nagiging posible at kinakailangan ang pag-unlad ng matagalang digmang bayan bunga ng palagiang katangian ng krisis na ito.

Buktot na sinasagkaan at nilalabanan ng rehimeng US-Ramos ang pambansang industriyalisasyon at reporma sa lupa. Hindi magagawa ng Medium-Term Philippine Development Plan (MTPDP) at kaugnay na mga patakarang pang-ekonomya ng rehimen na idinikta ng dayuhang mga monopolyo at ng kanilang pandaigdigang mga ahensya (IMF, World Bank, WTO at ADB), na gawing industriyalisado ang Pilipinas sa taong 2000, bagkus palulubhain at palalalimin lamang nito ang agraryo, di-maunlad at malapyudal na katangian ng ekonomya.

Ang ekonomya ay ibayong pinipinsala ng liberalisasyon sa pamumuhunan, kalakalan, pananalaping panlabas at pangungutang na pabor sa dayuhang mga monopolyo at malalaking komprador. Ang lumalaking depisit sa kalakalan at badyet, ang lumolobong dayuhan at lokal na utang publiko, ang pagbebenta ng mga pag-aari ng estado (mga empresa at lupain) at ang pagsalig sa panandaliang kapital na ispekulatibo mula sa ibayong dagat ay pawang manipestasyon ng pagkabangkarote ng ekonomya. Hungkag at mapanlinlang ang ipinangangalandakang 5.1% na paglago ng ekonomya sa pangunguna ng pamumuhunan sapagkat, sa katunayan, ang GNP ay suma ng mga kalakal at serbisyong walang tunay na industriyal na pag-unlad at ngayon ay pinalolobo ng tinatayang kita ng mga manggagawang kontratado sa ibayong dagat (OCW), mga panandaliang kapital na ispekulatibo, sobrang-pinresyuhang mga proyekto sa enerhiya at imprastruktura, mga palsipikadong datos tungkol sa pagtaas ng produksyong agrikultural, at iba pa.

Kailanma'y kakatwa at kontraproduktibo ang badyet ng reaksyunaryong gobyerno; labis-labis itong kargado ng panserbisyo sa utang, gastusing militar, sobrang pagpresyo sa mga suplay at sobrang kompensasyon at korupsyon ng burukratang mga kapitalista. Hindi totoo ang ipinangangalandakang sarplas sa badyet na 18 bilyong piso. Resulta ito ng minsanang mga kita mula sa pagsasapribado ng mga pag-aari ng estado, pagpapaliban ng mga gastos sa imprastruktura at serbisyong sosyal, di-pagbabayad sa mga bale ng Philippine National Bank at iba pa. Samantalang ginagamit ng rehimen ang mga eksemsyon sa buwis para makinabang ang dayuhang mga namumuhunan, dinaragdagan naman nito ang pasaning buwis ng mamamayan, laluna sa pamamagitan ng pinalawak na value-added tax at winawaldas ang mga kita sa pagserbisyo ng utang, mga guguling militar at mga korupsyong burukratiko.

Pinatitindi ang pagsasamantala sa mga manggagawa at magsasaka at maging sa gitnang mga saray ng lipunan. Ang mabilis na pagtaas ng minimum na halaga para mabuhay at produksyon ay walang-habas na nagpapabagsak sa kanilang aktwal na mga kita. Patakaran ng rehimen na pababain ang kanilang mga kita, alisin ang seguridad sa trabaho ng mga manggagawa sa pamamagitan ng kaswalisasyon at maging ang pag-aari sa lupa at mga karapatang ansestral ng mga magsasaka at minoryang etniko. Mahigit sa 40 porsyento ang naiipong disempleyo. Pitumpu't anim na porsyento ng populasyon ang nasa ibaba ng hangganan ng kahirapan. May pangkalahatang pagsama ng serbisyong panlipunan at imprastruktura. Lahatang-panig na sinusupil ang mga karapatang sosyal, ekonomiko, pulitikal at kultural ng mamamayan.

Bunga ng pagsahol ng kalagayan sa ekonomya at lipunan, milyun-milyong mamamayan ang nangibang-bayan para maging migranteng mga manggagawang mabababa ang sahod. Mataas ang popular na kamalayan na patakaran ng reaksyunaryong gobyerno na itulak ang mga Pilipino na tumanggap ng mababang sahod sa ibayong-dagat at hindi sila pinuprotektahan upang maging higit na mabenta ang eksport

ng paggawa at mula rito ay maitaas ang kita sa pananalaping panlabas. Kayat sumambulat ang isang higanteng daluyong ng galit ng publiko mula sa dimakatarungang pagkabitay kay Flor Contemplacion sa Singapore.

Habang lumulubha ang krisis na sosyo-ekonomiko, lumalawak at mas tumitindi ang ligalig sa lipunan. Kaya, mula noong nakaraang taon, tumindi sa buong bansa ang mga raling protestang masa at mga welga. Kabilang sa mga isyu ang "Philippines 2000", ang istruktural na mga adyasment sa pautang ng IMF, mga patakarang kontra-manggagawa, ang pagtaas ng presyo ng langis, ang pinalawak na VAT, ang isyu ng GATT at ang karahasan ng reaksyunaryong estado. Napakalaganap at napakatindi na ng diskontentong panlipunan kaya madaling magkaroon ng bugso ng mga protestang masa mula sa alinman sa napakaraming mga ispisipikong isyung panlipunan. Sa ilalim ng kasalukuyang kalagayan, makasusulong ang armadong rebolusyon.

Naghahari sa buong bansa ang makauring diktadura ng malaking burgesyang komprador at uring panginoong maylupa. Nananatili ang lantarang paghahari ng lagim laban sa masang anakpawis sa anyo ng patakarang total war at pakanang low-intensity conflict na dinidirihe ng US mula noong bumagsak ang awtokrasyang pasistang Marcos. Malubhang kasalanan laban sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan ng burges na mga repormista at ispesyal na mga ahente sa psy-war at pagsuporta sa rehimeng US-Ramos ang kanilang pangangalandakang nagkaroon na ng demokratisasyon mula noong 1986.

Laganap at higit na naging brutal ang mga paglabag sa mga karapatang tao, lalo na sa proseso ng mga operasyong pagkakait-ng-base o mga sapilitang pagpapalikas sa masa sa kanayunan. Mula 1986, mahigit dalawang milyong mamamayan ang naging refugee bunga ng pambobomba mula sa himpapawid at sa lupa at ng pambubuldoser. Ang mga pwersang militar, pulis at paramilitar ay nagmamasaker, selektibong namamaslang, iligal na nang-aaresto at nagkukulong, nanununog at nangungulimbat. Ang mga kabuhungang ito ay malinaw na

manipestasyon ng krisis ng naghaharing sistema at ng kawalan ng kakakayahan ng mga nagsasamantalang uri na maghari sa lumang paraan bago 1972.

Ang lalong kapansin-pansing pangingibabaw ng mga pulitikal na inapo ng pasistang diktadurang Marcos ang naglalantad sa kabulukan ng naghaharing sistema. Sinasabayan ito ng pananatili ng armadong reaksyunaryong mga paksyon, ng paglitaw ng mga pulitikong militar at ng lumalaking pagkasangkot ng mga opisyal ng militar at pulisya sa kriminal na mga sindikato.

Ang krisis sa pulitika ng naghaharing sistema ay tiyak na mag-aanyong mararahas na kontradiksyon ng mga reaksyunaryo habang nililimitahan ng krisis na sosyo-ekonomiko ang puwang para sa matiwasay na relasyon sa pagitan nila, at habang isinusulong ng mga rebolusyonaryong pwersa ang digmang bayan at pinatitindi ng mamamayang Moro ang kanilang pakikibaka para sa sariling-pagpapasya.

May interaksyon ang krisis ng pandaigdig na sistemang kapitalista sa krisis ng isang neokolonyang tulad ng Pilipinas, at pinalulubha ng una ang huli. Ang pandaigdigang krisis ng sobrang produksyon na likha ng paggamit para sa tubo ng abanteng teknolohiyang pumapatay sa empleyo at ng labis na nagtatagal nang pag-abuso sa kapital sa pinansya ang nagtutulak sa pandaigdigang mga sentro ng kapitalismo na makipagpaligsahan sa isa't isa, bagamat nagkakaisa sila para ibayong pagsamantalahan ang mga bayan ng ikatlong daigdig at ng dating blokeng Sobyet. Itinutulak nito ang Pilipinas sa mas masahol na kondisyon ng pagkaatrasadong neokolonyal.

Nalikha na ng krisis na ito ng kapitalismo ang bagong kaguluhan sa mundo na nagpasinungaling sa katayuan ng kapangyarihang mga imperyalista at nagkakalat ng atensyon nila. Pinapaburan nito ang pag-unlad ng digmang bayan sa Pilipinas at ang tiyak na muling pagsigla ng kilusang anti-imperyalista at sosyalista sa pandaigdigang saklaw. Namumukod at huwaran ang digmang bayang inilulunsad ng Partido Komunista ng Pilipinas, ng Bagong Hukbong Bayan at ng Pambansa-

Demokratikong Prente ng Pilipinas sa gitna ng bagong kaguluhan sa mundo na dulot ng monopolyo kapitalismo, neokolonyalismo at ng rebisyunistang pagkakanulo sa sosyalismo.

### Panawagan sa Pagpapatindi ng Rebolusyonaryong Pakikibaka

Nananawagan ang Partido Komunista ng Pilipinas sa pagpapatindi kapwa ng armadong rebolusyonaryong kilusang nakabase sa kanayunan at sa ligal na demokratikong kilusang nakabase sa kalunsuran. Malinaw ang direktiba ng Partido sa BHB: lubusin ang kilusang pagwawasto at isulong ang digmang bayan sa pamamagitan ng malawakan at masinsing pakikidigmang gerilya batay sa lumalawak at lumalalim na baseng masa.

Ang armadong pakikibaka ang prinsipal na anyo ng pakikibaka sa demokratikong rebolusyong bayan dahil ito ang paraan para ibagsak ang mga nang-aapi at nagsasamantala sa bayan at itayo ang demokratikong kapangyarihan ng bayan. Imposible ang rebolusyong panlipunan kung wala ang demokratikong kapangyarihang bayan na hahalili sa estado ng mga nagsasamantalang uri.

Kaalinsabay, absolutong kailangang isulong ang ligal na demokratikong kilusang nakabase sa kalunsuran. Ito ang paraan sa malawakang pagpukaw, pag-organisa at pagpapakilos sa mamamayan. Ang mga protestang aksyong masa at mga welga ang pinakamabisang sandata ng ligal na demokratikong kilusan hanggat umaalinsunod ang mga ito sa pambansa-demokratikong linya at nakabatay sa solidong pag-oorganisa ng masa.

Ang nalalapit na eleksyong kongresyunal at lokal ay isang sarsuela, isang palabas ng mga reaksyunaryo para likhain ang ilusyon ng demokrasya. Nililimitahan ng mga eleksyong ito ang mga botante sa pagpili sa pagitan ng mga personalidad at paksyong magpapatuloy sa pang-aapi at pagsasamantala sa kanila.

Bilang paninindigan sa prinsipyo, hindi maaaring lumahok sa mga eleksyong ito ang rebolusyonaryong mga pwersa, ni isipin ang usapin ng paglahok sa mga ito o hindi, na para bang ang paglahok ay isang tunay na opsyon. Sa katunayan, ipinagbabawal ng mga reaksyunaryo ang paglahok ng rebolusyonaryong mga pwersa. Gayunman, maaaring labanan ng mga rebolusyonaryong pwersa ang mga reaksyunaryong kandidato at suportahan ang relatibong makabayan at progresibong mga kandidato sa angkop na mga paraan, alinsunod sa patakaran ng PKP sa pakikipag-isang-prente, nang hindi nagpapahayag ng partisipasyon.

Ang pormal na mga negosasyon ng NDFP at ng Gobyerno ng Republika ng Pilipinas, na nakatakdang magsimula sa Hunyo 1 sa Brussels, Belgium, ay nagbibigay sa mga rebolusyonaryong pwersa ng isa pang ispisipikong anyo ng ligal na pakikibaka sa pamamagitan ng awtorisadong panel ng NDFP sa negosasyon.

Sa proseso ng mga negosasyong ito, tungkulin ng panel ng NDFP na magpursigi sa linya ng pambansang pagpapalaya at demokrasya bilang linya para sa makatarungan at matagalang kapayapaan. Hindi dapat mag-akalang ang mga negosasyong ito mismo ang paraan tungo sa makatarungan at matagalang kapayapaan. Dapat determinadong itaguyod, ipagtanggol at isulong ng panel ng NDFP ang posisyon ng rebolusyonaryong mga pwersa at biguin ang mga tangka ng GRP na magkalat ng hungkag na mga ilusyon at pahinain ang rebolusyonaryong kilusan.

Hinaharap ng NDFP ang GRP sa usapan sa pantay na mga kondisyong ligal sa isang nyutral na lugar sa ibayong-dagat at sa ilalim ng “mga prinsipyong mutwal na katanggap-tanggap” at nang “walang anumang pre-kondisyong taliwas sa katangian at mga layunin ng mga negosasyon sa kapayapaan (walang surender ng prinsipyo at aktwal). Kinakailangang patindihin ng rebolusyonaryong mga pwersa at ng mamamayan ang kanilang mga pakikibakang masa para maigiit ang saligang mga demanda para sa pambansang kalayaan at demokrasya at mapalakas ang posisyon ng NDFP sa mga negosasyon.

Tiwala akong maitataas ng Bagong Hukbong Bayan ang kapasyahan at kakayahan nitong lumaban sa bago at mas mataas na antas at makakamit ang higit pang mga tagumpay sa gawaing masa at pakikidigmang gerilya kaysa nakaraan para maisulong ang digmang bayan sa darating na taon.

**Mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan!**

**Magpunyagi sa wastong rebolusyonaryong linyang itinakda ng Partido Komunista ng Pilipinas!**

**Mabuhay ang sambayanang Pilipino at ang rebolusyong Pilipino!**

# PANLIPUNANG PAGSISIYASAT: TIMOG KATAGALUGAN 1994

(Mga Siniping Bahagi Mula sa Pangkalahatang Paglalagom ng
Komiteng Rehiyon ng Timog Katagalugan)

## PANGKALAHATANG DESKRIPSYON NG SITWASYONG PANG-EKONOMYA NG REHIYON AT MGA ISLANG PROBINSYA

Ang kabuuang populasyon ng TK ay umaabot sa bilang na 9.023 M, o 13.88% ng pambansang populasyon, na may pinakamataas na taunang 3.05% ng pagtaas kumpara sa lahat ng mga rehiyon sa bansa — at sa kasalukuyan, siyang may pinakamalaking bilang ng populasyon sa mga rehiyon ng Pilipinas.

Ang mga mamamayan ng rehiyon ay binabayo ng matinding paghihirap. Di makaahon-ahon ang malaking mayorya ng populasyon sa kumunoy ng bisyosong siklo ng malapyudal at malakolonyal na pagkaalipin.

Ang masang manggagawa ay labis-labis na pinagsasamantalahan ng kapangyarihan ng kapital ng dayuhang monopolyo-kapitalismo at mga lokal na malaking kumprador-burgesya. Sinisikil at sinusupil ng estado ng naghaharing-uri ang karapatan nilang magwelga at kalayaang mag-organisa sa sarili upang panatilihin ang isang maamo at sunud-sunuran lakas-paggawa; magpanatili ng kapayapaang industrial, sa gayon, garantiyahan ang walang patid na suplay ng murang paggawang magiging alipin ng kapitalistang pagsasamantala.

Ang masang magsasaka at mala-proletaryado sa kanayunan ay lalong nababaon sa dantaong pyudal na pagkaalipin at opresyon ng mga asendero-komersyante-usurero. Ang pangako ng nakaraang rehimeng Aquino at ng kasalukuyang rehimeng Ramos para sa isang

kumprehensibong repormang agraryo katulad ng mga programa ng mga nagdaang naghaharing rehimeng mula kay Roxas hanggang kay Marcos ay bulang sumabog at kumitil sa maituturing pang pag-asa para sa demokratisasyon ng pag-aari at distribusyon ng yamang-likha sa kanayunan.

Ang masang mangingisda at mga maralita sa mga baybayin at tabing-lawa ay kinikitil ang kabuhayan ng mga proyektong ‘pangkaunlaran’ ng reaksyunaryong gubyerno sa ngalan ng diumano’y ‘industrialisasyon’ o NIChood na pinapangarap ng Philippines 2000 ng rehimeng Ramos. Winawasak ang kanilang mga pamayanan para ipwersa ang mga proyektong ito; winawaldas ang produktibong buhay nila pabor sa mga kapitalista’t kumprador-burgesya na syang may kontrol sa industriya ng pangisda ng bayan; at sa proseso, pinagkakaitan ng isang disenteng pamumuhay.

Ang likas na karapatan ng mga katutubong mamamayan sa pag-angkin, paglinang at pamamahala ng kanilang lupaing ninuno (ancestral lands) at lupang dominyon (ancestral domain) ay ipinagkakait ng reaksyunaryong estado. Higit silang pinagsasamantahan ng malapyudal at malakolonyal na sistema at permanenteng isinasadlak sa kalagayang atrasado at primitibo; dahop sa mga batayang serbisyong panlipunan; at minamaltrato ng sobinismong Kristiyano at makauring opresyon.

Ang petiburgesyang lungsod, mga propesyunal, maliit na negosyante at tagayaring-kamay ay maramihang winawasak ang kabuhayan ng terminal na krisis ng lipunan malapyudal at malakolonyal na kinatatangian ng mga kombulsyon na yumayanig sa pinakapundasyong pang-ekonomya at pampulitika ng reaksyunaryong estado.

Sa nakaraang taon umabot sa 18.4% ang tantos ng implasyon sa rehiyon. Ang di mapigilang pagtaas sa presyo ng mga pangunahing bilihin ay lalong nagpaliit sa kita ng mamamayan. Umaabot na lang sa 17 sentimo ang halaga ng dating piso noong 1978.

Sa lagpas limang milyon na lakas-paggawa, tatlong milyon lamang ang may hanap buhay. Ibig sabihin, mismong sa datos ng gubyerno aabot sa halos apatnapung(40%) porsyento ang walang sapat na ipapakain sa kanyang pamilya. Kaya naman halos 70 porsyento ang nabubuhay sa ibaba ng poverty line.

Nitong mga nakaraang taon bumagsak ang kita ng rehiyon sa mga tradisyunal na produkto tulad ng niyog at tubo. Pinakamabigat na tinamaan ang mga magsasaka ng Quezon na pangunahing nakasalalay ang kabuhayan sa industriya ng niyog.

Ang pang-ekonomikong programa ng bagong tayong rehimen ng sabwatang US-Ramos ay lalo lamang nagpapalubha sa paghihikahos ng mamamayan. Wala itong saligang pagkakaiba sa dati nang pumalpak na programa ng rehimeng Aquino. Sa katunayan, mas mabibigat ang mga bagong dikta ng IMF-WB para diumano'y magkaroon ng istabilidad ang ekonomya ng bansa. Kabilang dito ang deregulasyon ng mga subsidyo sa presyo ng produktong agrikultural, paglilipat sa kamay ng pribadong sektor ng mahahalagang empresa at industriya, patuloy na pagseserbisyo sa dayuhang utang, pag-alis ng nalalabing proteksyon sa mga lokal na industriya at pagpapatupad ng Foreign Investment Act ng 1991.

Matabang lupa ang buong rehiyon para sa rebolusyonaryong pakikibaka sa kanayunan at kalunsuran. Ginagatungan ng mga panloob at panlabas na salik ang mga panlipunang ligalig para pag-alabin ang dantaong poot sa dibdib ng mamamayan laban sa mapagsamantalang kaayusan at yakapin ang landas ng pambansa-demokratikong alternatibang inihaharap ng rebolusyonaryong kilusang nasa pamumuno ng CPP/NPA/NDF. Sa katunayan, nananatiling malakas ang simpatiya ng mamamayan sa kanayunan para sa armadong rebolusyon at malaki ang kanilang pananalig sa rebolusyong agraryo.

Ang Marxista-Leninistang kritika ng pambansa-demokratikong alternatiba sa lipunang malapyudal at malakolonyal na Pilipinas ang siya pa ring pinakamatalas at pinakasyentipikong pagsusuring inihaharap ng Partido Komunista ng Pilipinas hanggang sa kasalukuyan.

Sa kabila ng relatibong paglago ng mga establisyementong industrial at mga empresa sa rehiyon sa mga eryang urban, nananatili pa ring agrarian at atrasado ang produksyong agrikultural sa kanayunan ng rehiyon na bumubuo ng 70-80% ng kabuuang lupang-sukat. Umaasa ang 70-80% ng populasyon ng rehiyon sa agrikultura at mga kaugnay na industriyang nakabatay sa agrikultura; gumagamit ng primitibong gamit sa produksyon sa sukatan ng modernong kapitalismo; at, makapangyarihang nakapaghahari ang komeryanteng kapital sa kanayunan para sa reproduksyon ng mga batayan ng malapyudal na pagsasamantala.

Ayon pa sa Center for Labor Statistocs/Bureau of Labor and Employment Statistics, sa datos ng 1991 batay sa umiiral na presyo noon, ang TK ay lumikha ng Gross Regional Domestic Product (GRDP) na umaabot sa halagang P175.7 B na may 19.85% taunang pagtaas, pumapangalawa ito sa NCR sa ambag sa kabuuang GDP ng bansa. Sa nabanggit na GRDP, ang paggawa (industrial labor) ay nakapag-ambag ng halagang P58.389 milyon lamang.

Sa tunay na halaga nito kung ihahambing sa presyo noong 1985, ang nalikhang GRDP ay umaabot lamang ng P103.1 B at ang paggawa ay nakapag-ambag lamang ng halagang P34.240 M sa naitalang 0.29% tunay na pangkalahatang antas ng paglago sa bawat taon.

Kabalintunaan sa ipinapakita ng datos ang malaganap na karalitaan at paghihikahos sa malawak na kanayunan, mga lungsod at kabayanan ng rehiyon.

## Ang Isla ng Mindoro Pangkalahatang Sitwasyong Pang-ekonomya

Ang isla ng Mindoro na may sukat na 10,244.5 kilometro kwadrado ang pampito sa pinakamalalaking isla ng Pilipinas. May haba itong 150 km. mula Hilaga pa-Timog at tayang lapad na 90 km. mula Silangan pa-Kanluran.

Agrikultura ang pangunahing katangian ng ekonomya ng isla. Sa katunayan, 85-90 porsyento ng isla ay kanayunan at nasa 85-90 porsyento ng populasyon ay matatagpuan sa kanayunan.

Ang Mindoro Oriental na relatibong mas maunlad ang kalagayang ekonomiko kaysa Mindoro Occidental ay may kabuuang populasyong 588,959 noong 1990 at prodyeksyon na populasyong 648,086 ngayong 1994. Noong 1980, ang 85.75% [85.67% noong 1975 at 82.19% noong 1970] ng populasyon ay nasa kanayunan at 14.25% [14.33% noong 1975 at 17.81% noong 1970] lamang ang nasa urban. Walang signipikanteng pinagbago ang ganitong distribusyon ng populasyon hanggang sa kasalukuyan.

Repleksyon ang ganitong distribusyon ng populasyon sa distribusyon ng lakas-paggawa. Ayon sa taya ng NCSO, noong 1989, sa kabuuang 326,000 ng populasyon na nasa 15 taong gulang pataas, 278,000 nito ay matatagpuan sa kanayunan at 49,000 lamang ang nasa urban at 198,000 nito ang lakas-paggawa — 182,000 ang may hanapbuhay at/o panahunang may trabaho [ 152,000 ang nasa kanayunan at 30,000 ang nasa urban]. Sa kabuuang bilang ng may trabaho/kulang sa trabaho, 117,000 [110,000 ang nasa kanayunan at 7,000 ang nasa urban] ang nasa agrikultura, 14,000 [12,000 ang nasa kanayunan at 2,000 ang nasa urban] ang nasa industriya at 51,000 [30,000 ang nasa kanayunan at 21,000 ang nasa urban] ang nasa sektor ng serbisyo.

Noong Abril 1992, sa tinatayang 365,000 populasyon ng may 15 taong gulang pataas, 233,000 ang nasa lakas-paggawa.

Sa bilang na ito, 151,000 ang nasa agrikultura o 64.8%; 25,000 ang nasa sektor sa serbisyo at 24,000 ang nasa sektor sa industria. Samantala, 178,000 ng lakas-paggawa ay nasa kanayunan at 45,000 lamang ang matatagpuan sa urban.

Bagaman di talaga nito eksaktong sinasalamin ang aktwal na kalagayan ng empleo sa probinsya, pinatotohanan ng mga datos sa itaas ang pagiging atrasado, rural at nakabase sa produksyong agrikultural ang kabuuan ng ekonomya ng isla.

Mataas ang insidente ng karalitaan at paghihikahos sa dalawang probinsya. Sa halos lahat na linya ng hanapbuhay ay mararamdaman ang dominanteng papel at kapangyarihan ng mga asendero-komersyante-usurero. Komersyanteng kapital ang dominanteng porma ng akumalasyon ng kapital sa dalawang probinsya at malaking bahagi nito ay pinalalago sa bisyosong siklo ng pagpapautang sa paraang usura.

Ang mga pinakamalalaking panginoong maylupa ay siya ring may monopolyo ng kapangyarihang pulitikal sa lokal na burukrasya, nagmamay-ari ng pinakamalalaking bodega at gilingan ng butil, nagkokontrol ng pamilihan at nagmamantine ng pinakamalapad na network ng pang-uusura.

Isang mayor na prodyuser at suplayer ng bigas ang Mindoro sa mainland Luzon. Sa Mindoro Occidental, naitala noong 1990 na sa kabuuang 37,643 ektaryang may patubig, ang kabuuang produksyon ng bigas ay 4,895,834 kaban kung saan 144,375 kaban ay ginamit sa sariling konsumpsyon at 3,451,697 kaban ang iniluwas sa Metro Manila at karatig na mga probinsya. Sa Mindoro Oriental, sa kabuang ektaryang 84,767 na natatamnan ng palay, ang kabuuang produksyon ay 4,491,242 kaban at may surplas na 2,288,566 kaban.

Bukod sa palay, ang Oriental ay may 57,914 ektaryang natatamnan ng niyog na may kabuuang produksyon na 27,000 metriko tonelada; 5,090 ektarya ay natatamnan ng abaka na may kabuuang 152.2 metriko toneladang produksyon; 20,042 ektaryang sagingan na may kabuuang produksyong 20,042 metriko tonelada; 1,024 ektaryang maisan na may

kabuuang 1,130 metriko toneladang produksyon; at, 74.2 ektaryang natatamnan ng bawang na may kabuuang produksyon na 275.10 metriko tonelada;

Sa Occidental, 125 ektaryang natatamnan ng mani na may produksyong 86.1 metriko tonelada; 177 ektaryang mongohan na may 88.5 metriko toneladang taunang produksyon; at, 70 ektaryang gulayan na may taunang produksyon na na 225 metriko tonelada.

Bilang islang probinsya, 24 sa 26 ng bayan nito ay nasa tabing-dagat. May 85% ng kabuuang populasyon nito ay nakakunsentra sa mga baybayin at kanayunan na mga magsasaka, mangingisda at mala-manggagawa ang katayuan sa uri.

Noong 1990, ang taunang produksyon ng industria sa Oriental ay 661.0 metriko tonelada sa 1,348.0 ektaryang brackishwater fishpond at 2.6 metriko tonelada sa 42.1 ektaryang freshwater fishpond. Samantala, 2.6 metriko tonelada naman ang taunang produksyon ng municipal fishing at 280.0 metriko tonelada mula sa commercial fishing.

Humigit-kumulang may 14,236 pamilya ang umaasa sa pangingisda sa baybaying-dagat. Maaari silang mananakag, mamimingwit, nasa pukotan o sa basnigan. Naitaboy sila sa paghahanapbuhay sa karagatan dahil din sa kawalan ng lupang mabungkal sa kanayunan. Ang iba nama'y dagdag na pagkakakitaan para maging pamatid-gutom sa pamilya kung panahong tapos na ang taniman/anihan at naghihintay na naman ng tag-ulan. Kung tutuusin, biktima ang mga mangingisda ng pyudal at malapyudal na kaayusang namamayani sa kanayunan.

Karamihan sa maliliit na mangingisda ay gumagamit ng simpleng kagamitan sa pangisda at maliliit na bangka na karamihan ay de-layag. Problema ng mga maliliit na mangingisda ang pagsakop ng mga malalaking basnig sa kanilang lugar-pangisdaan. Sa ilang lugar naman ay

ang kumpetisyon sa dumadayong malalaking komersyal na pukutan at mga galdgad na kung saan mas malalaki, de-makina at kumplikado ang paraan upang makahuli ng mas marami.

Sa kabila nito, 80-90% ng populasyon ay naghihikahos. Mas higit ang paghihikahos ng mga Mangyan na dahil sa primitibong moda ng produksyong kinaiiralan nila ay biktima ng malnutrisyon, kawalan ng batayang serbisyong-sosyal, mababang produktibidad at deskriminasyon.

(Nota: Ang mga datos sa mga islang probinsya ng Palawan, Marindoque, at Romblon ay tinitipon pa at sinisinop).

## MGA PROYEKTONG PANGKAUNLARAN NG REAKSYUNARYONG GUBYERNO SA SAKLAW NG REHIYON

Ang mga proyektong pangkaunlaran ng rehimeng US-Ramos sa ay di maghahatid ng kasaganaan para sa lahat ni magbubunga ng demokratisasyon sa pag-aari at distribusyon ng yamang likha sa lipunan. Di rin ito maghahatid sa ating bansa sa pinapangarap na NIChood ng Philippines 2000 o kaya'y radikal na magbabago sa relasyon sa produksyon upang palayain ang mga pwersa sa produksyon sa kanayunan at kalunsuran.

Ang mga proyektong ito ay maghahatid sa sambayanang Pilipino sa panibagong kalbaryo ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala; higit na imperyalistang kontrol sa bawat himaymay ng buhay panlipunan; at, ibayong konsolidasyon at dominasyon ng pulitikal at ekonomikong interes ng magkasamang paghaharing imperyalista, malaking asendero-kumprador-burgesya sa kapinsalaan at pagkawasak naman mamamayan.

Malinaw na makikita ito sa ating rehiyon...

### A. Ang Proyektong CALABARZON

Tinakda ng rehimeng US-Aquino noong 1986 ang limang probinsya ng rehiyong Timog Katagalugan (Cavite, Laguna,

Batangas, Rizal at Quezon) bilang lugar na paglulunsaran ng pinakamalaki at ambisyusong proyektong pangkaunlaran sa buong bansa. Ang proyektong CALABARZON ay isa sa pangunahing sangkap ng Philippine Aid Plan (PAP) na nilikha ng gubyerno sa tulong ng mga imperyalistang ahensiya upang muling pasiglahin ang ekonomya ng bansa na lubhang dumausdos sa ilang dekadang pangungurakot ng pasistang diktadurang US-Marcos.

Sinakyan ng rehimeng Aquino ang kanyang pansamantalang popularidad para ialok at ibenta ang Pilipinas sa ibayong pagpasok at pagsasamantala ng mga dayuhang kapital at pamumuhunan. Dahil bangkrap ang gubyerno, iniasa ng bagong pamahalaan sa mga imperyalistang bansa at mga ahensiya nito ang rehabilitasyon at pagpapanibagong-sigla sa pambansang ekonomiya.

Malayo sa inaasahan ng gubyernong Aquino ang kinalabasan ng PAP. Bunga ng matinding krisis na bumabagabag sa mga kapitalistang bansa, kakarampot na pondo ang napalitaw nito. Sa unang pledging session na pinatawag para ilunsad ang PAP sa Tokyo noong 1989 $2.87B ang naipangako ng mga kapitalistang bansa sa pamamagitan ng grants at official assistance. Umabot naman sa $3.23B ang nakuhang komitment ng bansa sa ikalawang pledging session na ginanap sa Hongkong noong 1991. Ang nakuhang limos ng Pilipinas ay lubhang maliit sa inaasahang $10B pondong itinakda para mailunsad ang isang tipong Mini-Marshall Plan. Gustong tularan ng Pilipinas ang nangyari sa Europa pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig kung saan nagtulongtulong ang mga imperyalistang bansa sa pangunguna ng US para ibangon ang kanilang ekonomiya.

## Pangkalahatang katangian at nilalaman ng CALABARZON

Ang pangkalahatang disenyo ng CALABARZON ay paunlarin ang Timog Katagalugan bilang pangunahing sentrong industriyal sa buong bansa. Kung mapapatupad ang kabuuang

nilalaman ng programa, malalampasan pa ng TK ang NCR sa usapin ng dami ng mga pabrikang industriyal. Ngayon pa lamang ay marami ng mga korporasyong multinasyunal ang lumilipat ng pwesto sa TK mula sa NCR. Higit na lalaki ang ambag ng TK sa Gross Domestic Product na sa kasalukuyan ay umaabot na sa 14.21% ng pambansang kabuuan.

Nilalayon ng programa na makapagtayo ng humigit kumulang na 200 bagong pabrika na lilikha ng trabaho para sa 200,000 manggagawa. Inaasahan din na may papasok na $1 billion bawat taon mula sa mga dayuhang mamumuhunan. Ayon sa gubyerno, makakatulong ang proyekto sa pag-aalis ng kahirapan ng mamamayan at magpupwesto sa bansa para sa industrialisasyon.

Upang maisagawa ang ganitong programa, kailangang itayo ng gobyerno ang kinakailangang imprastruktura at suportang panserbisyo (mahusay na sistema ng transportasyon, malapit na pandaidigang daungan, sapat na bilang ng mura ngunit sinanay at masunuring lakas-paggawa, tuloy-tuloy na suplay ng kuryente at tubig, sapat na serbisyo ng telekomunikasyon, malaganap na sistema ng pabahay, maunlad na lugar para sa pamamahinga at rekreasyon (para sa mga matataas at dayuhang ehekutibo) upang matugunan ang mga saligang pangangailangan sa pagtatayo at pagpapatakbo ng mga malalaking empresa. At dahil sa walang sapat na pondo ang gubyerno, kailangan humingi ito ng tulong mula sa kapitalistang bansa para tustusan ang mga proyekto.

Dagdag dito, kailangan ding lutasin ng gubyerno ang mga "suliranin" nito sa kapayapaan at kaayusan. Minamahalaga ng mga dayuhang kapitalista ang pampulitikang istabilidad sa bansa upang matiyak na hindi magkakaroon ng aberya sa operasyon ng kanilang mga kompanya at maibalik ang tubo sa pamumuhunan sa kanilang sariling bansa.

Ito ang sinasabi ng gubyerno na paglikha ng paborableng klima para sa paglago ng dayuhang pamumuhunan sa rehiyon at sa bansa. Dapat itong gawin para maengganyo ang mga dayuhang mamumuhunan na pumasok sa Pilipinas. Nangako

kamakailan ang Japan na daragdagan ang puhunan nito sa mga bansang ASEAN kung aalisin nila ang mga balakid sa kalakalan (trade barriers) at pagkakaroon ng sapat na imprastraktura sa erya.

Sa pagpasok ng dayuhang puhunan, malayo nang napag-iwanan ang Pilipinas kung ihahambing sa iba pang bansa sa ASEAN tulad ng Thailand, Taiwan, Malaysia at Singapore. Isa tayo sa pinakamababa ang halaga ng GNP at per capita income at pinakamaliit na tantos sa paglaki ng GNP kada taon.

Ang proyektong CALABARZON ay isang $861M proyektong pangkaunlaran na pangunahing tinutustusan ng Official Development Aid (ODA) ng bansang Japan sa pamamagitan ng Overseas Economic Cooperation Fund (OECF). Ang pagpapakawala sa pondo ay hinati sa halos dalawampung yen instalment.

Alinsunod sa kontrata, magpapalitaw ang gobyernong Pilipinas ng katapat na pondo na 25% ng kabuuang halaga bilang parte nito sa gastos sa proyekto. Ibig sabihin kailangan kargahin sa badyet ng gobyerno ang $215B o P5.38B sa aytem para sa public works. Kapag hindi napalitaw ang nasabing halaga, hindi pwedeng gamitin ng gobyerno ang pondong nilaan ng OECF ng Japan para sa proyektong CALABARZON.

Malaki rin ang gagampanang papel ng lokal na pribadong puhunan ng mga malalaking kumprador burgesya at mga partner nitong mga negosyante mula sa ibang bansa. Karaniwang nagbubuo sila ng mga korporasyon na may sosyo mula sa malalaking dayuhang empresa para tumulong sa pagdebelop ng erya.

Batay sa rekomendasyon ng IMF-WB, malawakang pinapatupad na ngayon ang sistemang Build-Operate-Transfer (BOT) kahit sa mga proyektong imprastraktura na dapat sanang kukunin sa badyet ng pambansang gobyerno. Dahil laging kulang ang pondo ng gobyerno, obligadong iasa sa pribadong kapital ang mga malalaking proyektong pampubliko. Bilang kapalit, ang mga ito naman ang magkakamal ng tubo sa pamamagitan

ng pagtatakda ng singil-sa-paggamit sa mamamayan. Ang dapat na libreng serbisyong pampubliko ay pribado at may bayad na.

May malaking ambag din ang mga lokal na gobyerno sa antas probinsya at bayan. Ang mga ito'y nagbalangkas ng sariling programang pangkaunlaran na tuwirang naglilingkod sa proyektong CALABARZON. Gusto nilang samantalahin ang dagdag na kita mula sa buwis ng mga pabrikang itatayo at ang urbanisasyon na ibubunga ng proyekto sa kanilang bayan at probinsya.

## Mga Pangunahing Sangkap ng Proyekto

1. Pagtatayo at pagpapalawak ng mga export processing zones (EPZA) at mga industrial enclaves. Ang mga target itayo at paunlarin ay: Cavite Export Processing Zone (275 has) sa Rosario, Cavite; First Cavite Industrial Estate; Batangas (345 has); Ayala Industrial Estate, Technopark Inc. at Science Park Industrial Estate sa Canlubang, Laguna.

Ang mga industrial enclaves at export processing zones ay dati ng paraan ng gobyerno upang pumasok ang mga dayuhang korporasyon na mamuhunan sa ating bansa. Una nila itong pinatupad sa Mariveles, Bataan at sa Baguio City. Nagbubuo ng mga malalaking korporasyon na karaniwa'y may sosyong dayuhan upang gumawa ng mga industrial enclaves. Ang mga pabrikang itatayo rito ay hindi tunay na maglilingkod sa industralisasyon ng bansa dahil sub-contractual at semi-processed ang mga produktong lilikhain.

Isa pa ang target nito ay hindi para sa lokal na pankunsumo kundi bilang pagtugon sa mga materyales na kailangan ng dambuhalang transnasyunal ng mga kapitalistang bansa. Gusto lamang nilang samantalahin ang murang presyo ng hilaw na materyales at murang pasahod sa mga manggagawa.

2. Pagpapalawak at modernisasyon ng Batangas City Port na nagkakahalaga ng $98M na uutangin mula sa Overseas Economic Cooperation Fund (OECF) ng Japan. Pauunlarin ito bilang isang makabagong daungan para sa pagluluwas ng mga

produktong pang-eksport. Ayon sa plano, magkakaroon ito ng makabagong pasilidad para sa pandaigdigang kalakalan gaya ng containers, yards and warehouses, buildings and other essentials for port operations.

Kamakailan inaprubahan ng NEDA ang pagpapakawala ng P967M para sa Batangas Port Development Program (BPDP) na ang kalahati nito'y manggagaling sa 17th yen credit ng OECF samantalang ang balanse'y babalikatin ng Philippine Ports Authority (PPA).

May plano rin na paunlarin ang Polilio Islands para sa pandaigdigang kalakalan at turismo.

3. Pagpapaunlad at modernisasyon ng riles ng treyn sa halagang $23M. Kukumpletuhin ang 112 kilometrong ruta mula sa Tutuban hanggang sa Batangas.

4. Pagpapalawak at pagpaparami ng linya ng telepono at iba pang sistemang telekomunikasyon sa halagang $201.2M. Target ng PLDT na makapaglatag ng 59,950 linya ng telepono sa buong rehiyon. Pinauunlad rin ang serbisyo ng paging system (Pocketbell), fax, cellular telephone (Philtel at PLDT).

5. Pagtatayo ng mga antas probinsyang sentro ng pagsasanay ng lakas-paggawa sa halagang $3.0M. Magtatayo ng tig-iisang sentro ng pagsasanay sa Laguna. Cavite at Batangas kung saan inaasahang makakapagsanay ito ng 85,000 manggagawa sa bawat taon.

Pinakikilos din nito ang mga state colleges and universities (SCUs) para idirehe ang mga kursong iaalok para makatugon sa pangangailangan ng lakas-paggawa ng mga industrial estates. Kinatulong na rin ang College of Economics & Management (CEM) ng UP Los Banos para sa pagdidisenyo ng mga programa sa pananaliksik.

6. Pagtatayo ng murang pabahay para sa mga manggagawa at empleyado sa mga itatayong pabrika at sektor panserbisyo. Apat na pangunahing erya ang tinukoy

para sa proyektong pabahay na sumasakop ng 942 has at nagkakahalaga ng $175M. 7. Konstruksyon at pagpapalapad ng mga kalye. Gagawa ng 60.3 kilometrong bagong kalsada habang nagpapaunlad pa ng 61 kilometro kasalukuyang kalye. Ang kabuuang proyekto ay nagkakahalaga ng $111M. Kailangan nilang paunlarin ang sistema ng kalsada para sa mas maunlad na sistema ng transportasyon ng mga produktong iluluwas sa ibang bansa.

8. Pagpapalawak ng power generation at konstruksyon ng mga bagong transmission lines. Palalakasin ang kapasidad ng Malaya II sa 500 megawatt, pagtatayo ng Calaca II sa Calaca, Batangas na may 800 megawatt na kapasidad, at sa Pinamukan, Batangas city at iba pang trasmission lines. Ang lahat ng ito'y nagkakahalaga ng $252M.

Sa pagtatayo ng mga bagong pabrika at mga suportang panserbisyo rito, biglang lalaki ang konsumo sa elektrisidad sa buong rehiyon. Hindi na sasapat ang kasalukuyang kapasidad ng mga power plants para suplayan ang pangangailangan sa kuryente ng rehiyon at sa buong bansa. Sa katunayan, isang rekisito ng mga dayuhang pamumuhunan ang pagkakaroon ng sapat na suplay ng elektrisidad bago sila magpasok ng kapital. Malaking kabawasan sa tubo nila kung magiging regular ang brown-outs bukod sa pagkasira ng mga makinarya sa pabrika.

May plano ring magkonstrak ng plantang may kapasidad na 300 megawatt na pinapatakbo ng liquified natural gas (LNG) sa Tanza, Cavite. Isang konsorsyum ng mga lokal at dayuhang kapitalista ang nagpalitaw ng P6.87B para sa proyekto. Batay sa isang pag-aaral, pinakamatipid ang kuryente mula sa LNG-fed plant na aabot lamang ng P1.44 per kilowatt-hour kung ihahambing sa P1.69 sa oil-fired plant at P2.08 mula sa coal-run plant.

Ang walong pangunahing sangkap ay may kaugnayan sa isa't isa. Tinatayo ang mga industrial enclaves upang magkaroon ng mga kulumpon ng mga pabrikang pangunahing

nakatutok sa pagpapalaki ng eksport ng bansa tulad ng tela at damit, gamit-elektroniko at semi-conductors, pagkain at gamot atbp.

Ang iba pang mga komponente ay naglilingkod sa paglikha ng mga kinakailangang imprastraktura at suportang panserbisyo para maengganyo ang mga dayuhang mamumuhunan na magtayo ng kompanya o bumili ng sosyo sa mga nakatayo nang empresa ng mga kumprador burgesya. Pangunahing inaakit ang mga kapitalista mula sa Japan, Singapore, South Korea at Taiwan. Tinatarget din nitong akitin ang mga malalaking pabrika na lumipat ng lokasyon mula NCR patungong TK.

Bukod sa mga proyektong popondohan ng PAP-ODA na tuwirang pinangangasiwaan ng pambansang gubyerno, may papel ding gagampanan ang mga pribadong sektor, ibig sabihin, kumpanya ng mga kumprador burgesya at mga lokal na gobyerno sa antas probinsiya at bayan. Ngayon pa lamang may binalangakas ng sariling programang pangkaunlaran ang Cavite, Laguna, Batangas, Rizal at Quezon. Bahagi rin ng masterplan ang pagpapaunlad sa industriya ng turismo sa rehiyon.

Ang mga pribadong korporasyon ay nagpaplano rin ng kanilang partisipasyon sa engrandeng proyektong pangkaunlaran ng gobyerno. Nagsitayuan na ang mga primera klaseng subdibisyon na titirahan at mga lugar rekreasyon para sa mga dayuhan at lokal na ehekutibo at manedyer ng mga pabrika tulad ng Southwoods Golf & Country Club sa Cabuyao, Laguna; Orchard Golf Country Club sa Carmona, Cavite; Rodeo Homes sa Alfonso, Cavite; Casino Filipino sa Taal Vista Lodge. Balak ding itayo ang Shoemart Tagaytay Complex, pagpapaunlad ng mga beach resorts sa Batangas.

**Antas ng implementasyon**

1. Bilang isa sa mga pangunahing sangkap ng Philippine Aid Plan (PAP) ang programang CALABARZON ay tuwirang pinangangasiwan ng pambansang gobyerno sa pamamagitan ng

Department of Trade & Industry (DTI). May nakasampang panukula sa Kongreso na magbubuo ng Calabarzon Administrative Body na magkokordina sa papel ng iba't ibang ahensiya na may partisipasyon sa proyekto.

Sa pagpapatupad ng Local Government Code (LGC) may lilikhaing Regional Development Council (RDC) na siyang tutukoy sa mga prioridad na impraktrakturang itatayo, at makikipag-ugnayan sa ibang RDCs kaugnay ng mga interehiyunal at interprobinsiyal na proyekto sa buong bansa. Ngunit mananatili sa line agency ng gobyerno, DTI partikular sa CALABARZON, ang pangunahing responsibilidad sa implementasyon ng proyekto.

Mahigpit na nakikipagkoordina ang DTI sa Japanese International Cooperation Agency (JICA) dahil ang bansang Hapon ang may pinakamalaking kontribusyon sa proyekto. Habang tumitindi ang sariling krisis pang-ekonomya ng Estados Unidos, malaki at mapagpasya ang gagampanang papel ng Japan sa buong Asya at Alemanya sa buong Europa upang pangalagaan ang estratehikong interes ng pandaigdigang sistemang kapitalista.

Gumawa rin ang JICA ng isang komprehensibong pag-aaral sa katangian ng rehiyon sa layuning makapagtakda ng mga kaparaanan sa masinop at mabilis na implementasyon ng proyekto. Naglunsad din ito inter-agency consultation na dinaluhan ng mga kinatawan ng mga pambansang ahensya tulad ng Department of Trade Industry at National Economic Development Authority (NEDA) at mga opisyales ng lokal na gobyernong pamprobinsiya at pambayan. Nagpatawag din ito ng konsultasyon sa mga organisasyong masa sa apat na probinsyang saklaw ng proyekto. Ang problema minaniobra ng mga lokal na burukrata ang mga delegado para tiyaking mga organisasyong pabor sa programa ang dadalo.

Kamakailan bunga na rin ng protesta ng mamamayan sa negatibong epekto ng proyekto, dinagdag pa ng JICA ang dalawang sangkap: ang pangangalaga sa ekolohiya at pagpapalakas ng produksyong agrikultural. Ngunit ang mga ito'y

panakip-butas lamang habang hindi naman nababago ang esensyal na katangian ng proyektong CALABARZON.

Ang proyekto ay tinatayang tatagal ng sampung taon bago makumpleto ang lahat ng nilalaman ng mga sangkap. Ang unang yugto ay kinatatangian ng malawakang land-use conversion o pagpapalit-gamit sa lupa at pagsesemento ng mga kalsada. May naitala ng 15,557 ektarya ng mahuhusay na lupaing agrikultural ang trinansporma sa mga lupaing industriyal, komersiyal at residensiyal.

2. Batay sa Philippine 2000, ang 4 sa mayor na proyekto ng CALABARZON ay kabilang sa 18 flagship project ng rehimen. Ito ang mga sumusunod:

a. Batangas Port Development Projet (BPDP)

b. South Expressway Expansion Project (SLEEP)

k. Marikina-Infanta Road Project

d. Angat-Umiray Transbasin Water Project (AUTP)

Ang Batangas Port Development Project ay atrasado na ng apat(4) na taon ang implementasyon. Resulta ito ng kabiguan ng rehimeng Ramos na mai-prodyus ang "peso counterpart" ng gubyerno at popular na pagtutol ng mamamayan.

Ang SLEEP ay mahigpit na nakaugnay sa pagkukumpleto ng BPDP. Gayunman, sa tatlong pakete nito (ang Calamba-Sto. Tomas, Sto. Tomas-Lipa City at Lipa-Batangas City Roads), isa lamang ang may pera — ang Lipa-Batangas City na may P5.3 B pondo.

Ang Angat-Umiray Transbasin Water Prject (AUTP) ang proyektong ipinalit sa Kaliwa-Kanan Dam. Resulta ito ng engineering study na masyadong malaki ang gastos sa proyekto (P21 B) at masyadong matagal (7 taon) bago matapos at mapakinabangan. Sa proyektong ito, ikukunekta ang Metro Manila ng 13.1 km. haba ng tubo na magmumula sa AUTP para sustentuhan ang buong populasyong urban ng kailangang

tubig para sa gamit industrial, tubig residensyal atbp. Ang epekto nito ay mawawalan ng patubig ang mga sakahan at sariling tubig-inumin ang mga mamamayan ng upland Rizal.

3. [Halos patapos na ang mga proyektong pangkalsada. Malapit nang makumpleto ang Carmona-Ternate Road sa Cavite at pagpapaunlad ng Manila-Batangas City Road.]

[Dapat pang tapusin ang pagpapalapad ng coastal road ng Baclaran-Bacoor at ekstensyon nito hanggang Rosario, Cavite.]

4. Sinisimulan na ngayon ang ikalawang yugto ng implementasyon. Nilalaman nito ang pagpapalakas ng suplay sa enerhiya, pagdaragdag sa suplay ng tubig, pagpapaunlad ng telekomunikasyon at pagsasanay ng lakas-paggawa.

Tampok dito ang konstruksyon ng mga plantang pang-elektrisidad. Pinapalaki pa ang saklaw ng Philippine Geothermal Incorporated (PGI) sa Bay, Laguna at Sto Tomas, Batangas. Sinisimulan na rin ang coal-fired thermal plant sa Calaca II, Pagbilao Grande at Pinamukan, Batangas City. Tinutuloy rin ng National Power Corporation (NPC) ang konstruksyon ng diesel turbines sa Malaya II sa Pililia, Rizal. Gayundin ang rehabilitasyon ng Calaca I, KPSPP, Malaya I at MAKBAN.

Sa kabilang banda, kinansela na ang liquified natural gas (LNG) run-plant sa Tanza, Cavite na nagkakahalaga ng $275M, ang Sariaya at Guinyangan Power Plants at Kanan River Hydro-Electric Plant.

Bunga ng kawalan ng pondo at mataas na teknolohikal na rekisitos, ang proyekto ng pagpapalit-gamit ng tubig sa Lawa ng Laguna ay ikakansela pabor sa Angat-Umiray Transbasin Project. Ang dating disenyo ay itransporma ang 90,000 ektaryang lawa na siya ring pinakamalaking tubig-tabang (freshwater) sa buong Asya mula sa malawak na pangisdaan para tugunan ang mga pangangailangang industriyal, irigasyon ng mga lupaing agrikultural, tubig residensiyal at sa paligsahan at rekreasyon. Para magawa ito, kailangan nilang palakihin ang volume ng tubig. Sa halip na maghuhukay para lumalim pa ang

antas ng tubig (dredging) itataas na lang ang water level ng lawa. Mangangahulugan ito ng pagtatayo ng dike sa paligid na isang daang metro ang layo sa tubig upang ipunin ang tubig sa lawa.

Ang pagpapalit-gamit sa lupa ay tuloy-tuloy pa ngunit nasa antas bayan na lamang sa pamamagitan ng pagtatakda ng sonang munisipal. Mga lokal na konseho ng probinsiya at bayan ang magpapatupad nito. Patuloy na nagrereklasipika ang mga lokal na gobyerno ng kanilang municipal zones. Ginagawa rin ito ng mga malalaking panginoong maylupa upang ikutan at lusutan ang implementasyon ng CARL. Tumaas ng higit doble ang presyo ng lupa laluna ang malalapit sa itatayong industrial estates.

Tuloy-tuloy din ang konstruksyon ng mga industrial estates sa Cavite, Laguna at Batangas. Marami na ring pabrikang gumagana kung saan pinakamarami (higit 50) ang nasa Rosario, Cavite. May ilan na ring pabrikang tumatakbo sa iba pa ngunit ang karamihan ay nasa proseso pa ng pagkumpleto ng mga imprastraktura at serbisyong pansuporta.

5. Ang ikatlong yugto ay kinatatangian ng ibayong pagpapaunlad sa produksyong agrikultural at proyekto sa pangangalaga ng ekolohiya. Higit na palalakihin ang produksyon ng pagkain sa rehiyon upang matugunan nito ang inaasahang karagdagang pangangailangan (demand) kapag nakabwelo na ang mga proyekto. Pahuhusayin din ang pagpoproseso at pagpepreserba ng pagkain.

Sa paglarga ng CALABARZON tiyak na lalaki ang industrial waste, air and water pollution at iba pang negatibong epekto sa kalikasan. Pinalala pa ito ng katotohanang karamihan sa pabrikang itatayo ay yaong matagal nang ipinagbabawal sa ibang bansa bunga na napatunayang mapanirang epekto nito sa ekolohiya. Bilang reaksyon sa protesta ng mamamayan, may nakahanay na plano para sa reporestrasyon, mahigpit na pagpapatupad

ng mga patakaran sa anti-polusyon, pagpapalagnap ng kaalaman sa proteksyon ng ekolohiya at iba pa. Gustong pagtakpan ng imperyalismong Hapon ang kanilang responsibilidad sa pagtatambak sa bansa ng mga industriyang malakas makasira sa ekolohiya.

**Ang Ating Paninindigan sa CALABARZON**

Ang proyektong ito ay pagpapatuloy lamang ng dati ng programang pangkaunlaran ng rehimeng US-Marcos. Kung tutuusin mas malaking pondo at malawak ang saklaw sa dating masterplan na naglalaman ng pagpapaunlad sa 11 mayor na industriya sa ekonomiya ng bansa. Bukod sa mas maraming proyektong imprastraktura, sinaklaw din nito ang pagpapaunlad sa mahahalagang industriya ng bakal, petrochemicals at iba pa.

Mahirap magkaroon ng tunay na programang pangkaunlaran hanggang hindi nalulutas ang pundamental na suliranin ng mamamayan. Walang industriyalisasyong magaganap kung hindi magkakaroon ng tunay na reporma sa lupa na siyang magpapalaya sa uring magsasaka mula sa pyudal at malapyudal na pagsasamantala.

Hindi rin magkakaroon ng pambansang industriyalisasyon hanggang hindi napapaunlad ang mga saligang industriya sa ekonomiya, hangga't ang minamanupaktura ng mga industrial estates ay semi-processed na produkto na pangunahing pang-eksport at mababa ang presyo sa pandaigdigang kalakaran, hanggat pangunahing umaasa tayo sa dayuhang kapital at dayuhang utang mula sa mga imperyalistang bansa.

Ang proyektong CALABARZON ay taliwas sa lahat ng nabanggit nitong layunin. Sa halip na lutasin nito ang mga suliranin ng sambayanang Pilipino, pinatitigas lamang ng proyekto ang imperyalistang kontrol sa ekonomiya ng bansa. Naglilingkod ito sa interes ng dayuhang kapitalista at mga lokal na naghaharing uring malaking burges-kumprador at panginoong maylupa.

Interesado ang mga pambansa at lokal na burukrata sa maagap na implementasyon ng proyekto habang sila pa ang nanunungkulan. Malinaw na gagamitin na naman nilang itong malaking gatasan ng pondo.

Ang mga lokal na pamahalaan ay nagbalangkas ng sarili nilang ilang taong programang pangkaunlaran. Nais nilang isakay sa proyektong CALABARZON ang matagal na nilang programa sa imprastraktura at mga industriya sa pagnanais na makakakuha sila ng mas malaking bahagdan sa pondo mula sa pambansang gobyerno. Siyempre sa pagtatayo ng dagdag na empresa, tiyak na lalaki ang makokolektang buwis bukod sa iba pang anyo ng pangungurakot.

Upang lalong makaakit ng dayuhang puhunan, nagpapanukala ang mga lokal na gubyerno laluna sa Cavite ng patakarang No Union No Strike (NUNS) sa mga industrial estates. Gusto pa nilang ipagkait ang mga saligang karapatan sa unyonismo na matagal nang naipanalo ng uring manggagawa. Matindi rin ang pagsasamantala dahil ang mga bubuksang pabrika ay labor-intensive at semi-processed ang produkto. Ang proyekto ay anti-mamamayan dahil maraming negatibong epektong binubunga sa ngalan ng kaunlaran.

Pinabibilis ng proyekto ang malawakang pagpapalit-gamit sa mga pangunahing lupaing agrikultural para sa gamit industriyal, residensyal at komersyal. Sa ngayon 15,557 ektarayang lupain agrikultural ang napalitan na ang gamit kung saan 8,000 pamilya ang naapektuhan. Nirerebisa rin ng mga lokal na gobyerno ang sonang munisipal upang makinabang sa papataas na presyo ng lupa. Tiyak na bababa ang produksyong agrikultural sa rehiyon laluna ang palay.

Sa pagpapalit-gamit sa tubig ng Lawang Laguna, babaha ang mga komunidad sa paligid nito. Ang suliranin sa polusyon ng lawa ay umabot na sa kritikal na proporsyon.

Dati 25 klaseng isda at 13 aquatic plants ang matatagpuan sa lawa ngayon 6 klaseng isda at 2 klaseng aquatic plants na lamang ang natitira. Marami rin ang mawawalan ng tirahan sa pagpapalubog sa pitong baryo ng Rizal sa proyektong Kaliwa-Kanan Dam.

Malaking bilang ng populasyon ang sapilitang pinalilikas para sa konstruksyon ng mga imprastraktura. Sinisimulan na ang relokasyon sa mga mangingisda at maralitang komunidad sa mga tabing-lawa ng Laguna, eryang kostal sa Cavite at ang komunidad ng Sta. Clara, Batangas City. Tinatayang aabot sa 80,000 mamamayan ang tuwirang apektado.

Gagawin ng proyekto na mas malala ang problema sa ekolohiya sa rehiyon. Ang mga industriyang itatayo ay napatunayan nang heavy pollutants. Sa katunayan ito ang mga industriyang tinatanggihan sa ibang bansa kaya dito na lamang tinatambak na walang pagsaalang-alang sa pangmatagalang epekto sa mamamayan at sa kalupaan. Lalong sisirain nito ang sistemang ekolohiya sa rehiyon.

Kaya sa kabuuan, sa halip na kaunlaran para sa rehiyon at bansa, higit pang patitibayin ng proyektong CALABARZON ang kolonyal na sistema ng kalakalan, lubos na pagsandig sa dayuhang kapital at utang at mas matinding pagsasamantala at panunupil sa mamamayan ng Timog Katagalugan.

Bukod sa engrandeng proyektong CALABARZON na tinalakay sa unahan, may iba pang proyektong “pangkaunlaran” na pinakukulo ang gobyerno sa isang tiyak na saklaw na teritoryo tulad ng Bondoc Peninsula. Sa kasalukuyan ay may isinusulong ditong proyektong tinaguriang Bondoc Development Program (BDP).

## B. Ang Bondoc Development Plan (BPP)

### Maikling Kasaysayan ng BDP

Noong 1975 ang pamahalaang panlalawigan ng Quezon at ang UPLB ay bumalangkas ng isang proyekto na inisponsor ng United States Agency for International Development (USAID). Tinawag nila itong Integrated Rural and Agricultural

Development Program (IRADP). Ginawang lunsaran nito ang tatlong bayan ng Bondoc Peninsula (Padre Burgos, Agdangan at Unisan). Noong 1978, ang programang ito ay pinalawak sa buong BP at tinawag na Bondoc Integrated Development Program (BIDP).Kaya sinaklaw na ng implementasyon nito, bukod sa tatlong bayang nabanggit, ang mga bayan ng Pitogo, Macalelon, General Luna, Catanauan, Mulanay, San Narciso,San Francisco at San Andres. Nahinto ito noong 1982 dahilan sa di maayos na takbo ng programa. Nang gawing priority program ito ng gobyerno sa mga sumunod na taon, isinama ito sa National Council of Integrated Area Development Project (NCIADP). Gayunman, muli itong nabigong tuloy-tuloy na maisakatuparan dahil sa naganap na matinding krisis sa ekonomya at pulitika matapos ang asasinasyon kay Ninoy Aquino.

Noong June, 1986 ang German Federal Ministry for Economic Cooperation (BMZ) sa isang pulong sa harap ng mga Pilipinong mamamahayag ay nagpakita ng interes na taasan ang taunang ayuda sa Pilipinas bilang ”modelong bansa” na kung saan ang mga Non-Governmental Organizations (NGO’s) ay may mahalagang papel sa mga proyektong inaayudahan ng Germany.

Kaugnay nito, noong 1987, ang isa sa mga proyekto na nakalinya ng rehimeng Aquino sa pamamagitan ng financial at technical cooperation na kasunduan sa pagitan ng RP at FRG ay ang Bondoc Peninsula Integrated Development Project. Pinalitan ang pangalan ng proyekto bilangIntegrated Development Project in Bondoc Peninsula (IDPBP). Noong 1988, ang proyektong ito ay isa sa mga Integrated Area Development (IAD) na planong isama at bigyang pansin sa Medium-Term Southern Tagalog Development Plan para sa 1987-92.

Ang proyekto ay nakatuon sa road infrastructure at ang kaugnayan at implikasyon nito sa counter-insurgency operation sa BP ay nagbukas ng maraming kritisismo sa Pilipinas at Alemanya laban sa proyekto. Sa katunayan, bago maaprubahan

FRG ang proyekto, ito muna ay inialok sa gobyernong Hapon at Australyano. Tinanggihan ito ng dalawang bansa. Ang kinatawan ng Australian government ay nagpahayag na ang proyekto ay gagamitin lamang instrumento sa military operations. Isang katotohanan na nababanggit din ng Kalihim sa Depensa at Chief-of-Staff ng AFP noong panahong yaon.

Noong Oct. 3, 1988, ang direktor ng NEDA na si Solita Monsod ay bumisita sa Bonn, West Germany at nakipagkita sa German Minister for Economics Cooperation na si Hans Klein para sa pagpipinal ng kasunduan sa proyekto. Dahil sa matinding oposisyong ipinakita ng mga mamamayan ng BP at ng mga progresibo't rebolusyonaryong organisasyon sa lugar na sinuportahan naman ng German media at mga grupong solidaridad sa Alemanya isinaalang-alang ng BMZ ang kahilingan ng oposisyon na sa mga proyektong sosyo-ekonomiko itutok ang proyekto. Kaugnay nito, nagpadala ang BMZ ng mga ekspertong Aleman sa BP.

Noong 1989, isang independyenteng German Mission na pinamumunuan ni Martha Mamozai, ang gumawa ng pagsusuri sa proyekto. Batay sa naging resulta ng kanilang pagsusuri inirekomenda ng Mission na huwag ituloy ang proyekto. At kung sakali't itutuloy ito, kinakailangang ibatay ito sa tatlong criteria: ang pagsasakatuparan ng repormang agraryo sa lugar; ang pangangalaga sa karapatang pantao ng mga mamamayan doon at ang pagtiyak ng tunay na partisipasyon ng mga grass roots organisations.

Ang report ni Mamozai ay nagdulot ng debate sa loob ng Gesellschaft fuer Technische Zusammenarbeit (GTZ) na responsable para sa technical cooperation at sa German Embassy. Noong June 19,1989 ang bagong tayong Interim Committee para sa IDPBP ay nagrekomendang pansamantalang ihinto ang proyekto. Sa halip ay maglunsad muna ng isang Fact Finding Mission (FFM) sa BP na lalahukan ng mga NGO's. Ang resulta nitoang pagbabatayan kung itutuloy pa o hindi na ang proyekto. Subalit ang rekomendasyong ito ay

di pinagbigyan at nagdesisyon na lamang ang BMZ Minister Jurden Warloke na ituloy na ang proyekto, mayroon man o walang pagtutol dito. Ang desisyong ito ay ginawa kaugnay ng pagbisita ni Aquino sa germany noong July, 1989.

Matapos ang dalawang taong mahabang negosasyon at sa gitna ng matinding oposisyon, ang proyekto ay pormal na pinagkasunduang isagawa noong Enero 31, 1990. Ipinadala ng GTZ si Heinz Smith para isaayos ang implementasyon ng proyekto. May panahong dinala ni Smith ang posisyon ng oposisyon na hindi maaaring ipatupad ang proyekto kung hindi matutupad ang mga sumusunod na criteria: naipatupad na ang isang tunay na reporma sa lupa, umiiral na ang peace & order at matitiyak na ang mga tunay na organisasyon ng mamamayan ang makikinabang. Sa bandang huli, ay bumigay na siya sa presyur ng mga militar at mga lokal na burukrata upang ituloy na ang implementasyon ng proyekto kahit wala isa man lang sa mga criteria ang matupad. Sa katunayan ang mga kabaligtaran pa nga ng mga nasabing criteria ang naganap. Walang naganap na tunay na reporma sa lupa sa BP. Nagpatuloy ang militarisasyon at ang mga itinayong organisasyon ng mga lokal na naghaharing uri at lokal na burukrata ang nakikinabang sa proye kto. Sa kasalukuyan, pinangalanan na itong, Bondoc Development Program (BDP).

## Ang Katangian, Layunin at Salaping Nakalaan sa Proyekto

Ayon sa binabanggit ng gobyerno ang BDP daw ay isang pangmatagalang (10 hanggang 15 taon) multi-sektoral na rural development project. Pangkalahatang layunin nito ang diumano’y pagpapaunlad ng pang-ekonomya, panlipunan at pang-ekolohiyang kalagayan sa BP.

Para makamit ang nabanggit na layunin, ang sumusunod na resulta ang kinakailangang kamtin:

a. May sariling kakayahan para patuloy na umunlad;

b. Ang pang-agrikulturang produktibidad at marketing ay umunlad;

k. Serbisyo sa kalusugan, edukasyon, kasama na ang drinking water supply ay umunlad; at

d. Ang mga target na grupo ay nakaposisyon na para sa tuluy-tuloy at may kakayahang magsarili para sa integrated development.

Ang pangunahing target na grupo na tinukoy ay ang mahihirap sa kanayunan ng BP. Ang mga ito ay ang mga manggagawang bukid, mga mangingisda, maliliit na negosyante, mga manggagawa sa plantasyon, out-of-school na kabataan, at maliliit na may-ari ng lupa.

Ang kabuuang halaga ng proyektong ito ay tinatayang DM 28.7 milyon. Ito ay bilang grant o official development assistance (ODA) ng FRG na katumbas ng 85% ng kabuuang gugugulin sa proyekto. Ang 15% ng kabuuang halaga ay kailangang palitawin ng Gobyernong Pilipino para itapat sa nasabing ODA na gagamitin para tustusan ang mga lokal na istap ng management office. Sa unang tatlong taon ng BDP, umabot sa 72 milyong piso ang ipinangako ng FRG.

**Ang Pagsasakatuparan ng Programa**

Alinsunod sa itinakdang disenyo ng proyekto, ang pagpapatupad ng programa nito ay may dalawang yugto: Ang yugto ng oryentasyon at ang yugto ng pagpapatupad. Ang unang yugto ay may layuning diumano'y maihanda ang pamayanan upang maging mulat, organisado at kumikilos sa larangan ng pulitika, ekonomya at iba pang aspeto ng lipunan. Ang ikalawa naman ay may layuning diumano'y maisakatuparan ang paglulunsad at pagpapatakbo ng mga proyektong tinukoy ng tao.

Ang BDP ay ipinapatupad sa 12 munisipyo ng Bondoc Peninsula na siyang bumubuo ng ikatlong distrito ng Quezon. Nagsisimula sa kasalukuyan ang BDP sa 39 na barangay dito.

Ang pagpapatakbo nito ay pinangangatawanan ng tatlong sektor: ang sektor ng pamahalaan, ang sektor NGO at ang sektor ng mga diumano'y people's organisation. Ang tatlong sektor na ito ang siya ring bumubuo ng Bondoc Development Board (BDB). Ang BDB ang nagpapatupad ng programang BDP. Ito ang bumabalangkas ng mga patakarang gumagabay sa pagpapatakbo ng proyekto. Labingwalo lahat ang mga kasapi nito: siyam na kinatawan ng sektor ng pamahalaan at siyam din na kinatawan naman ng sektor NGO at PO. Ang gobernador ng Quezon ang siyang namumuno nito bilang tagapangulo.

Ang sektor ng pamahalaan ay binubuo ng punong bayan ng Mulanay at Macalelon, kinatawan ng ikatlong distrito ng Quezon, mga ahensya ng gobyerno tulad ng DECS, DOH, DENR, DOA, DAR at NEDA. Ang sektor NGO naman ay bunubuo ng Center for Community Services (CCS),Coconut Farmers Federation for Rural Advancement (COFFRA), Coconut Farmers Technology Center (CFTC), Quezon Federation and Union of Cooperatives (QFUCI), Samahan ng Malayang Kababaihan (SAMAKA) at Ugnayan ng Magsasaka sa Quezon (UGMA). Mapapansing dominado ng mga institusyon at organisasyon ng mga SOCDEM at mga lokal na burukrata ang sektor NGO. walang masasabing tunay na people's organisation (PO) na umuupo sa BDB. Ginagamit lang nila ang pangalan ng isang tunay na institusyong naglilingkod sa mga magsasaka tulad ng Center for Ecumenical Development Action and Research (CEDAR) para palitawing naglilingkod ang BDP sa mga magsasaka.

Ang nagpapatupad ng mga tungkulin at gawain ng BDP ay ang Project Management Unit na may tanggapan sa Catanauan, Quezon. Ang namumuno nito ay ang Project

Director. Sinusuportahan ito sa kasalukuyan ng isang Project Officer na kumakatawan sa bansang Germany. Ang Community Affairs Officer (CAO) ang siya namang nagpaparating ng programa sa mga mamamayan.

**Ang Ating Paninindigan sa BDP**

Malinaw na ang BDP ay hindi isang tunay na proyektong pangkaunlaran para hanguin sa kahirapan ang mamamayan ng Bondoc Peninsula. Ito ay isang mapanlinlang na proyekto upang ilayo ang puso't damdamin ng mamamayan sa rebolusyonaryong kilusan. Isang proyektong bahagi ng patakarang total war ng rehimeng US-Ramos. Bahagi ito ng sinasabi ng rehimeng komprehensibong lapit para durugin ang rebolusyonaryong kilusan na matagal nang itinataguyod ng mga mamamayan ng BP.

Ang paggawa ng mga kalsada't tulay na bahagi ng proyekto ay magsisilbi pangunahin na para sa mabilis na mobilidad ng mga tropa ng AFP at PNP na desperadong naghahangad na mawasak ang rebolusyonaryong kilusan sa BP. Malaki ang magiging pakinabang dito ng mga lokal na naghaharing uri na siyang nagmamay-ari ng malalaking lupain sa BP. Sila ang mga may produktong nangangailangan ng kalsada para sa masa mabilis na pagluluwas ng kanilang mga produkto.

Ang sosyo-ekonomikong nilalaman ng proyekto ay bahagi ng taktikang clear-hold-consolidate/develop ng AFP/PNP sa balangkas ng istratehiyang gradual constriction. Ito ang inaasahang magbibigay ng mga mapanlinlang na proyektong, kalimita'y ningas-cogon at patay-sindi para maipantakip sa mahabang rekord ng pasistang pandarahas o paglabag sa karapatang pantao ng mga tropang militar ng AFP/PNP.

Bukod sa nasabing tunay na katangian ng proyekto, ginagawa ito ngayong gatasan ng mga masisibang lokal na burukrata para sa sariling pagpapayaman. Ang salamangkang ginagawa ng mga lokal na burukrata ay ang pagtatayo ng mga kanya-kanyang huwad na people's organisations at dito itsinatsanel ang mga pondong gusto nilang masikwat mula

sa proyekto. Kaya iyong binabanggit na target na grupo na diumano'y layuning hahanguin sa kahirapan ng programa ay sa papel lamang. Kanya-kanyang hokus-pokus ang mga lokal na burukrata para makorner ang malaking bahagi ng pondo papunta sa kanilang mga sariling bulsa. Sa ganito , payayamanin ng programa ang dati ng mga mayayaman at lalo namang pahihirapan ang dati ng mahihirap. Pansining kailangang magpalitaw ang gobyerno ng 15% pantapat sa 85% ODA ng FRG. Saan nila pipigain ang 15% ito, kundi sa kakarampot na kita ng nakararaming mamamayan sa pamamagitan ng huwis. Hindi katakatakang nagiging isyu sa labanang elektoral ng mga lokal na pulitiko ang katiwaliang nagaganap kaugnay ng pondo ng BDP. Magpapatuloy ang pagiging mainit na isyu nito sa mga idaraos pang mga lokal na halalan hangga't di pa nauubos ang lahat ng pondo ng BDP.

Sa ganito, walang patutunguhan ang BDP kundi sa tiyak na kabiguan, tulad ng mga pinagsimulang proyekto nito mula pa noong panahon ng diktadurang Marcos. Hindi mababago ng simpleng pagpapalit ng pangalan at ng mga naangangasiwa sa proyekto ang padron na ito.

Walang magaganap na kaunlaran sa ilalim ng BDP hangga't di naisasakatuparan ang tunay na reporma sa lupa na siyang makakalutas sa dataon ng suliranin ng mga mamamayan ng BP. walang magaganap na kaunlaran sa BDP hangga't di tumitigil ang pasistang pandarahas ng AFP/PNP at di binibigyang laya ang kagustuhan ng mga mamamayan na mag-organisa at sama-samang kumilos para sa kanilang kapakanan.

Batay sa ganitong katangian ng BDP at sa kalagayang patuloy na pinahihirapan ang mga mamamayan ng BP sa ilalim ng nasabing programa, mariin nating tinututulan ang programang ito. Kailangang mailantad natin ang mapanlinlang na katangian ng proyekto. Sa paglalantad ng mapanlinlang na katangian nito, kinakailangang malinaw na hindi tayo tutol sa kaunlaran. Tanggap natin ang anumang programang pangkaunlaran basta't ito'y malinaw na magsisilbi sa interes ng nakakaraming mamamayan at hindi sa iilang naghaharing uri.

Kinakailangang idiin natin na ang makakalutas sa kahirapan ng mamamayan ng BP ay ang pagsasakatuparan ng isang tunay na reporma sa lupa , ang pagpapahinto ng militarisasyon sa lugar at ang pagbibigay kalayaan sa mga mamamayan na mag-organisa at kumilos para sa sarili nilang kapakanan. Hindi nila kailangan ang huwad na proyektong pangkaunlaran na parang isang kendi ibinibigay sa isang batang umiiyak at gustong patahanin. Ang nais nila'y isang tunay proyektong pangkaunlaran na nakasalalay sa mapagpasyang pagpawi ng mga pyudal at malapyudal na pagsasamantala ng mga panginooong maylupa at malaking burgesyang komprador.

Tinututulan natin ang BDP sa kalagayang wala itong maidudulot na kabutihan sa nakakaraming mamamayan ng BP. Bagkus, tulad na nga ng nabanggit pinagsisilbihan lang nito ang iilang panginoong maylupa at burgesyang komprador. Mga lokal na naghaharing uri na siyang nagpapahirap sa mga mamamayan ng BP na karamiha'y mga magsasaka at manggagawang bukid. Mga mamamayang patuloy sa pagpapatulo ng pawis para lamang pagpasasaan ang kanilang mga aning produkto ng mga masisibang mga PML at malaking burgesya-komprador na nagmamay-ari ng kanilang mga lupang binubungkal. Magsisilbi din ang programa sa mga inilulunsad na Kontrainsurhensyang operasyon ng mga militar na sa karanasan ay lalong nagdudulot ng ibayong pagpapahirap at pasakit sa mga mamamayan ng BP. Karamihan sa mga pamilya sa BP ay nakaranas ng iba't ibang klase ng pasistang pagmamalupit ng mga militar. Mula sa simpleng pananakot hanggang sa pagdakip at pagdetine, pagdukot at pagpatay sa kanila. Ganoondin ang pangagahasa sa kanilang mga kababaihan at ang paninira sa kanilang mga pananim at pagsunog sa kanilang mga bahay at ari-arian.

May ilan na tayong nakamit na tagumpay sa mga naunang kampanyang inilunsad para tutulan ang pagsasakatuparan ng proyekto.Napagtagumpayan nating mailantad ang mapanlinlang na katangian ng proyekto hindi lamang dito sa BP at sa bansa kundi maging sa Alemanya. Sa tulong ng mga nakikiisang mamamayang Aleman, dinala ng German media ang isyung ito. Humantong sa German Parliament ang usapin at noong

October, 1988 napilitang ipatigil ng BMZ ang 75% nilalaman ng proyekto na nakatutok sa paggawa ng mga kalsada at tulay. Napilitan silang itutok sa mga proyektong sosyo-ekonomiko ang programa. Gayunman, siempre madali namang napangibabawan ito ng rehimen. Sa ibang ODA na lang nila kinuha ang pondo para sa pagpapatuloy ng paggawa ng mga tulay at kalsada. May impormasyon tayong nakuha na ang pondong ginagamit na ngayon dito ay mula na sa Hapon sa pamamagitan ng JICA na siyang pangunahing nagpopondo sa proyektong CALABARZON.

Ang panimula nating nakamit na tagumpay ay kailangang maipagtuloy para mabisang mailantad at matutulan ang huwad na proyektong BDP.

**K. Ang Proyektong NIPAS-MHNP sa Mindoro Ang National Integrated Protected Areas System (NIPAS)**

**1. Ilang Nota sa Pandaigdigang Istorikal n Konteksto**

Ang kasalukuyang National Integrated Protected Areas System (NIPAS) ay proyekto at programang pinupunduhan ng Global Environmental Facility (GEF) sa ilalim ng pamamahala ng World Bank. Pinapansin ng GEF ang mga katulad na global issues ng global climate change, biodiversity, at proteksyon ng ozone layer at international waters.

Isang malinaw na banta ang GEF sa ibayong pagpapatibay ng di pagkakapantay-pantay ng industrialisadong Hilaga at mahirap na Katimugang mga bayan sa pandaigidigang saklaw. Sa kasalukuyan, nagpapasasa ang mga industrialisadong bayan ng Hilaga sa benipisyo ng kontrol sa biotechnology at karapatan sa pag-angkin (intelectual property rights) ng ilang genetic resources, habang ang malawak na bulto ng biogenetic resources ay matatagpuan sa mga atrasadong bayan ng Katimugan.

Tinataya ng mga syentista na kalahati ng natitirang species ay nabubuhay sa mga tropical forest, na kung saan karamihan sa mga ito ay nasa mga mahihirap na bayan. Ang mga kagubatang ito ay ideal na tahanan para sa reproduction ng mga halaman nagtataglay ng mga chemical compounds na mahalaga sa debelopment ng wonder drugs. Sa nakaraang dekada, 90% ng wild seed varieties ay nakolekta sa ikatlong daigdig, ayon sa mga ecologists ng UN.

Habang bigo at ipinagkakait nitong ipatupad ang mga hakbanging na nagtitiyak ng pagsasanay at paglilipat ng teknolohiya, pagrereporma ng kasalukuyang pag-aaring intelektwal ng mga rehimen, at ang pagbibigay ng kumpensasyon at iskemang royalty para mahayaan ang mga bayan sa Katimugan na magbenipisyo sa sarili nilang rekursong biogenetic, ang GEF-at ang WB — ay umiiwas na magkaroon ng pagkakapantay-pantay ng mga relasyong ekonomiko sa pagitan ng mga industrialisadong bansang Hilaga at Katimugang mga bayang nagdarahop. Salaminan lamang ito na ang kasalukuyang pandaigdigang krisis sa kapaligiran (global environmental krisis) ay inianak lamang ng pandaigdigang di pagkakapantay-pantay sa ekonomya sa pagitan ng mga estado.

Habang ipinakita ng kolonyal na yugto ng kasaysayan ng daigdig ang kombersyon ng mga kolonyang bansa bilang halamanan, plantasyon at pamilihan ng mga mananakop, ang kasalukuyang yugto ay maaaring tingnan na kumbersyon ng Katimugang mga bayan bilang greenhouses, pharmacies at pamilihan para sa mga industrialisadong bansang Hilaga.

## 2. Maikling Pagbabalik-Tanaw sa NIPAS

Ang NIPAS ay ipinapalagay na isang hakbangin para protektahan ang lokal na biodiversity sa pamamagitan ng pagtatatag ng isang sistema ng mga pinoprotektahang erya na pinamamahalaan para "tiyaking mailalaan

sa sambayanang Pilipino ng kasalukuyan at hinaharap na mga henerasyon ang walang taning na pag-iral ng lahat na mga katutubong halaman at hayop" (RA 7586, sec. 2).

Sa layuning ito, ang lahat na parke, refuges, sanctuaries, wilderness areas, reserves, watersheds, landmarks at virgin forests ay ikaklasipika bilang inisyal na bahagi ng NIPAS (RA 7586, sec. 5a). Matapos nito, isusunod ang isang proseso ng dokumentasyon, konsultasyon, pananaliksik at pagbabalik-aral, proklamasyon at lehislasyon (RA 7586, sec. 5; DAO 25, sec. 3). Ang mga eryang papasa ang mga rekursong bio-genetic ay ipoproklama at isasabatas na protektadong lugar.

Ang mga pinuprotektahang eryang ito ay may iba't-ibang tipo: (1) strict nature reserve, (2) natural park, (3) natural monument, (4) wildlife sanctuary, (5) protected landscapes and seascapes, (6) resource reserve, at (7) natural biotic areas (RA 7586, sec. 3).

Sa loob ng mga eryang ito, depende sa katangian ng sayt, ipatutupad ang isang sistema ng pagsosona (system of zoning) para itaguyod ang partikular na tipo ng gamit. Ang mga sonang ito ay ang mga sumusunod: (1) strict protection zones, (2) sustainable use zones, (3) restoration zones, (4) habitat management zones, (5) multiple use zones, (6) buffer zones, (7) cultural zones, (8) recreational zones, (9) special use zones, at (10) iba pang management zones o sona para sa pamamahala (DAO 25, sec. 10).

Ipatutupad din ang 2 suson ng sistema ng pamamahala sa pambansa at itataguyod ang sistemang rehiyonal (DAO 25, sec. 7). Bawat lugar ay pamamahalaan ng isang Protected Area Management Board (RA 7586, sec. 11; DAO 25, Chapter V), na bubuuin ng (1) Regional Executive Director, (2) isang kinatawan ng autonomous regional government, kapag ipinapahintulot, (3) Provincial Development Officer, (4) isang kinatawan sa bawat munisipal, baranggay at tribal na komunidad sa saklaw, at (5) 3 kinatawan mula

sa mga NGO, at kung kinakailangan, (6) isang kinatawan mula sa iba pang departamento o pambansang ahensya ng gubyerno.

Gagabayan ang pamamahala ng Republic Act No. 7586 (1992), Department Administrative Order No. 25, series of 1992, at ang Management Plan at Management Manual, na ispesipiko sa bawat sayt (DAO 25, secs. 11 at 12).

**Mangyan Heritage Nature Park (MHNP o Pamanang Liwasang Likas ng Mangyan)**

Ang Mangyan Heritage Nature Park (MHNP) ay isang proyektong pangkalikasan sa Mindoro ng DENR. Bahagi ito ng mas malawak na proyekto na tinatawag na National Protected Areas System o NIPAS. Nakatoon ang proyektong ito para pangalagaan ang local biodiversity (pagkakaiba-ibang buhay).

Pormal na sinimulan ang pananaliksik sa NIPAS noong 1986 sa pamamagitan ng proyektong pinopunduhan ng World Wildlife Fund (WWF). Natapos ang pananaliksik noong 1988 at ang resulta ay nakapaloob sa ulat na isinumite sa DENR at WWF. Naglalaman ang ulat ng listahan ng mapa ng mga potensyal na pangangailangang pook at ang antas ng kahalagahan ng bawat isa.

Sampu ang napiling pook na mapapaloob sa NIPAS. Ang dalawa rito ay matatagpuan sa Mindoro: ang MHNP at Apo Reef Marine Natural Park. Ang kabuuang lawak ng sampung pangalagaang pook ay umaabot sa 1,251,884 ektarya.

Dalawampung milyong dolyar ($20 M) ang tinatayang gagastusin para sa implementasyon ng NIPAS. Puponduhan ito ng World Bank sa pamamagitan ng Global Environmental Facility (GEF), ang institusyon ng WB na nakatalaga sa pamamahala sa mga proyektong pangkapaligiran.

Dalawa ang inilatag na kundisyon ng WB: a) kailangang maipasa ang NIPAS Bill bago mag-Hunyo 1992,

at b) dapat tanggapin ng DENR ang 10 nakahanda nang plano sa pamamahala (Management Plan) na binalangkas sa pangunguna ng WWF-US para sa 10 napiling pook.

Naisabatas ang NIPAS noong Hunyo 1, 1992 sa pamamagitan ng Batas Republika Blg. 7586 na tinaguriang Batas NIPAS ng 1992.

**2. Ano ang Imperyalistang Interes sa likod ng Proyektong Nipas?**

Ang World Bank bilang isang institusyong pinansyal na nagsisilbi at kontrolado ng mga industrialisadong bansa sa Hilaga, ay nagtitiyak sa dominasyon ng ekonomya ng mga imperyalistang bansa at patuloy na pagkontrol sa mga bansa sa Ikatlong Daigdig na pinagkukunan nila ng hilaw na materyal.

Sa pamamagitan ng NIPAS, maisisiguro ng GEF ang tuloy-tuloy na pagkakaroon ng mga yamang-buhay na siyang hilaw na materyal para sa Biogenetic Technology o Biotech na kontrolado at monopolyo ng mayayamang bansa sa Hilaga.

Ang halaga ng teknolohiyang ito, halimbawa sa agrikultura, ay ang paglikha ng mataas na kalidad ng hybrids ng mga produktong agrikultural na kapwa tutugon sa katangian bilang high yielding varieties at disease o pest resistant. Ang aplikasyon ng teknolohiyang ito ay masasalamin sa pagdevelop ng mga bagong rice varieties, patatas at iba pang pagkaing halaman. Ginagamit na rin ang teknolohiyang ito sa pag-upgrade ng lahi ng mga dairy at livestocks industries sa mga bansang kapitalista.

Ayon kay Mark Plotkin ng Conservation International, kalahati ng drugs ng America ay nagmumula sa mga likas na sustansya (natural subtances). Ilan sa mabiling anti-viral drugs ay nagmumula sa mga halamang tropikal. Kung gayon, napakahalaga ng papel ng biodiversity sa medisina. At kung walang proteksyon sa ‘panirahan’ (habitat),

maraming mahahalagang halaman ang mawawala sa mundo nang di nababatid ang kanilang halaga bago pa man mapag-aaralan.

Subalit ang mayor na isyu na siyang pinakapuso ng biotechnology ay ang pag-aari sa genetic material (intellectual property rights). Sa kasaysayan, ang mga binhi, germ plasm, at specimens ng mga indibidwal na species ay pag-aaring publiko. Sinuman ay pwedeng makinabang nito nang walang kaukulang kumpensasyon sa bansang pinagmumulan.

Halimbawa, ang rosy periwinkle, isang uri ng halamang natatagpuan lamang sa tropical rain forest ng silangang Madacascar, ang pinagmumulan ng chemical base ng droga para labanan ang childhood leukemia at Hodgkin’s disease. Subalit ang Madagascar ay nanatiling isang bansang malaganap ang pagkagutom at kawalang trabaho na walang natatanggap na kabayaran sa nasabing halaman.

Sa Pilipinas, ang forest ecosystem ay may 5,500 species ng halaman na kung saan 2,500 ay mga halamang-kahoy. Mahigit sa 90% ng mga kahoy na ito ay kabilang sa dipterocarp species, isa sa pinakamahusay na tropical hardwoods sa daigdig.

Bahagi ng mayamang rekursong genetiko ay binubuo ng 230 species ng mammals, 980 species ng ibon, 240 species ng reptiles, at 75 species ng amphibians. Kung gayon, ang ating forest ecosystem ay isang dambuhalang gene bank na kunsiderable ang pang-ekonomiko, aestitiko at syentipikong kahalagahan.

Esensyal para sa mga imperyalista ang pagkontrol sa teknolohiyang ito at ang paghawak sa mga pinagkukunan ng bio-genetic resources para tiyakin ang seguridad ng kanyang pang-ekonomikong interes sa mga bayang kolonya at mala-kolonya. Kapag kontrolado ng mga imperyalista ang biogenetic resources, magagamit niya itong sandatang pang-black mail sa mga dependyenteng bayan at masisiguro ang walang taning na

pakinabang sa mga yamang ito na matatagpuan na lamang ang malaking bulto sa mga atrasadong mga bayan.

At ang GEF? Bilang isang institusyong kontrolado at pinamamahalaan ng mga industrialisadong bansa, nagsisilbing matapat na instrumento ito upang maisiguro ang proteksyon sa biodiversity ng natitirang gubat ng mga atrasadong bansa sa Ikatlong Daigdig para sa sariling pakinabang ng biotechnology na nasa monopolyo nila. Titiyakin nito ang tuloy-tuloy na pagkakaroon ng baseng pagkukunan ng buhay na likas na materyal na kakaunti kundi man wala na sa mga industrialisadong bansa.

**3. Bakit Napili ang Mindoro sa mga Pook ng NIPAS?**

Mayaman ang Mindoro sa biodiversity resources na matatagpuan pa sa natitirang kagubatan nito. Bukod dito, hindi malala ang banta ng natural na kalamidad sa wildlife and wild-life sanctuary.

Sa inisyal na pag-iimbentaryo, naglalaman ang MHNP ng 25 uri ng mamal kasama na ang malapit nang maglahong Tamaraw, 121 uri ng ibon, 13 uri ng ahas, 20 uri ng paruparo at 67 katutubong uri ng halaman.

Ang MHNP ay may lawak na 274,917 ektarya o 27% ng kabuuang lawak ng pulo ng Mindoro. Ito ang pinakamalaki sa 10 napiling protected areas. Tatlumpu't dalawang porsyento (32%) o 86,731 ektarya ng MHNP ay damuhan, 37,149 ektarya o 14% ay pangunahing gubat, samantalang ang 11,081 ektarya o 4% ay malumot na gubat (mossy forest).

Ang MHNP ay pinalawak na liwasang pangkalikasan mula sa dalawang dati nang liwasan: ang Mt Iglit-Baco Natural Park at F. B. Harrison Game Refuge and Bird Sanctuary.

Kapag naipatupad, takdang saklawin nito ang 10 sa 15 bayan ng Oriental Mindoro (Puerto Galera, San Teodoro, Baco, Calapan, Naujan, Pinamalayan, Mansalay, Bansud, Gloria at Bongabong) at 5 sa 11 bayan ng Occidental Mindoro (Abra de Ilog, Mamburao, Sta. Cruz, Sablayan at Calintaan).

Makikita sa ibaba ang eryang saklaw kada bayan na sasaklawin ng proyekto:

Mga Bayan Lawak (ektarya)

1. Sablayan 153,923.900 2. San Teodoro 26,053.530 3. Sta. Cruz 22,230.650 4. Baco 16,365.460 5. Bongabong 13,615.460 6. Puerto Galera 9,204.272 7. Naujan 8,379.865 8. Bansud 8,263.585 9. Abra de Ilog 4,785.496 10.Gloria 4,376.328 11.Calintaan 3,340.969 12.Pinamalayan 3,071.048 13.Calapan 864.989 14.Mamburao 372.888 15.Mansalay 65.882

TOTAL 274,914.272

**4. Layunin ng MHNP**

Ayon sa DENR, ang pangkalahatang layunin ng MHNP ay ang pagtataguyod ng sustenableng pag-unlad (sustainable development) sa pamamagitan ng pangangailangan at paggamit ng mga yamang gubat sa pamamaraang hindi masisira ang biodiversity, santwaryo ng halaman at hayop at ang ecosystem. Pag-aaralan ang biodiversity sa MHNP sa pamamagitan ng pagtatala ng mga laman nito, istruktura at ginagampanang papel.

Ayon sa proyekto, may 3 pagkakategorya ng mga purok:

a. Mahigpit na Pinangangalagaang Purok (Strictly Protected Zone). Ang purok na ito'y 83% ng buong MHNP, na halos sa kabuuan ay magubat at natural pa ang kapaligiran. Hindi pahihintulutan sa purok na ito ang pagtotroso at iba pang pagkuha ng anuman sa gubat maliban sa mga pangunahing pangangailangan lamang ng mga Mangyan. Hindi pahihintulutan ang pagpasok ng mga di katutubo maliban kung pag-iimbentaryo o pananaliksik ang pakay. Sa purok na ito, ang mga Mangyan ay maninirahan sa mga itatakdang purok pampamayanang ekolohikal. Walang "pagpapaunlad" na isasagawa sa nasabing purok at wala ring mga daan at permanenteng gusali ang itatayo.

b. Pinamamahalaang Reserbasyong Purok (Managed Reserve Zone). Ang purok na ito ay 17% ng MHNP. Ang mga pasilidad na itatayo lamang dito ay daang pampatrol at akyatan, at lugar kampuhan para sa proteksyon at ekoturismo.

k. Maraming Gamit na Purok(Multiple-Use Zone). Ang purok na ito ay binubuo ng mga lugar sa labas ng hangganan ng MHNP. Magtatayo sa purok na ito ng gusali, daan, mga pangunahing pasilidad, watch tower at iba pang imprastruktura.

## Ang Ating Pagsusuri't Paninindigan sa MHNP

Ang NIPAS Law of 1992 o RA 7586 ay walang anumang banggit sa mga pamayanan ng mga katutubong mamamayan sa deklarasyon ng mga patakaran nito. Tahimik ito sa usapin ng pagkilala sa likas at katutubong karapatan nila sa pag-aari ng kanilang lupaing ninuno at lupang dominyon; kontrol, pamamahala at sariling-gamit ng mga yamang-likas sa loob ng kanilang lupang dominyon

Sa probisyon ng DAO 25, inilalahad na ang DENR ang maglalatag ng mga tuntunin at regulasyon na sasaklaw sa lupaing ninuno sa loob ng protektadong erya. Nagpapahiwatig lamang ito ng kawalan ng anumang komitment na kilalanin ang saligan at likas na karapatan sa kontrol ng mga katutubong mamamayan sa kanilang lupaing ninuno.

Sa halip na tahasang pagkilala, padadaanin sa butas ng karayom ang mga katutubong mamamayan sa paghahapag ng claim sa kanilang lupang dominyon batay sa mga tuntunin at regulasyong isinasaad ng DAO #2 na kung saan kailangang mag-aplay o kumuha ng Certificates of Ancestral Domain Claims (CADC) o/at Certificates of Ancestral Land Claims (CALC) ang mga katutubong pamayanan para lehitimong kilalanin ng gubyerno at ng reaksyunaryong batas ang kanilang karapatan sa sarili nilang lupaing ninuno at dominyon. Ang kawalan nito ay kasingkahulugan ng kawalang seguridad sa pagtigil sa mga nasabing lugar at kung gayon, ang nasabing lupain ay deklaradong lupang publiko't gubyerno at sasaklawin ng mga tuntunin at batas sang-ayon sa ganitong kategorya.

Ang MHNP at ang buong proyektong NIPAS ay ekspresyon ng imperyalistang agresyon sa natitira pa nating likas-yamang buhay (biodiversity) na nagkakanlong sa matatayog na pariralang environmentalism, ecological protection at isyu ng global warming-green house phenomenon. Binabalutan ng mga magagandang parirala at adhikaing ito ang tunay na mukha ng makauring opresyon at eksploytasyon ng imperyalismo sa mga atrasadong bayang kolonyal at malakolonyal. Tusong nagpoprodyek din ito ng maamong mukha ng imperyalismo bilang tagapagligtas ng daigdig na binabantaan ng pagkawasak sanhi ng walang habas na pang-aabuso sa paggamit ng kalikasan at modernong teknolohiyang mapangwasak sa kapaligiran. Huwag nating kalimutan na ang mga imperyalistang bansa ang tanging may pananagutan sa malawakang pagkasira ng balanse ng kalikasan at kapaligiran ng mundo. Sila ang may pananagutan sa ibinubugang lason at polusyon ng kanilang dambuhalang mga empresa at industriya na kumikitil sa pintig ng buhay ng mga lawa, karagatan at kagubatan sa sarili nilang mga hangganan at sa hangganan ng kanilang mga kolonya't malakolonya; sumisira sa ekolohiya at klima na ngayo'y takdang sumambulat bilang pandaigdigang krisis sa kapaligiran (global environmental crisis). At lahat ng ito ay dahil sa ngalan ng pagkakamal ng labis-labis na tubo na mapipiga pa sa mga bayang atrasado. Ang US, halimbawa, ay responsable sa may 25% ng kabuuang ibinubugang carbon-dioxide sa daigdig.

Ang natitirang bio-diversity resources sa mga bayang atrasado at partikular sa Pilipinas ang huling natitirang prontera para tuloy-tuloy na suhayan ang biogenetic at pharmaceutical industry ng imperyalismo para sa seguridad ng mga estratehikong pulitikal at ekonomikong interes nito.

Ang kabilang talim ng espadang ito ay humihiwa sa katutubong interes ng mga katutubong mamamayan na direktang binabantaan ang seguridad sa kabuhayan, pag-iral (existence), at likas na karapatang ariin, kontrolin at pamahalaan ang likas-yamang nasa loob ng kanilang lupang dominyon/ ninuno. Gayundin, ang mga atrasadong bayan syang pinagmumulan ng

mga yamang biogenetiko pero walang kabayaran o royalty na natatanggap sa mga pribadong kumpanyang imperyalista.

Dapat lamang ilantad, tutulan at biguin natin ang pinakahuling anyong ito ng imperyalistang agresyon. Ang mga katutubong mamamayan ay kailangang hikayating organisahin ang sariling lakas para sa sariling-pagpapasya. Kailangang tulungan silang ipaglaban ang karapatan nila sa pag-aari, kontrol at pamamahala ng kanilang lupaing ninuno sampu ng mga yamang-likas na matatagpuan dito.

## D. Ang MTADP ng Rehimeng Ramos

### Pangkalahatang Pagtanaw

Ang ating bansa ay may ekonomiyang atrasado at sa pangunahin ay agrikultural. Ang humigit-kumulang 70% ng mamamayan ay tuwiran at di-tuwirang umaasa sa agrikultura. Ang 65% nito ay nasa mga kapatagan at baybay dagat samantalang 35% naman ay nasa mga matataas na lugar (bondok o nulubunduking lugar). Mahigit kalahati (50.2% o 11.04 M) ng kabuuang lakas paggawa ay mga mababang panggitnang magsasaka, maralitang magbubukid, mangingisda, at regular at pana-panahong manggagawang bukid.

Ayon sa datos ng gobyerno, ang ambag ng agrikultura sa pambansang ekonomiya ay sangkatlo (1/3) ng Gross National Product (GNP) at 2/3 ng kita sa aksport.

Ngunit simula noong 1900’s hanggang sa kasalukuyan, ang mga patakarang pang-estado sa agrikultura ay naka-pokus sa pagpapanatili nito bilang mayor na tagalikha ng mga hilaw na materyales na kailangan upang i-eksport at kumita ng Dolyar. Ang mga produktong pang-eksport na ito ay galing sa iba’t-ibang pananim, pangingisda, at kagubatan.

Ang mga patakarang ito sa ekonomiya at partikular sa agrikultura, ay nagpapanatili ng matinding kahirapan sa mga mamamayan sa kanayunan, habang lalo namang lumalakas ang kontrol sa produksyon, pamilihan at kagamitan sa produksyon ng mga malalaking panginoong maylupa, komprador-usurero at mga dayuhang multinasyunal sa agrikultura.

Pagkatapos ng mapanalantang Green Revolution cum P.D. 27 ni Marcos at ang programa niyang Balanced Agro-Industrial Development Strategy (BAIDS), ipinalit naman ng rehimeng Aquino ang Agro-Based Industrial Development (ABID) na walang iba kundi ang ni-repaketeng programa ng una.

Ang ABID ay nasa balangkas ng proramang deregulasyon at import liberalization. Ang mga patakarang ito ang nag-alis ng buo sa mga subsidyo ng gobyerno sa produksyong agrikultura(abono, irigasyon, atbp); nagpalakas sa kontrol ng mga ng mga malalaking korporasyong dayuhan na nagmamanupaktura at nagbebenta ng mga agricultural inputs (Philphos, Chemphil-Isabela, at Atlas Fertilizer); nag-alis sa subsidyo sa presyo ng mga produktong bukid tulad ng palay na nagpalakas sa kontrol sa pamilihan ng mga malalaking komersyante-usurero (Rice Cartel); nagkait ng murang pautang-kapital sa mga maliliit na magbubukid; at, nagdulot ng krisis sa pagkain na dahilan ng pag-aangkat ng bigas.

Ang programa ng rehimeng Ramos sa agrikultura ay, kundi man pareho ng nakaraang rehimen, mas masahol pa. Ito ay masasalamin sa kanyang MTADP.

## A. Ang Medium-Term Agricultural Development Program

Ito ang programa sa agrikultura na nasa balangkas ng Philippines 2000. Ang “WORLD COMPETITIVENESS” at “PEOPLE EMPOWERMENT” ang mga konseptong nananalaytay sa buong programa.

Ang istratehiya ng MTADP ay tukuyin ang mga piling lugar sa bansa para sa produksyong agrikultural. Ang pagtatakda ng mga lugar na ito ay nakabatay sa klima, angkop na pananim (crops), at handang pamilihan para sa mga tinukoy na pananim na sa pangunahin ay pang-eksport. Ang mga suportang serbisyo ng gobyerno para sa agrikultura tulad ng irigasyon, pautang, subsidyo, teknolohiya at imprastruktura at itatambak sa mga lugar na ito na tinatawag na Key Production Areas o KPA’s.

Ibig sabihin, eengganyuhin ang produksyon ng mga piling pananim, paghahayupan o livestock at produktong pangisdaan LAMANG sa mga piling lugar kung saan mas mababa ang gastos sa produksyon at kung gayon ay mas mura ang presyo sa pandaigdigang pamilihan. Gayundin ang mga produktong agrikultural na susuportahan sa mga KPA's ay mga produktong-kalakal na mabili sa pandaigdigang pamilihan.

Ang diin ay nasa pagtataas ng produktibidad sa kanayunan. Sa lohika ng gobyerno, ang mataas na produktibidad sa agrikultura, kaakibat ng mahusay na pamamahala ng mga rekurso upang mapababa ang gastos sa produksyon, ang magtatakda ng pagiging "kompetitibo" ng mga produktong kalakal na agrikultural. Ang ibig sabihin ng "mga rekurso" ay pangunahi'y lupa, pondo at mga serbisyo't gamit sa produksyon.

Ang isang halimbawa ng "mahusay na pamamahala ng mga rekurso" ay ang plano ng rehimeng Ramos na bawasan ang lupaing tinatamnan ng palay. Ayon sa konseptong KPA, sobra ang lupaing palayan at maisan at hindi maksimisado ang gamit ng mga lupaing ito para sa produksyon. Ang 2.5 Milyon ektaryang palayan ay gagawin na lamang 1.2 Milyong ektarya; ang 2.5 Milyong ektaryang tinatamnan ng mais ay ibaba rin sa 700,000 ektarya na lamang. Ang balanse ng lupaing mababawas sa lupaing palayan at maisan na 3.1 Milyong ektarya ay gagamitin sa iba pang produksyong agrikultural. Ang 1.8 Milyong ektarya (ng 3.1 M ektarya) ay gagamitin para pastulan o pagtataniman ng mga halamang para sa bakahan at iba pang hayop, samantalang ang matitirang 1.3 Milyong ektarya ay pagtataniman ng mga pananim na komersyal (cash and commercial crops). Ayon sa pagtantya ng rehimen, ang 1.2 milyong ektaryang palayan at 700,000 ektaryang maisan ay sapat nang magpaluwal ng kinakailangang produksyon para sa pagkaing butil ng bansa.

Ang inaasahang resulta ng programa ay ang pagtaas ng kita ng mga magbubukid. Ayon sa rehimen, ang pagtaas ng kita ng mamamayan sa kanayunan ay mangangahulugan daw na sila ay mabibigyan ng kapangyarihan (empowerment). Gayundin, bahagi ng konsepto nito ang pagbibigay kapangyarihan sa mga magbubukid para sa matagumpay na pagkukumpleto ng CARP. At dito nakaangkla ang tagumpay ng KPA.

Isang ibinigay na halimbawa ng Kagawaran sa Agrikultura na ”pagbibigay kapangyarihan” sa mga magbubukid ay ang PROJECT SELF-RELIANCE. Ayon sa kanila, susuportahan ng gobyerno ang mga kooperatiba at pederasyong magbubukid upang unti-unti nilang makontrol ang mga imbakan ng palay at mais (warehouses) ng National Food Authority (NFA). Makakatulong daw ito upang magkaroon ng kontrol ang mga ”prodyuser” sa pagbebenta at pag-iimbak ng kanilang mga produkto. Ang hindi binanggit ay kung bibigyan ng gobyerno ang mga organisasyong ito ng pondo upang makapamili ng ani mula sa kanilang mga kasapi sa mas mataas na presyo.

## Mga Programa at Target sa Ilalim ng KPA

### 1. Key Grain Areas (KGA's)

Ito ang "istratehiya" sa palay at mais. Tumukoy ang gobyerno ng 1.2 Milyong ektarya sa 34 probinsya para sa intensibong produksyon ng palay, at 700,000 ektarya para sa maisan sa 17 probinsya. At ang mga KGA's ang pokus ng mga suportang serbisyo para sa produksyon ng palay at mais sa ilalim ng Grains Production Enhancement Program (GPEP).

Ang GPEP ay isang programa na naglalaman ng walong (8) pakete ng mga suportang serbisyo para sa pagtatanim, teknilohiya at pagsasapamilihan ng palay at mais. Ang target ng GPEP ay magkaroon ng sapat na produksyon ng palay at mais ang bansa para sa kanyang pangangailangan (self-sufficiency).

Sa palay, ang target ay makaani ng 3.5 metriko-tonelada (MT) kada ektarya/ani sa 750,000 ektaryang tubigan sa taong 1993 (5.5 milyong MT sa buong taon), hanggang maabot ang 5

MT/ekt./ani sa 1.2 milyong ektaryang tubigan sa taong 1998 (12 milyong MT sa buong taon).

Ang inaasahan sa taong 1993, ay malilikha ng GPEP ang 79% ng pambansang produksyon at sa taong 1998, 99% ng pambansang produksyon ng palay.

Ang target naman sa mais ng GPEP ay maka-prodyus ng 3.25 MT/ekt/ani sa 270,000 ektaryang itatalagang maisan sa 1993, hanggang maabot ang 5 MT/ekt/ani sa 700,000 ektaryang maisan sa taong 1993.

Ang GPEP ay nilaanan ng P74.3 Bilyong badyet mula 1993-1998. Sa buong 1993, ang P5.7 B badyet nito ay manggagaling sa pambansang badyet. Ang P68.6 B na para sa mga taong 1994-1998 ay kukunin mula sa pondo ng gobyerno (P29.7 B 0 43%) at ang balanseng P39 B (57%) ay manggagaling mula sa mga dayuhang tulong-ayuda (ODA).

**2. Key Livestock Development Area (KLDA)**

Ito ang kaakibat na programa ng KGA. Ang layunin nito ay i-establisa ang isang nagsasarili, produktibo at ekonomikong industriya sa hayupan at manukan (livestock and poultry). Ipapatupad ang programang ito sa 43 probinsya.

Ang target ay palakihin ang populasyon ng mga ss. na hayop sa taong 1998: Baka - 3M ulo; Kalabaw - 2.5M; Kambing at tupa - 3.4M; Baboy (Hogs) - 10.8M; at, Manok - mahigit 100M.

Upang maabot ito, plano ng gobyerno na: 1) palawakin at paunlarin ang “breeder base” (palahian) sa pamamagitan ng importasyon ng “mataas na kalidad” na mga baka para sa pagpapalaki at pangangailangan ng mga produktong “dairy”. Ang prinsipal na paraan sa pag-istablisang ito ay sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga “nucleus farms” o Stock Farm; 2) pagpapalakas sa sistema ng suporta sa produksyon sa pamamagitan ng pagtitiyak ng tuloy-tuloy na suplay ng pagkaing hayop. Sa manukan

at babuyan, ibig sabihin ay ang pagtitiyak ng sapat na suplay ng murang mais; at, 3) pagpapaunlad ng sistema ng pagsasapamilihan. Ibig sabihin, pag-engganyo ng mga pribadong pamumuhunan sa pagpoproseso at pagbebenta ng karne at mga produktong dairy.

Kailangan ng gobyerno ng P23 B upang pondihan ang programang ito mula 1993 - 1998. Ngunit hindi sinabi ng DA kung saan ito kukunin.

**3. Key Commercial Crop Areas (KCCA)**

Ang mga KCCA ay mga lugar na itatakda kung saan maaring magtanim ng mga tinatawag na cash and commercial crops para i-eksport. Ang mga lupaing itatakda ay manggagaling sa 1.3 milyong ektaryang dati'y tinatamnan ng butil na ayon sa gobyerno ay hindi produktibo. I-engganyuhin ang "pribadong puhunan" upang magtanim ng mga tinatawag na "high value-added crops" tulad ng goma, mangga, pili, kasoy, cassava (balinghoy), bulak at castor bean.

**4. Key Fisheries Development Areas**

Ayon sa DA, ang layunin ng programa ay ang pagpapaunlad ng pamamahala ng mga pangisdaan upang maitaas ang produktibidad ng sektor-pangisdaan, habang "minamaksimisa sa sustenableng antas (sustainable level) ang limitadong pangisdaan".

Tumukoy ang DA ng 12 lugar-pangisdaan (Bays) at 173,000 ektaryang lugar para sa "aquaculture" sa 27 probinsya.

May limang bahagi ang programa at ang mga ito ay popondohan sa pamamagitan ng dayuhang ayuda at pautang. Ang $82 M ay manggagaling sa Asian Development Bank (ADB), at ang $80 M ay magmumula sa Overseas Economic Cooperation Fund (OECF). Ang dalawang pandaigdigang institusyong pinansyal ay parehong kontrolado ng bansang Hapon.

## B. Ang "Agrarian Reform Communities" (ARC's)

Ang kahungkagan ng CARL ay batid ng naghaharing rehimeng U.S.- Ramos. Magkagayunpaman, sinisikap nitong gamitin ang programa't batas upang muling ibitin-bitin sa mga magbubukid at sa rebolusyonaryong pwersa. Ngunit upang mag-anyong kaakit-akit, kinakailangan niyang ipaloob sa balangkas ng NIC 2000. Kaalinsabay, nag-disenyo ito ng isang istratehiya ng pagpapatupad na naglalayong bigyan ang CARP ng isang "bagong anyo" (facelift). Ito ay sa anyo ng Agrarian Reform Communities o ARC's - ang bangkay na muling binuhay.

Ang ARC ang kakambal ng Key Productivity Areas sa repormang agraryo. Sangayon sa DAR, para "mabilis at makabuluhang mapatupad ang CARP", ang mga ARC's ay tinukoy upang dito i-pokus ang operasyon sa "land tenure improvement" (o ang pagpapabuti ng pamumusisyon sa lupa ng magsasaka) at pagbibigay ng mga suportang serbisyo. Sa mga ARC's magbibigay ng matinding interbensyon ang DAR na ang layunin diumano ay: a. itaas ang kita ng mga magsasaka; b. itaas ang kakayahan sa produksyon sa lupa at sakahan; k. at, i-promote ang sustenableng kaunlaran (sustainable development).

Ayon sa DAR, sa mga ARC nilalayong magkaroon ng "impact" ang pagpapatupad ng CARP, at magiging mga "showcases" upang ipakita ng Rehimen na "maaring magtagumpay ang repormang agraryo" sa ilalim nito; na ang repormang agraryo, "bilang isang "lahatang-panig na pagsisikap-pangkaunlaran, ay makakapagpaunlad sa kalidad ng pamumuhay, makakapagbigay-kapangyarihan, at tumutulong sa sustenableng kaunlarang agro-industriyal".

Ang ideya ng rehimen ay maging "growth points" ang mga ARC sa kanayunan. Inaasahan na ang paglago (growth) sa kabuhayan na ibubunga ng isang matagumpay na ARC ay magbibigay ng "multiplier effect" at tatagos (spill-over) sa mga kanugnog na mga lugar.

## Mga Elemento ng ARC

### 1. Lawak at Saklaw

Sa minimum, isang (1) barangay, at sa maksimum, “cluster” o grupo ng mga barangay na may “critical mass” ng mga magbubukid na magbibigay tulak sa “integrated development” sa lugar.

Ang “clustering” ay mangyayari lamang kung: (a) ang mga barangay ay magkakanugnog; (b) ang mga PO/NGO na aktibo sa isang barangay ay aktibo rin sa mga kanugnog-baryo; (k) kung may kooperatiba at ito ay nagseserbisyo sa mga katabing barangay; at, (d) sa kaso ng mga asyenda o ”estates” o iba pang pribadong lupain na “ipapamahagi” sa ilalim ng iba’t ibang paraan ng akwisisyon (CA, VOS, OLT atbp) ay sumasakop sa mahigit isang (1) baryo.

Ang susi sa lawak ay “efficiency” dahil sa paglalagak ng mga suportang serbisyo para sa pagpapatindi ng produksyon. Dapat, ayon sa DAR, ay may economy of scale.

### 2. Piloting

May 1000 ARC na tinarget ng DAR hanggang taong 2000. Sa kabuuan, may mga ARC na ang sentral na opisina ng DAR ang tumukoy at ang mga ito ang “bubuhusan” ng rekurso at suportang serbisyo ng DAR, na magmumula sa pondong ilalaan para sa CARP. Samantala, ang mga lokal na yunit ng gobyerno (local governments) ay hinayaan din na tumukoy ng kanilang mga “ARC’s”.

Sa panimula, may 264 na ARC’s sa 179 na distrito-kongresyunal sa buong bansa, na itinakda para sa buong 1993. Sa ating Rehiyon, liban sa Aurora, may tinukoy na 194 na ARC sa 10 probinsya. Ang panaginip ng rehimen sa ARC ay parang mga “nagluluningningang kulumpon ng mga bituin sa kanayunan na magdadala sa CARP tungo sa pagiging ganap ng isang masigla at maunlad na kanayunan”.

## Mga Prioridad Sa Taong 1993-1995

Ang CARP ay inaasahang matapos sa buong panahong konstitusyunal na nakaupo si Ramos. Sa taong kasalukuyan (1993) ito ay nasa yugtong 3A - ang yugto ng "pamamahagi" ng lahat ng pribadong lupaing agrikultural na mas mataas sa 24 ektarya. Ngunit hindi lingid sa kaalaman ng lahat na malayong hindi pa nito nakukumpleto ang pagpapatupad maging ng Una at Ikalawang yugto. Upang "mapabilis" ang pagkukumpleto, ang rehimen ay tumukoy ng dalawang "magkakambal na istratehiya" para sa unang 1000 araw ng paghahari ng rehimen. Ang ARC ay integral dito.

### 1. Land Tenure Improvement (LTI)

Ang Land Tenure Improvement o pagpapahusay ng katayuan sa lupa ng mga magbubukid ay ang "akwisisyon at redistribusyon" ng mga lupain. Ang target ay tapusin ang balanse ng mga lupaing pribado at publiko na dapat ipamahagi. Kasama na rito ang lahat ng lupaing nasa ilalim ng sistemang buwisan na naiwan sa mga PML.

Tinarget ng DAR para sa akwisisyon at pamamahagi ang 300,000 ektarya para sa 1992; 350,000 - 1993; 480,000 - 1994; at, 480,000 ektarya para sa 1995. Ang inaasahang bilang ng benepisyaryo ay aabot sa 400,000 magbubukid. Upang magawa ang "pagpapabilis", gagawing mas "efficient" ang burukrasya ng DAR; Pipinuhin ang mga patakaran sa pagpapatupad (implementing rules and regulations) at pagpapasimple ng mga prosesong pang-operasyon ng DAR tulad ng (a) Sarbey ng mga lupain; at, (b) Muling pagtatakda ng halaga ng mga lupain.

### 2. Program Beneficiaries Development

Ang layuning itinakda dito ng gobyerno ay "mapabilis" ang pagbibigay ng mga suportang serbisyo sa mga benepisyaryo ng reporma. May dalawang bahagi ito:

a. Social Infrastructure Building. Ito ang promosyon ng iba't ibang tipo ng organisasyong magbubukid tulad ng

mga kooperatiba, samahan ng mga kababaihan at kabataang magbubukid, samahang sosyo-kultural at iba pa;

b. Suportang Serbisyo. Pagpapadaloy ng mga esensyal na suportang serbisyo sa mga benepisyaryo ng CARP tulad ng pautang, teknikal at pisikal na input sa produksyon at pagsasapamilihan (post-harvest facilities) at iba pang pasilidad na imprastruktura.

**3. Pamamaraan at Pagpopondo**

Para sa pagpapatupad ng mga nasabing prioridad, ang estado ay nagdisenyo ng isang pamamaraan na kapareho ng mga programa ng mga ligal na institusyon o NGO. Ito ay ang tinatawag na Integrated and Area-focused Approach. Ang mga prioridad sa programa ay ipopokus sa mga tinukoy na lugar na nais "paunlarin". Ang ARC ang pinakalaman ng konseptong ito. Ang pagtutukoy ng mga ARC ay, tulad ng naunang nabanggit, batay sa katangian ng lugar (kadalasan ay ispesipiko sa bawat bayan/probinsya) at dami ng benepisyaryo. Ang mga bayan at probinsyang nasa prioridad ay itatransporma bilang "development management centers", at bibigyan ang mga ito ng prioridad sa alokasyon ng mga rekurso; at may mga ispesipikong ARC na pauunlarin sa pamamagitan ng koordinadong operasyong inter-ahensya at aktibong partisipasyon ng mga lokal na yunit ng gobyerno, nga samahang magbubukid, at mga institusyong pangkaunlaran (NGO,s).

Gayundin, ang prioridad ay ibibigay sa mga lugar kung saan organisado na ang mga magbubukid at may mga NGO na nagseserbisyo sa mga lugar. Hihimukin ng gobyerno ang mga lokal na yunit ng gobyerno (LGU's), mga samahang magbubukid at mga NGO's na magpalit ng kanilang mga prioridad at rekurso para sa mabilis na pagpapatupad ng mga programa sa kanilang mga lugar.

Upang mabilis na matapos ang mga tinakdang target sa pamamaraang idinisenyo, kailangan ng DAR ng halagang umaabot sa P149 B mula 1993 - 1998. Para sa 1993 lamang,

ang kailangan ay P8.9 B at para sa 1998, P36.3 B. Ang alokasyon ng pondo ay:

1. Akwisisyon at Distribusyon ng lupa - P128.8. Ang 94% nito (P120.7 B) ay ibabayad bilang "makatarungang kompensasyon" sa mga PML.

2. Suportang Serbisyo - P20.00 B

**MGA PAGSUSURI**

Sa KPA at ARC, ang diin ng rehimeng Ramos ay nasa pagtataas ng produktibidad ng mga "de kalidad", ngunit murang produktong agrikultural. Ang hinahabol dito ay ang pagiging "kompetitibo' ng mga ito sa pandaigdigang pamilihan para sa eksport. Ang ganitong mga programa't patakaran ay walang pinag-iba sa sagad-sagaring konserbatibong kaisipan ng mga PML, komprador at mga ahente nila sa loob ng rehimeng Aquino noong unang taon nito sa poder at nasa pambansang adyenda ang usapin ng repormang agraryo. At ito ay umaayon sa kagustuhan ng mga dayuhang korporasyong multinasyunal tulad ng American Chamber of Commerce in the Philippines.

Ang labis na pagkiling sa produktibidad ay may ilang pundamental na epekto sa masang magbubukid at sa lipunan:

1. Walang magaganap na tunay na reporma sa lupa. Maging ang implementasyon ng probisyong "pamamahagi" ng CARP ay hindi magaganap. Mananatiling nasa kamay at kontrol ng mga PML, Malalaking Komprador, Komersyante-usurero at dayuhang korporasyong multinasyunal ang mga lupaing agrikultural, agro-forest, kagubatan at mga pangisdaan.

a. Ang patakaran sa industriyalisasyong nakabatay sa eksport ang nagtulak sa pagtatayo ng mga RIC's at "growth centers". Ang mga lupaing kakailanganin para dito

ay kukunin mula sa mga lupaing agrikultural na may mataas nang produktibidad. Kombersyon ng mga lupaing agrikultural tungo sa gamit industrial, komersyal, maramihang pabahay; at, kombersyon ng mga lawa at baybaying dagat na pangisdaan para sa industriya at turismo - ito ang unang implikasyon ng patakarang “ mahusay na pamamahala” ng mga lupa at iba pang rekurso.

Simula nang umupo si Ramos, lalong pinalakas at nagdagdag pa ng mga patakaran sa kombersyon ng gamit-lupa. Walang habas na ginamit ang DOJ Opinion Blg. 44 ng 1990; ang A.O. 20 ng 1992; at ang Sek. 20 ng R.A. 7160 upang lusutan ang akwisisyon at “pamamahagi” sa ilalim ng CARP. Inamin mismo ng DAR na maraming kombersyon na hindi aprubado nito. At karamihan dito ay mga lupaing ito ay nasa mga tinukoy na RIC’s at “growth centers”. Sa CALABARZON lamang, ang DAR ay nag-ulat na noong Sept. 1992, may kabuuang 8,350 ektarya ang nakombert. Samantala, ayon sa isang ligal na Alyansang anti-CALABARZON, noong Oct. 1991, ang kabuuang lupaing agrikultural na nakombert na sa Timog Katagalugan ay umaabot na sa 15,557 ektarya.

b. Ang mga lupain ay marerekonsentra at sa aktwal ay hindi ipamamahagi dulot ng mga programang Key Livestock Devt. Areas at Key Commercial Crop Areas.

Ang KLDA ay isang programa na nangangailangan ng malalawak na lupain. Ang mga ito ay kukunin mula sa 3.1 milyong ektaryang dati’y palayan at maisan na papalitan ng gamit, bagama’t sa agrikultural pa rin. Ngunit ang mga ito ay hindi ipapailalim sa redistribusyon, bagkus pananatilihin ang konsentrasyon para sa tinatawag na ”economy of scale”. Ang pagtatayo ng mga tinatawag na “stock farms” at “grazing lands” o pastuhan ang magiging susi para sa mabilis na palahian ng baka at iba pang hayop at, upang makapagprodyus ng karne na ipoproseso ng mga korporasyong multinasyunal at pag-aari ng mga komprador.

Ang KCCA ay programa ng pag-kombert ng mga lupain tungo sa pagtatanim ng mga tinatawag na “High Value Crops”

(HVC’s). Kasama rito ang mga palaisdaan; plantasyon ng mga prutas tulad ng saging, pinya, mangga, kasoy at iba pa; plantasyon ng gulay; “cut-flower”; cacao, kape, at goma. Para sa maramihang produksyon ng mga ito, at mababa ang gastos sa produksyon, kailangan ang konsentrasyon ng malalawak na lupain.

Ang mga lupaing para sa KCCA at KLDA ay pumapasok sa kategorya na itinakda ng Sek. 11, Tsapter II ng R.A. 6657 - mga lupaing ”deferred” o pansamantalang hindi ipapasok sa pamamahagi sa loob ng sampung (10) taon. Ibig sabihin, ang “pamamahagi” ng mga ito ay lampas na sa panahong inilaan para tapusin ang CARP! Sa mga lupaing bago pa lamang magiging KLDA o KCCA naman, ang 10 taong “deferment” ay kukwentahin mula sa unang taong produktibo na ang mga pananim.

k. Ang aktwal na magkakaroon lamang ng pagkakataon at karapatan na kontrolin ang mga lupain ay ang mga dati nang asendero, mga komprador at mga dayuhang kapitalista sa agrikultura.

Ang patakaran na umakit ng mga dayuhang kapitalista maging sa agrikultura ang magpapabilis sa mga korporasyong multinasyunal na kontrolin ang mga lupain natin. Ito ay isinabatas na sa anyo ng R.A. 7652 ng 1992 na tinatawag na “Long Term Lease Act”. Sa ilalim nito ang mga korporasyong multinasyunal, at mga kasosyo nilang mga komprador na nais mamuhunan sa agrikultura ay maaaring umupa ng mga lupaing agrikultural sa loob ng 50 taon at pwede itong i-renew pa ng panibagong 25 taon. Ang mga lupaing ito ay hindi ipamamahagi sa mga manggagawang bukid o magsasakang “benepisyaryo.

d. Kung may “reporma” mang magaganap sa kanayunan, ito ay upang ilubog ang mga magbubukid sa malapyudal na pagsasamantala.

Ito ang aktwal na ibig sabihin ng “Land Tenure Improvement” sa balangkas ng ARC at CARP 2000. Kung maipapatupad ang LTI, ang mga lupain ay ipapailalim na lamang sa sistemang

buwisan, tulad ng P.D. 27. Sa mga lugar na itinakdang ARC's, buwisan (leaseholding) ang mas paiiralin at hindi pa redistribusyon. Ito ay dahil mas maliit ang pondong kakailanganin, at anumang pondo ng gobyerno ay gagamitin na lamang sa suporta sa intensipikadong produksyon.

e. Sa usapin ng kompensasyon ng mga PML, hindi na lamang ipapatupad ang dati nang iskema ng Land Valuation. Bagkus, gumawa pa ng bagong pormula ng pagtatakda ng halaga ng lupa. Sa bagong pormulang ito, tataas ang halaga ng lupa ng hanggang 50%, mula sa dating iskema na nagtakda ng napakataas na. Kung kayat malaking bulto ng ARF ay mapupunta sa mga PML. Halimbawa, sinabi ni Garilao na para sa taong 1994, kailangan ng CARP ng P6.4 B upang ipatupad ang mga tinarget para sa buong taon. Ang P4.075 B nito ay gagamitin sa pamimili at pamamahagi ng lupa. Ang 83% ng P4.075 B ay gagamitin para sa "makatarungang kompensasyon" sa mga PML.

2. Ang diin sa PRODUKTIBIDAD at ang kaukulang pagprioritisa sa paglalaan ng mga pondo ay hindi magdudulot ng tunay na pag-unlad ng mga magbubukid at sa kanayunan.

a. Sa programang ARC at KPA, hindi palalawakin ang produksyong agrikultural sa kanayunan. Ang tanging magagawa nito ay patindihin ang produksyon sa mga dati nang relatibong produktibong lupaing agrikultural.

Ang intensyon ng ARC ay ilimita ang produksyon ng pagkain sa 1.9 milyong ektaryang maiiwan na tatamnan ng pagkaing butil. Sa mga lupaing ito naman isasagad ng DAR at DA ang kanilang pondo para sa mga suportang serbisyo. Sa aktwal, ang mga lupaing ito ay napailalim na sa P.D. 27 kung kaya't wala nang pamamahagi sa balangkas ng redempsyon, ang magaganap. Sa pagnanais na itaas ang produksyon hanggang 5 MT tonelada/ektarya/anihan, ang mga magbubukid ay lalong mangangailangan ng mas malaking kapital para sa abono at pestisidyo, dahil mas magiging intensibo rin ang gamit ng mga ito. Lalaki kung gayon ang kanilang gastos sa produksyon. Gayundin sa pangangailangan ng mas malaking

kapital, lalong ilulubog ang mga magsasaka sa kuko ng mga komersyante-usurero. Liban dito, dahil sa rebalwasyon ng halaga ng lupa, ang mga magbubukid ay mapipilitang magbayad ng mas mataas na amortisasyon at upa sa lupa kaysa dati, kung ayaw nilang sila'y mapalayas sa kanilang mga sakahan.

Dulot din ng rebalwasyon ng mga lupaing ito, nakakaranas na ang mga magsasaka na kinukumpiska ng mga dating PML at Land Bank ang mga certificate of land transfer (CLT's) at Emancipation Patent (EP's) - mga dokumentong patunay na sila ay nagbabayad ng kanilang mga amortisasyon tungo sa ebentwal na pagmamay-ari.

b. Palalakasin din ang kontrol ng mga asendero-komersyante- usurero (AKU) sa pagsasapamilihan ng mga pagkaing butil, dahil sa pagkawala ng subsidyo sa pamimili ng palay at mais.

Ang plano ng GPEP na ibigay sa "kontrol" ng mga organisasyong magbubukid ang National Food Authority (NFA) ay lalong magbibigay ng malakas na kontrol sa pagsasapamilihan ng bigas. Ang GPEP ay may tantyang badyet na P74.3 B para sa buong 1993-1998. Ang pondong inilalaan mula dito para sa pamimili ng palay ay P12 B o 16% lamang o halos P2.4 B kada taon. Ito ay inaasahang komontrol sa 6% ng suplay ng bigas sa bansa (ibig sabihin, ang 94% ay nasa kamay pa ng Rice Cartel). Kung ihahambing sa taong 1990, ang badyet sa pamimili ng NFA ay mahigit P1.0 B lamang at ito ay sapat upang kontrolin ang ilang linggong suplay ng bigas sa bansa (3%). Ngunit sa taong 1990 na ang populasyon ay 61.48M at may arawang pangangailangan sa bigas na 16,680 MT, kailangan ng NFA ng P14 B na badyet sa pamimili upang tiyakin ang 90-araw na suplay ng bigas sa buong bansa sa presyong P6.00/kilo ng palay! Ano ang magagawang tulong ng P16 B sa loob ng 5 taon?

Kahit ang credit support ng GPEP (P15.9 B para sa buong panahon ng programa) ay ipautang ng buo sa mga

organisasyong magbubukid, hindi pa ito sapat upang pangasiwaan nila ang NFA at magkaroon ng kahit 25% kontrol ng suplay ng bigas, upang tiyakin ang murang pagkaing butil para sa mga mamamayan, laluna sa mga kalunsuran.

3. Wala ring maaasahan ang mga manggagawang bukid sa mga programang ito. Bagama't may tendensyang paparami sa bilang, pababa naman ang kanilang sahod at walang suporta ang rehimen na nakalaan para sa kanila. Liban pa, halos isinaisantabi na sila ng CARP.

Sa KPA-ARC, lalawak ang ekonomyang plantasyon. Maraming maralita at maging panggitnang magsasaka ang babagsak sa pagiging mga manggagawang bukid dahil sa rekonsentrasyon ng mga lupain, pagkabangkrap dulot ng mataas na gastos sa produksyon at mababang presyo ng produkto, at pagpapatalsik sa kanila dulot ng mga kombersyon. Ngunit sa kabila nito, ang rehimen ay walang programang nakalaan para sa kanila. Ang sahod nila ay pananatilihing mababa upang umakit ng mga korporasyong multinasyunal sa sakahan, habang hindi naman sila kayang saluhin ng mga industriyang pang-eksport.

4. Ang mga programang KPA-ARC ay magdudulot ng krisis sa pagkain. Una na rito ay ang pagbawas ng mga lupaing tinatamnan ng pagkaing butil, upang ikombert. Ngunit ang masahol pa ay ang kawalan ng murang pagkaing butil ng mamamayan dahil sa kontrol ng mga AKU sa pamilihan. Inilalagay ng rehimeng Ramos ang mga AKU, laluna ang Kartel sa Bigas sa posisyong kontrolin ng todo-todo ang suplay ng bigas sa pamilihan at itakda ang presyo. May mga prediksyon na ang presyo ng bigas ay tataas ng hanggang P40/kilo.

5. Ilalagay sa panganib ng rehimen ang kapaligiran. Ito ay idudulot ng walang habas na pagpapalitgamit ng mga lupain, ng kombersyon ng mga lupain upang maging mga pastuhan, at pagkasira ng lupa dulot ng mas intensibong paggamit ng mga kemikal na input sa agrikultura.

Gayundin, ang papalaking bilang ng mga magbubukid na mawawalan ng lupa ay magtutulak upang hawanin ang natitirang mga kagubatan na siya ngayong naging prontera simula nang maubos ang ating mga prontera mula 1960's.

6. Bilang paglalagom, ang mga programa ng rehimeng US-RAmos sa repormang agraryo at agrikultura ay hindi magdudulot ng tunay na kaunlaran para sa mga magbubukid at sa lipunan. Kung may makikinabang dito, ito ay ang mga PML, mga komprador at dayuhang korporasyong multinasyunal. Hindi nito binabago ang relasyong pyudal at malapyudal sa kanayunan, bagkus lalo nitong ilulubog sa ang masang magbubukid sa kahirapan at ang bansa, sa papalalang krisis.

Titindi ang tensyon sa kanayunan dahil sa mas papalaking bilang ng magbubukid na walang lupa at hanapbuhay. Titindi rin ang gutom at kahirapan. Kung kaya't ang mga panaginip ng rehimen na dalhin ang bansa sa pagiging maunlad ay mananatiling panaginip. Ang pangako ng reporma, bagama't sa isang takdang panahon ay maaring magpakalma sa kanila, hindi ito tatagal dahil ang kahirapan ng mga magbubukid mismo ang magtutulak sa kanila upang lumaban. At kung hindi na kayang patahimikin ang mamamayan sa kanayunan, represyon ang tiyak na isasagot ng rehimen.

Ang intensyon na palahukin ang mga organisadong magbubukid at maging mga ligal na institusyon ay hindi lamang upang i-koop ang mga ito. Layunin din ng rehimen na magamit ang mga rekurso ng mga ito para sa kanyang mga programa. Ang tusong layunin na ito ay upang dalhin ang mga magbubukid sa repormismo at linlangin sila sa pamamagitan ng pagbibigay ng daluyang na kunwa'y sila ay demokratikong lumalahok sa isang kilusang reporma. Ito ang nasa likod ng ARC-KPA. At ito rin ang gagamitin upang linlangin ang mga rebolusyonaryo. Ito ang kontrarebolusyonaryong aspeto ng mga programang nabanggit.

# ILANG PAGLILINAW SA KATANGIAN NG LIPUNANG PILIPINO AT SA DAYNAMIKS NG MGA URING PANLIPUNANG NAKAPALOOB DITO(1)

Ni Renmin Malaya

Nais naming magkomentaryo hinggil sa mungkahi ng ilang grupo na dapat ngayong sundin ng Mga Kristyano Para sa Pambansang Pagpapalaya (CNL) ang isang linyang pampulitika na nakabatay sa pagsusuri sa lipunang Pilipino bilang kapitalista at hindi malapyudal at malakolonyal. Ang isang bersyon ng tesis na ito ay ang mungkahi na dapat iangkop o pinuhin ng CNL ang pulitika nito bilang pagsasaalang-alang sa papatingkad na katangiang kapitalista ng ekonomya, laluna sa agrikultura. Ipinapahayag ng mga tagapagtaguyod ng mga mungkahing ito na maaaring panatilihin ang mga taguring malapyudal at malakolonyal ngunit bilang paglalarawan lamang sa mga katangiang pang-ekonomya at hindi bilang presisong depinisyon ng moda ng produksyon.

Ang implikasyon sa programa ng pagsunod sa mga ito at mga kahalintulad na mungkahi ay napakalaki, at nangangailangan ng ganap na oberhol ng kasalukuyang buhay pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyon ng CNL. Mabibigyang daan ito kung sadyang may katotohanan ang mga nasabing mungkahi. Ngunit wala. Nagmumula ang mga ito sa maling pagbasa ng mga datos sa ekonomya, pulitika at kultura at sa mahinang pagsapol sa pambansa-demokratikong linya. Kataka-taka na minamabuti ng mga tagapagtaguyod ng bagong linya/mga linya na panatilihin ang malapyudalismo at malakolonyalismo bilang mga termino ngunit nilalagyan naman ito ng laman na kasalukuyang tinatanggihan ng pambansa demokratikong kilusan.

Paano natin titingnan ang mga sumusunod na tesis?

“Walang pagtatalo, na ang katangiang `malakolonyal at malapyudal’ na ito ay isa lamang paglalarawan, isang ekspresyon

ng popular na mga katangian ng ebolusyong sosyo-ekonomiko ng lipunang Pilipino. Isa itong kapaki-pakinabang na pormulasyon na nagdidiin sa kagyat na mga tungkuling pampulitika ng pakikibaka ng sambayanan, sa pagpawi sa lahat ng pyudal na labi at sa pakikibaka sa pambansang pagpapasya-sa-sarili, lahat sa loob ng burges na hangganan ng demokratikong rebolusyon." ...(Ang lahat ng pagdidiin ay sa may-akda.-Ed)

"Ang moda ng paglalarawan sa ganitong patuloy at malaganap na mga lumang anyong pyudal sa ilalim ng kasalukuyang lipunang Pilipino na burges at kapitalista ang katangian sa esensya, at sa konteksto ng kasalukuyang pandaigdigang sistemang kapitalistang dominado ng imperyalismo, ay siyang dapat angkop na tawaging `malapyudalismo'."

"Ito ang malapyudalismo. Ibig sabihin, ang batayang prosesong pang-ekonomya ng isang burges, kapitalistang sistema ay nakapangibabaw na at naisantabi ang lumang prosesong pyudal, at ito ngayon ang nagsisilbing salalayang batas pang-ekonomya sa likod ng lahat ng bakas, lahat ng labi, lahat ng tira-tirahan ng lumang modang pyudal. Wala sanang pagtatalo kung inilarawan ni Sison ang malapyudalismo nang ganito — isang moda ng produksyon na kapitalista at burges sa saligan, na napipigilan at nadidispalinghado ng mga pyudal na labi at pagsasamantalang imperyalista."(2)

At paano natin titingnan ang mga sinabing ito ng Triad o ng Kumperensyang Patricio, sa pamamagitan ng tagapagsalitang nitong si Felipe Patricio?

"Minamantini ng CNL ang terminong `malapyudal' upang ilarawan ang lipunang Pilipino, habang kinikilala nito ang problematikong katangian ng termino. Sa gayon, sa halip na mabaon sa walang katapusang debate hinggil sa termino, nagbibigay diin ito sa seryoso at kongkretong pagsisiyasat sa moda ng produksyong umiiral ngayon sa bayan at sa pinakatumpak nitong deskripsyon. ...

“Kahit wala pang puspusang pag-aaral, sapat-sapat na ipinakikita ng obserbasyon at karanasan na sa maraming mahahalagang aspeto, ang ekonomyang pampulitika ay ibang-iba na kaysa noong 1968 (o tulad halimbawa ng inilalarawan sa LRP). Totoo ito kapwa sa papalaking panghihimasok ng kapitalistang relasyon sa buong ekonomya gayundin sa labis na nagbagong katangian ng rural na sektor agrikultural. (Ipaghalimbawa natin ang mas kumplikadong pagkakahati sa saray ng magsasaka at ang papalaking anyong kapitalista ng pagkuha ng sarplas sa kanayunan.) Sa anu’t anuman, marami nang mga kapansin-pansing pagbabago ang nagpapakita sa pangangailangan ng ilang mahahalagang pag-aangkop (o modipikasyon) sa ating estratehiya at taktika, halimbawa, sa usapin ng pakikibakang magsasaka at rebolusyong agraryo.”(3)

Ano ang moda ng produksyon sa lipunang Pilipino kung saan mayroon lamang “papalaking panghihimasok ng relasyong kapitalista sa buong ekonomya”? Matatanggap ba natin ito, kung ipahihintulot ng datos, at kasabay ay kategorikal na sabihin na ang moda ng produksyon ay ”malapyudal at malakolonyal”? Hindi ba maaaring kategorikal na sabihing hindi ito kapitalista, o maging mala-kapitalista?

Nais naming ipaabot sa aming mga pwersa sa CNL, na walang nakikitang dahilan ang CNL, at maging lahat ng mga pambansang demokrata, upang baguhin ang kanilang paninindigan na ang moda ng produksyon sa Pilipinas ay nanatiling malapyudal at malakolonyal sa kabila ng pag-unlad ng mga katangiang kapitalista sa ekonomya. Ang aming paninindigan ay hindi lamang nakabatay sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino ni Amado Guerrero (1968) ngunit sa patuloy na pananaliksik ng mga pambansang demokrata, sa partikular ng BHB, sa kanayunan, at sa mga independyenteng ekonomista-mananaliksik mula sa akademya, at sa sariling obserbasyon at karanasan ng CNL. Ang pananaliksik ay lumampas sa LRP noong 1983, sa debate sa akademya hinggil sa “paliwanagan sa moda”, kung saan mapagpasyang pinatunayan ng “malapyudal at malakolonyal na panig” ang kanilang tesis laban

sa mga may ibang paniniwala. Muli noong 1987, kinumpirma ng National Economic Protectionism Association (NEPA) sa pagsusuri ng krisis pang-ekonomya ng Pilipinas mula 1949 hanggang 1983(4), na ang ekonomya ng Pilipinas ay malapyudal at malakolonyal, at hindi kapitalista ni malakapitalista, at malamang na hindi magiging kapitalista liban kung ang problema sa dayuhang utang ay radikal na malulutas; ang papalaking dayuhang utang na ito ang siya ngayong pangunahing instrumento ng pagsasamantalang imperyalista o monopolyong kapitalista sa Pilipinas.(5)

Sa aming pagtingin, ang malapyudal at malakolonyal na tesis ang pinakarasonable at karapat-dapat sa katapatan ng katwiran. Pinipili namin ito dahil mas mahusay ito sa iba, sa usapin ng syensya at simpleng obserbasyon ng mga realidad panlipunan. Sa gayon, ito ang nagtatakda ng kilos ng rebolusyonaryong pulitika.

Hindi namin ginagamit ang malapyudalismo bilang isang paglalarawan lamang ng "ilang katangiang" nakapaloob sa kapitalistang moda ng produksyon ngunit bilang isang tumpak na pangalan ng isang moda ng produksyon mismo, kung saan makikita o maihahanay ang ilang katangian ng kapitalismo o maging ng mala-sosyalismo (halimbawa, mga kooperatiba at anyo ng bayanihan) at ng komunalismo. Mahalaga ang pangalan dahil sa realidad na tumpak nitong sinasalamin at sa hinaharap na inihahapag ng realidad na ito para sa rebolusyonaryong pagsisikap.

Suportado ng empirikal na datos, patuloy kaming naninindigan na ang moda ng produksyon ng lipunang Pilipino (ibig sabihin na ang lipunan sa kabuuan) ay malapyudal at malakolonyal, dahil sa pagkakahati ng lipunan sa mga uri, ang malaking burgesyang kumprador ang siya ngayong dominante at may hegemonyang uri. Ito ang naghaharing uri sa pagtangkilik ng dayuhang (pangunahing U.S.) monopolyong kapitalismo.

Sa simpleng salita, ang lipunang Pilipino ay malapyudal dahil sa makauring pangingibabaw ng malaking burgesyang kumprador. Ito ay malakolonyal dahil ang uring ito ay nasa ilalim

ng proteksyon ng dayuhang monopolyo kapitalismo o imperyalismo. Ang malaking burgesyang kumprador ay dominante sa kanayunan at sa mga eryang urban. Ito ay dominante sa agrikultura at sa industriya. Taliwas sa paniwala ni Carlos Forte at Oikos, ang malaking burgesyang kumprador — hindi ang uring kapitalista — ang dominante sa Metro Manila, sa kabila ng mga matataas na pausukan at pagawaan sa tanawin, at ng populasyong proletaryo. Nakapangingibabaw ang malaking burgesyang kumprador sa uring panginoong maylupa (ang alyado nito), sa uring kapitalista o pambansang burgesya at sa mga mayamang magsasaka, petiburgesya, uring manggagawa at magsasaka.

Kapag at kung kailan ang uring kapitalista ay magiging dominante at may hegemonya, at saka lamang masasabing ang Pilipinas ay isa nang kapitalistang bayan. Mula sa pagiging pyudal, naging malapyudal at malakolonyal ang Pilipinas nang pinalitan ng malaking burgesyang kumprador ang uring panginoong maylupa bilang uring may hegemonya, at trinansporma ang huli sa kanyang kinakailangang alyado.

Sino ang bumubuo sa malaking burgesyang kumprador? Isa itong uri ng mga “mangungupahan ng mga prangkisa (ng mga dayuhang tatak o mula sa mga itinakda ng gubyerno), mangangalakal, ispekulador sa pinansya, tagamanupakturang monopolista”.(6) Ang kanilang dominasyon ay ”pumipigil sa ekonomya sa pagiging dinamiko at may kakayahang makapagpaunlad-ng-sarili; ibig sabihin, mula’t sapul, ang ekonomya ng Pilipinas ay walang kakayahang mag-ipon ng kapital at sa proseso ay napag-iiwanan ng iba pang mga bayang Asyano”.(7) Sa rehiyon ng Ilokos, halimbawa, malinaw na ang malaking burgesyang kumprador ang dominante sa pamamagitan ng kanilang kontrol sa mga sentro ng kalakalan sa bigas, tabako at bawang, sa mga kartel sa sangkap pang-agrikultura at sa mga bangko rural. Pinupwersa ng uring panginoong maylupa ang magsasaka na magprodyus para sa pamilihan ng malaking burgesyang kumprador na nagbebenta naman sa o para sa mga dayuhang monopolyong kapitalista. Ang padrong ito ay nauulit sa lahat ng dako ng bayan.

Bakit tinatawag na malakolonyal ang pangingibabaw ng malaking burgesyang kumprador at bakit hindi ito tinatawag na merkantilista, halimbawa? Ito ay sa dahilang may pagkakapareho sa pyudalismo ang sistemang malapyudal, at sa isang pakahulugan, ay ibang anyo nito. Nililikha at pinasasaklaw ng malaking burgesyang kumprador ang kontrol sa kanilang mga erya ng impluwensyang monopolyo (mga kartel, atbp.) at ang kanilang makauring dominasyon sa kanilang mga saklaw at sa relasyon sa produksyon, sa paraang kahalintulad ng uring panginoong maylupa sa ilalim ng pyudalismo. Kapwa nila ito ginagawa sa pamamagitan pangunahin ng mga mekanismong di ekonomiko na nakamtan sa pamamagitan ng kanilang matalik na ugnayan sa kapangyarihan at pribilehiyo. Tulad ng uring panginoong maylupa, ang malaking burgesyang kumprador ay hindi namumuhunan sa proseso ng produksyon mismo, sa mga inobasyon sa kagamitan sa produksyon at sa akumulasyon ng tubo para sa layuning ito. Kapwa konserbatibo sa ekonomya at reaksyunaryo ang dalawa at interesado lamang sa mabilis na kita mula sa pamilihan o mga upa.(8) Ang malaking burgesyang kumprador ay kontra sa katutubong kapitalista, tulad ng amo nito, ang dayuhang monopolyo kapitalista. Sa ganitong pakahulugan, nag-oopereyt ang batas ng pyudal na paggalaw sa malapyudalismo.

Ano ang mga di ekonomikong mekanismo sa kontrol? Halimbawa, ang mga mangangalakal na malaking burgesyang kumprador o monopolista ay gumagamit ng pananakot, gumagamit ng armadong lakas upang masalag ang mga kakumpitensya, o bumibili ng kapangyarihang pang-estado (lehislasyon, grants, prangkisa) sa pamamagitan ng mga burukrata kapitalista at sa gayon ay nakakakuha ng kapangyarihan at pribilehiyo na tumitiyak sa kanilang pang-ekonomyang pangingibabaw. Dagdag pa, tulad ng uring panginoong maylupa, ang malaking burgesyang kumprador ay pumipiga rin ng upa mula sa mga nais magkalugar sa kanyang pang-ekonomyang ispasyo/mga monopolyo, habang

nagbabayad din ito ng upa sa kanyang mga amo sa relasyong malakolonyal, at sa mga burukrata ng estado para sa mga pribilehiyong kailangan nito.(9)

Ang malaking burgesyang kumprador ay namamagitan sa imperyalismo at uring panginoong maylupa, at pinahihintulutan ang pyudalismo na maging batayang panlipunan ng imperyalismo sa pamamagitan ng mga mekanismo ng estado. Sa gayon, ang malaking burgesyang kumprador ang prinsipal na estratehikong kaaway sa uri ng mga magsasaka at manggagawang-bukid, habang nananatiling kagyat na target ang uring panginoong maylupa. Ang malaking burgesyang kumprador ay prinsipal na kaaway sa uri din ng iba pang mga demokratikong uri.

Totoong may mga kumpitetibong lokal na kapitalista, ang pambansang burgesya at mayamang magsasaka. Kundi dahil sa imperyalismo, maibabagsak at ibabagsak nila ang malaking burgesyang kumprador at ang alyado nitong mga panginoong maylupa, sa bisa ng mga pang-ekonomyang batas sa paggalaw. Ngunit pinipigilan ng alyansa sa pagitan ng imperyalismo at ng uring malaking kumprador-panginoong maylupa, ang gayong posibilidad. Ipinakikita ng lahat ng panlipunang palatandaan na sa Pilipinas, ang pambansang burgesya ay hindi pahihintulutang umunlad at makipagkumpitensya sa mga dayuhang monopolyo kapitalista. Magpapaubaya sa kanila hanggang sa isang punto, hahayaan silang sumali sa mga joint ventures, ngunit hinding-hindi pahihintulutang makakuha ng abanteng teknolohiya at pamamaraan sa produksyon. Isa pa, ang tunay na reporma sa lupa at ang pamumuhunan upang lumikha ng pamilihan ay hindi pahihintulutan.

Ang tunay na kapitalismong umiiral sa Pilipinas ay ang kapitalismo ng ibang bayang tulad ng US, Japan, Euro-States. Pinag-uusapan ng mga ekonomista ang rehiyunalisasyon ng ekonomyang Hapones sa Asean na kinabibilangan ng Pilipinas. Ito ang nakikita nina Carlos Forte, Oikos at ng Triad, at tinatawag na kapitalismong Pilipino o mga kapitalistang katangian.

Hindi tinitingnan ng mga pambansa-demokrata ang simpleng pag-iral ng sistemang sahod o ang mga pamilihang manggagawa o kapitalista at mga institusyon sa pagpapautang bilang mga indikasyon na ang Pilipinas ay isang kapitalistang bayan. Mga katangian ito na di nagpapakita sa pangingibabaw ng pambansang burgesya bilang naghaharing uri. May mga nagsasabing nakasasapat na ang mga ito. Sa kahuli-hulihan, kailangan kang pumili ng iyong pamantayan.

Wastong sabihin na ang malapyudalismo at malakolonyalismo sa Pilipinas ay hindi na parehong-pareho nang umiral noong 1968. Walang matatagpuang pambansang-demokrata si Felipe Patricio na kokontra dito. Ang malapyudalismo at malakolonyalismo sa Pilipinas ay nagkaroon na ng maraming presidente, iba't ibang anyo na ng pagsasamantala ang nailuwal, nagbago na ang mga anyo ng paghahari, at iba pa. Ngunit walang saligang pagbabago sa moda ng produksyon. Nananatili bilang naghaharing uri ang malaking burgesyang kumprador sa bisa ng kanyang malakolonyal na relasyon sa imperyalismo at ng kapangyarihang pampulitikang hinahawakan nito kasama ang uring panginoong maylupa.

Totoo, kailangang may patuloy na pagsubaybay sa mga datos upang makita kung ang mga kumpitetibong kapitalista ay nagiging prominente at nasa landas ng pagiging dominanteng uri (sa taong 2000?). Ngunit lumalabas na ang mga pambansang kapitalista na naninindigan sa nasyunalismo sa ekonomya ni Recto, ang unang tumututol sa kiling ng rehimen laban mismo sa pambansang industriyalisasyon at kapitalismo. Hindi tago ang kanilang pagkamuhi sa imperyalismong US, kung si Dr. Alejandro Lichauco ay isang palatandaan. Sa anu't anuman, sa ngayon, ang mga pagbabago sa mga katangiang kapitalista ng lipunang Pilipino at sa pagkakahanay ng mga uri ay mangangailangan, hindi ng pagbabago sa estratehiya, kundi sa taktika ng rebolusyonaryong pulitika.

Sa pagpapahayag na ang lipunang Pilipino ay malapyudal at malakolonyal, naninindigan ang CNL na ang pakikibaka sa pambansang demokrasya ang kagyat na rebolusyonaryong

adyenda at ang sosyalismo ang istorikong proyekto pagkatapos. Sisimulan ang sosyalistang konstruksyon sa pag-agaw ng rebolusyon ng kapangyarihang pampulitika. Walang nakikitang dahilan ang CNL upang talikuran ang kanyang mga pananaw sa dalawang-yugtong rebolusyon.

Iwinawaksi namin ang maling pag-iisip na sa pakikibaka para sa pambansang demokrasya, ang kumpitetibong kapitalismo ay maeengganyong umunlad sa ganap na kapitalismo kasama ang superistrukturang pampulitika at pangkultura nito. Sa pambansang demokrasya, dominanteng moda ng produksyon ang kumpitetibong kapitalismo bagamat ito'y isa lamang pansamantalang yugto. Gayunman, ang pambansang burgesya o kumpitetibong kapitalista ay hindi ang dominante o naghaharing uri. Dagdag pa, ang mga sistemang pampulitika at pangkultura ng transisyunal na pormasyon ay hindi sumusuporta sa mga kapitalista na katulad sa tradisyunal na lipunang kapitalista. Ang mga sistemang ito ay nakadisenyo upang pahintulutan ang mga katangiang kapitalista na gampanan ang kanilang pansamantalang makasaysayang papel at itulak ang mga katangiang sosyalista na makikita o nakahanay sa loob ng kapitalistang moda sa kanilang tadhana. Sa ibang salita, ang pambansang demokrasya ay isang ”pambihirang” tipo ng pormasyong panlipunan. Ito ang dahilan kung bakit tinagurian ito nang gayon at hindi “kapitalismo” o “lipunang kapitalista”. Sa ganitong pakahulugan natin sinasabi na ang pambansang demokrasya ay isang ekonomyang haluan. Sa sarili niya, ito ay isang panlipunang pormasyon sa pagitan ng malapyudalismo at kapitalismo.

Hindi namin matatanggap ang pusisyon ni Carlos Forte, Oikos, mga ”sosyalistang popular” at “sosyalistang demokratiko” na ang sosyalismo ang (dapat maging) rebolusyonaryong adyenda. Sa pagsasabi nito, ipinapakahulugan na sa kasalukuyan, ang sosyalistang batas ng paggalaw o sosyalismo-sa-sinapupunan ang sinusupil ng rehimeng US-Ramos at siya ring sinupil ng mga naunang rehimen. Nasaan ang mga sosyalistang palatandaang ito?(10)

Sa batayan na ang lipunang Pilipino ay malapyudal at malakolonyal, at hangad ng sambayanang Pilipino ang pambansang-demokrasya na may sosyalistang perspektiba, at isinasaalang-alang ang lahat ng aspeto ng demograpiya at geo-pulitikang Pilipino, sa tingin ng CNL, pinakarasonableng tanggapin ang teorya ng matagalang digmang bayan at ang estratehikong linya ng pagkubkob sa kalunsuran mula sa kanayunan bilang linya ng kondukta. Sa ganitong konteksto, makatwiran ang armadong pakikibaka — sa komprehensibong kahulugang pampulitika ng termino — bilang prinsipal at mapagpasyang anyo ng pakikibaka sa pambansa-demokratikong rebolusyon.

Idinidiin ng teorya ng matagalang digmang bayan na ang armadong rebolusyon ay isang demokratikong pagsisikap ng buong bayan. Ang armadong rebolusyong ito, ang matagalang digmang bayang ito, ay kinakailangan, lehitimo at makatarungan. Lalahukan ito ng lahat ng Pilipinong may mabuting kalooban, ng lahat ng demokratikong uri, mga progresibong pampulitikang tunguhin, grupo, organisasyon, atbp. Ang pundasyon ng matagalang digmang bayan ay ang batayang alyansa ng magsasaka at manggagawa, ang masang anakpawis.

Di katulad ni Carlos Forte, hindi namin minamaliit ang katagalan ng digma. Kailangang maging matagalan ang digmang bayan dahil kabilang sa iba pang mga kadahilanan, hindi ito isang pagsisikap na militarista o insureksyunista. Ang pagwawagi sa digma at kasunod na pagtatayo ng bagong lipunan ay nangangailangan ng lahatang-panig na paghahandang pang-edukasyon, pampulitika, pang-organisasyon, materyal at militar ng mamamayan. Rekisito dito ang masikhay na gawaing masa at hakbang-hakbang na pag-oorganisa para sa pag-iipon ng lakas sa pulitika, kultura, militar at ekonomya, laluna sa kanayunan. Nais naming idiin na kailangang makamit ng armadong rebolusyon ang hegemonyang pampulitika at etiko-kultural bago sa pinal na pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika. Hindi maaaring madaliin ang tagumpay na ito. Dagdag pa rito,

syempre, maraming mga kunsiderasyong praktikal. Ang alternatiba sa matagalang digmang bayan ay insureksyunismo at adbenturismong militar, at iba pang malalalang kamalian at paglihis sa pulitika.

Kailangan nating iwaksi ang maling pag-iisip ni Felipe Patricio na ang "armadong pakikibaka" ay simpleng "pakikibakang militar" lamang. Hindi magkasinghulugan ang dalawang terminong ito. Ang armadong pakikibaka ang pangunahin at mapagpasyang anyo ng pakikibaka sa matagalang digmang bayan, at hindi ang "pakikibakang militar" na isang salik lamang ng armadong pakikibaka. Sa gayon, ang armadong pakikibaka ay dapat intindihin sa kanyang komprehensibong kahulugang pampulitika. Isa itong kilos pampulitika na may malalim na ubod sa etika.

Kailangang ipaalaala natin sa ating sarili ang ating natutunan at ang ating itinuturo — na ang armadong pakikibaka ay pagtatayo ng base, rebolusyong agraryo at komprehensibong aktibidad militar, sa kanilang dialektikong pag-uugnayan sa kanayunan. Ang mga ugnayang ito ay may katumbas sa eryang urban, gayong dito ay nakapangingibabaw ang mga ligal na anyo. Mali si Felipe sa kanyang pagpapanukalang talikuran ang "prinsipalidad" ng armadong pakikibaka. Ang tagumpay ay hindi makakamit sa pamamagitan ng purong militar na pamamaraan. Kaya wasto ang armadong pakikibaka. Maging ang mga negosasyong pulitikal sa pagitan ng NDF at GRP ay hindi magiging kapakipakinabang sa mamamayan kung hindi patuloy na ilulunsad ang armadong pakikibaka. Sa konteksto lamang ng armadong pakikibaka maaaring pag-isipan at subukan ang "tigil-putukan".

Para sa ibang tunguhing pampulitika, magkapareho ang armadong pakikibaka at pakikibakang militar. Ito ang dahilan kung bakit itinatanong nila: Kailangan bang maging "pangunahing anyo ng pakikibaka ang armadong pakikibaka sa lahat ng pagkakataon? Lagi na lang bang segundaryo o pansuporta ang papel ng ligal na pakikibakang masa? Kailangang itanong ito matapos maibagsak si Marcos." Kaya, si Francisco Nemenzo

ng Bisig at si Patricio Felipe ay may magkaparehong pagtingin, na ang armadong pakikibaka ay hindi kinakailangang maging pangunahin sa lahat ng pagkakataon. Umaabot pa nga ang mga kasapi ng Bisig sa pagsasabi, na ang armadong pakikibaka (sa pakahulugan nila) ay kailangan lamang laban sa diktadura, habang walang demokratikong ispasyo.(11) Gayunman, may napupunang kakatwang linya si Walden Bello sa Bisig at iba pa: "Ang pagmamantini ng armadong kakayahan (ayon sa kanila) ay mahalaga rin upang magsilbing ubod ng armadong paglaban, sa kalagayang magtangka ang ilang nasa kapangyarihan na gumamit ng pasistang paghahari kapag hindi na ito lehitimo sa masa."

Habang ibinabatay ng ibang mga tunguhin ang pangangailangan sa armadong pakikibaka sa "anyo ng paghahari", naninindigan ang CNL at lahat ng pambansang-demokrata sa prinsipalidad ng armadong pakikibaka, batay sa katangiang malapyudal at malakolonyal ng ekonomyang pampulitika. Naniniwala kami na sa usapin ng estratehiya, ang armadong pakikibaka (komprehensibong terminong pampulitika) ang pangunahing anyo ng pakikibaka, anuman ang anyo ng paghahari ng mga naghaharing uri. Iba pang usapin ang taktika sa pakikibaka sa kanayunan at mga sentrong urban. Sa simpleng paliwanag: walang anumang pag-asang matatamo ng magsasaka ang tunay na repormang agraryo kung walang komprehensibong armadong pakikibaka sa ilalim ng anumang anyo ng reaksyunaryong paghahari. Inoobliga ng ekonomyang pampulitika ng reporma sa lupa sa Pilipinas ang paggamit ng armadong pakikibaka. Dapat subukan ng mga di makabansang demokrata ang pagtatayo ng alternatibang kapangyarihang pampulitika, na nagsasantabi sa malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa, nang walang armadong pakikibaka, sa ilalim ng kasalukuyang kaayusan at ng diumanong demokratikong ispasyo nito. Sa panig ng CNL, hindi wastong itaguyod ang "pagkakapantay ng lahat ng pakikibaka para sa pagkakapantay-pantay",(12) na tumatanggi sa sentral na pakikibaka, at sa sentral na tungkulin, at sa gayon ay nagpapanipis sa rebolusyonaryong lakas.

Ang aming mga huling komentaryo ay kaugnay ng nagkakaisang prente at NDF.

Walang bisa ang armadong rebolusyon kung hindi ito isang nagkakaisang prente ng lahat ng mga demokratikong uri sa ilalim ng proletaryong hegemonya, na may batayang alyansa ng uring manggagawa at magsasaka bilang pundasyon. Totoong ang konsepto ay mahirap unawain ng mga tunguhing hindi pambansa-demokratiko. Ang nasa ubod ng prinsipyo ay ang "pluralismo na may proletaryong sentro" na nagsisikap na malugod na lutasin ang mga rekisito ng magkabilang dulo. May mga baluktot na pakahulugang nagmumula sa maraming panig, kabilang ang hanay ng Triad. Ang mga interpretasyong ito ay umabot sa kongklusyon na nasasapanganib ang kasarinlan at integridad ng mga partido at organisasyon (tulad ng CNL) ng gayong nagkakaisang prente.

Hindi natin papasukan ang pasikut-sikot ng nagkakaisang prente pero sa halip ay magkokomentaryo sa operasyon ng NDF na nagbibigay pokus sa prinsipyo ng nagkakaisang prente. Dito malilinang ang pagkakaiba ng CNL at ng Triad. Ang batayang isyung nakasalang dito ay ang pangangalaga sa lehitimong makauring interes ng mga manggagawa at magsasaka (ang naghihikahos, pinahihirapan at inaapi).

Noong 1990, sumanib ang CNL sa NDF na isang pormal na pederasyon (na may mga yunitaryong aspeto) ng mga alyadong organisasyon at prominenteng indibidwal. Ang pagkakaisa ay pulitikal, sa kabila ng pagiging kasapi ng PKP at malakas na impluwensya nito. Sa sentro ng proseso sa pagpapasya ng pederasyon ay ang tradisyunal na parlamentaryong mekanismo ng pangingibabaw ng mayorya, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng boto. Ang alinmang kasaping-organisasyon ay maaaring talunin sa boto. Ang mga organisasyon ng magsasaka at manggagawa ay maaaring talunin sa boto. At syempre, maaari ring talunin sa boto ang CNL. Ang 1990 NDF ay inakalang demokratiko at pluralista-na-may-isang-programa-bilang-sentro. Hanggang sa dumating ang tumpak at mas mahusay na ideya: Ang NDF bilang kumperensya ng

mga alyadong organisasyon, nakikipagkaisang prente sa isa't isa batay sa prinsipyo ng konsultasyon at konsensus. Pangangalagaan ng prinsipyo ng konsultasyon at konsensus (mahirap abutin ngunit kapaki-pakinabang) ang integridad ng lahat ng kasapi at, higit sa lahat, ng magsasaka at manggagawa. Ipagtatangi nito ang sosyalistang lipunan bilang nagpapatuloy na tinatanaw ng rebolusyon.

Ito ang dahilan kung bakit ang kalakhang mayorya ng mga pambansang demokrata ay nanlamig sa 1990 tipong-pederasyong NDF. Unti-unting luminaw lamang sa atin ang mga panganib nito nang maihambing sa mas mahusay na modelo. Mas mahusay ang demokrasya sa konsultasyon at konsensus. Kung walang maaabot na konsensus, mangingibabaw ang kasarinlan at inisyatiba ng mga kasapi.(13) May papalaking konsensus sa CNL na ang ating organisasyong masa, sa pamamagitan ng isang aksyon ng kongreso, ay pormal na magraratipika sa Hulyo 1994 kumperensya ng NDF.

Ang CNL ay hindi tutol sa bagong NDF na nasa pamumuno ng uring manggagawa sa pamamagitan ng talibang partido. Ang pagkakaisa sa NDF ay pulitikal at hindi ideolohikal. Naniniwala kami na hindi maaaring makakuha ng konsensus sa pagkakaisang pang-ideolohiya ang alinmang kasaping organisasyon. Ang pag-iisa sa proletaryong ideolohiya ay pagtransporma ng NDF sa PKP, puro at simple. Patuloy na kikilanlin ng CNL ang pinaghirapan at wastong makasaysayang pamumuno ng PKP dahil, sa pinakaibuturan, patuloy nitong itinataguyod ang interes ng batayang masa, tinatahak ang rebolusyonaryong landas at pinanghahawakan ang sosyalismo bilang proyekto hindi lamang ng proletaryado ngunit ng lahat ng mamamayan na may mabuting kalooban.

Sa gayon, ipinahahayag ng CNL ang kanyang pagkilala sa proletaryong pamumuno sa pamamagitan ng isang prinsipyo/patakaran: Ang CNL ay papasok sa pakikipag-alyansa sa talibang partido sa pamamagitan ng relasyong baylateral, batay sa konsultasyon at konsensus. Pinangangalagaan ng prinsipyong ito ang kasarinlan at inisyatiba ng dalawang organisasyon, nang

may magkapantay na relasyon sa pag-uugnayan. Nilulutas nito, sa maliitang saklaw, ang kontradiksyong nakapaloob sa pluralismong-may-sentrong-proletaryo.

Ang pagsapi ng CNL sa NDF (kumperensyal) ay isang pagkilala sa kalayaan ng tao na magtakda ng hangganan sa sarili, sa rebolusyon. Hindi lahat ay makikiisa sa opsyon ng CNL. Ngunit kapag malinaw na sa atin ang mga pagkakaiba, nagiging imperatibo ang tungkulin sa paglikha ng mas malalaking pagkakaisa.

Ang mga komentaryong ito ay ibinabahagi kasabay ang payo ni Paul sa mga Thessalonians (1.5): “Idaan ang mga bagay sa pagsubok; imantini ang mabuti at iwasan ang lahat ng uri ng kasamaan.”

Mga Tala:

1. Muling nilimbag mula sa PILIPINAS, upisyal na publikasyon ng Christians for National Liberation, isyu ng Nobyembre 1994.

2. “LRP: Ang Malapyudal na Alibi sa Matagalang Digma,” manuskritong inilabas ng diumanong Panrehiyong Komite sa Metro Manila - PKP, at pinaniniwalaang isinulat ni Carlos Forte. Sinusuportahan ng Oikos ang ganitong pagtingin.

3. Mula sa “Draft Discussion Notes #1” inihanda ng Triad para sa kanilang diumanong pambansang kongreso.

4. Tingnan ang “Mula Krisis Tungong Krisis”, 1987.

5. Dr. Emmanuel de Dios at Carlos Bautista, “Of Cabbages and Kings”, 1990.

6. NEPA, “Mula Krisis Tungong Krisis”.

7. Pareho ng bilang 6.

8. Tingnan ang mga artikulo ni Ricardo Ferrer sa NEW PROGRESSIVE REVIEW at iba pang mga dyornal.

9. Cf. Ferrer.

10. Cf. Ferrer.

11. Cf. Nemenzo at Rene Ciria-Cruz.

12. Bello.

13. Mayroon o walang konsensus, ang kasarinlan at inisyatiba ay pirmi - Editor.

# HINGGIL SA ISYU NG EMBAYRONMENT SA DAIGDIG AT SA PILIPINAS

Ng Kagawarang Internasyunal Komite Sentral
Partido Komunista ng Pilipinas
ika-31 ng Marso 1995

Sa nakaraang mahigit na dalawang siglo, papatinding sinamantala ng burgesya ang rekursong pantao at pangkalikasan para sa pagpapaunlad sa kapitalismong industriyal. Sa panahon ng modernong imperyalismo sa ikadalawampung siglo, isinagawa ng monopolyong burgesya ang walang kapantay na pandarambong at winasak at pinolyut ang likas na embayronment sa pandaigdig na saklaw. Dagdag pa, paulit-ulit na tinamaan ang pandaigdigang sistemang kapitalista ng krisis ng labis na produksyon na tumungo sa dalawang digmaang pandaigdig, maraming "limitadong" digma (kabilang ang Digma sa Korea at Digma sa Vietnam) at sa sunud-sunod na imbensyon ng mga sandatang mapanlipol.

Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, mabangis na nilabanan ng mga imperyalistang bayan na pinamumunuan ng Estados Unidos ang mga sosyalistang bayan at mga kilusan sa pambansang pagpapalaya, pinabilis ang produksyon ng mga sandatang nukleyar at iba pang sandatang mapanlipol sa paligsahan sa armas sa panahon ng "cold war", at ginamit ang mga paraan ng neokolonyalismo upang papanghinain at pawalambisa ang pambansang kasarinlan ng mga bayan sa Asya, Aprika at Latina Amerika, palalain ang kanilang kawalan ng pag-unlad at sapilitang itulak ang mamamayan sa kumunoy ng karalitaan sa pamamagitan ng pagsamantala sa kanilang lakas-paggawa at likas na kayamanan upang magkamal ng superganansya at kabayaran sa serbisyo sa pautang.

Ginamit ng monopolyong kapitalismo ang lahat ng uri ng paraan sa pagpigil, pagbansot o pagdiskaril sa kaunlarang

industriyal ng mga bayan na nangahas maggiit sa pambansang kasarinlan o magtatag ng sosyalismo. Ang mga paraang ito'y kinabibilangan ng pampulitika at pangmilitar na panghihimasok, interbensyon at agresyon. Subalit ang pinakamabisang mga paraan para sa matagalang dominasyon at kontrol sa di maunlad mga kliyenteng estado at para sa pagpapahigpit sa pagkubkob at pagpapahina sa mga sosyalista at anti-imperyalistang bayan ay ang manipulasyon at blokeyo sa ekonomya, pinansya at teknolohiya.

## ANG EMBAYRONMENTALISMO NG U.N. AT ANG MONOPOLYONG KAPITALISMO

Habang palalong nagdiriwang ngayon ang mga imperyalistang bayan sa pagkasalanta ng mga bayang napailalim sa neokolonyalismo gayundin ng mga bayang napailalim sa deka-dekadang rebisyonistang pagtataksil ng monopolyong burukratang burgesya, nangangaral sila na anumang pagsisikap sa kaunlarang industriyal na labas sa pandaigdigang kapitalistang sistema ay di lamang walang saysay kundi mapanira sa embayronment. Sa ngalan ng embayronmentalismo, ginagamit sa burges na masmidya ang mga pinasamang larawan ng mga plantang industriyal na pag-aari ng estado at mga tanawin sa mga bayan sa dating blokeng Sobyet upang alipustain ang mismong ideya ng independyenteng pagsisikap sa kaunlarang industriyal.

Ang inuulit-ulit na kathang-isip na kwento para takutin ang mamamayan ay ang dadanasin nilang blokeyo sa ekonomya ng pinakasulong na mga bayang kapitalistang industriyal kapag nangahas silang kumilos para sa kaunlarang pang-ekonomya at panlipunan sa ilalim ng bandila ng pambansang kasarinlan o sosyalismo, at sila ay mapagkakaitan ng abante, "mabait-sa-embayronment" at episyente-sa-panggatong na teknolohiya at mawawasak nila ang kanilang embayronment at pagbabayaran nila ito ng malaking pinsala sa lipunan na magreresulta sa kawalan ng kakayahang masustini ang anumang antas ng umaasa-sa-sariling kaunlarang industriyal.

Mula ng dekada sitenta, itinaguyod ng mga imperyalista at ng kanilang mga alagad na burges na siyentista, ideolohista, at publisista ang embayronmentalismo upang ilayo ang atensyon mula sa mga pakikibakang antiimperyalista at makauri sa daigdig, upang ipagdiinan sa daigdig na superyor sila sa ekonomya at teknolohiya at samakatuwid ay siyang dapat na magtakda ng pag-unlad ng daigdig, upang palakihin ang kasalatan o limitasyon ng likas na kayamanan, upang sisihin ang mamamayan ng daigdig sa pagkasalanta ng embayronment at upang mag-isip para lamang sa sarili ang mga mamamayan sa mga kapitalistang bansang industriyal ng malinis na hangin at malinis na tubig at mabuting kalusugan.

Ang pinakamasahol na propaganda ng mga makaimperyalistang embayronmentalista ay ang pagtuturing na ideyal ang kawalan ng kaunlaran para sa preserbasyon sa likas na embayronment at pagtatakip sa di malusog na mga kalagayan at epekto ng kawalan ng kaunlaran at karalitaan, gayundin ang bulnerabilidad ng mga bayang di maunlad at maralita sa imperyalistang pandarambong at polusyon. Sa katunayan, libre ang mga monopolyong empresa na i-polyut at pinsalain ang embayronment ng mga bayang di maunlad.

Sistematikong ginamit sa maling paraan ng mga imperyalista ang isyu ng embayronment at itinulak, sa pagtangkilik ng United Nations (Nagkakaisang mga Bansa), ang isang linya sa ideolohiya at adyendang pampulitika na nagkukunwang pumapayag sa pagpuna sa “pinakamasahol” na mga abuso sa embayronment ng mga gubyerno sa pangkalahatan (unang sektor) at ng malalaking negosyo (ikalawang sektor), subalit sa katunaya’y pinagaganda ang mga ito sa pamamagitan ng hindi totoong pangako na sila ay magiging “mabait-sa-embayronment”. Ang dalawang sektor na ito ay naglilinang at nagtataguyod ng isang maka-imperyalistang “ikatlong sektor” ng mga “non-governmental organizations” (“organisasyong di-panggubyerno”), at “mga organisasyon ng mamamayan” na

nagpoposturang ”pumupuna” sa mga abuso sa embayronment at sa mga gawi at patakarang nakakapinsala sa embayronment mula sa dimakauri at sibikong pananaw upang mamalimos sa mga monopolyong kapitalista at mga gubyerno ng mga reporma at karampot na salapi upang itaguyod ang mga proyektong pang-embayronment na burukratiko, pakitang-tao at pangremedyo.

Sa ilalim ng neokolonyal na balangkas na itinakda ng mga imperyalista at iprinopaganda sa pamamagitan ng Kumperensya sa Embayronment at Kaunlaran ng U.N. at ng network ng U.N. sa pangkalahatan, mabisang naipalaganap ng monopolyong kapitalismo ang embayronmentalismo at ”sustenableng kaunlaran” dahil sila diumano ang may kapital at may pinakaabanteng teknolohiyang “mabait-sa-embayronment” at dahil interesado sila sa tipo ng kaunlaran na nagmamaksimisa sa paggamit sa limitadong rekurso at ginagawang sustenable ang pagkamal ng tubo. Ang parilalang “sustenableng kaunlaran”, ay isang malisyosong pagpakahulugan sa ibang pananalita sa konsepto ni Mao ng umaasa-sa-sariling kaunlaran, na nagpapalaki sa mga limitasyon ng likas na kayamanan at epekto nitong ”hangganan ng pag-unlad” na naunang dinikreto ng Club of Rome (Kapisanan ng Roma) at nagpapatampok sa hegemonyang pandaigdig ng mga imperyalistang bayan sa kaunlaran at sa embayronment.

Tahasang pagkukunwari at panlilinlang para kaninuman na bumigkas ng pagmamalasakit sa embayronment nang walang pagpuna at pagtatakwil sa monopolyong burgesya at imperyalismo. Dapat nating ilantad ang paglalaan ng espesyal na pondo sa pamamagitan ng mga ahensya ng U.N. at tuwiran sa pamamagitan ng mga gubyernong imperyalista, malaking negosyo at mga institusyong makaimperyalista upang pondohan ang propaganda — sa burges na masmidya at sa hanay ng “mga NGO” at “mga PO” — upang ikubli ang kriminal na responsibilidad ng monopolyong kapitalismo sa

pandarambong, pangwawasak at polusyon ng likas na embayronment, pagandahin ang imahen ng tinaguriang una at ikalawang sektor kaugnay ng isyu sa ekolohiya, pigilan ang umaasa-sa-sariling kaunlarang industriyal sa mga di maunlad na mga bayan at sa di namamalayang paraan ay palabasing kaiga-igaya ang mga kundisyon ng kapos na pag-unlad.

Magmula noong Earth Summit (Kapulungan Hinggil sa Mundo) na ginanap sa Rio de Janeiro, Brazil, noong 1992, hindi binawasan ng mga imperyalistang bayan, manapa'y pinalala pa ang pananalanta sa embayronment, at hindi binawasan kundi pinarami pa ang mga emisyon ng carbon dioxide, methane at langis na nagdudulot ng pag-init ng mundo o global warming. Ang Estados Unidos, ang pinakamalaking magbuga ng carbon dioxide, ang nangunguna sa mga imperyalistang bayan na ayaw gumawa ng mahihigpit na hakbang upang bawasan ang kulob o "greenhouse" na emisyon ng gas ngunit humihinging manatiling di maunlad ang di maunlad na mga bayan upang mabawasan ang epektong "greenhouse". Ang kumperensya sa klima ng mundo ng U.N. sa Berlin ay isa na namang ehersisyo sa pagpapalabo sa isyu ng embayronment at pagkukubli sa pananagutan ng imperyalismo sa pag-init ng mundo at sa kawalan ng kaunlaran.

Ang mga tunay na tagapagtaguyod ng proteksyon ng embayronment para sa kapakanan ng mamamayan, sa umaasa-sa-sariling kaunlaran at sa konserbasyon at matalinong paggamit sa likas na kayamanan ay yaong mga nagkokondena at nagtatakwil sa imperyalismo, neokolonyalismo at reaksyon, at, higit na mahusay pa, ang mga kumikilos upang labanan at ibagsak ang mga lubhang mapaminsalang pwersang nabanggit at nagtatatag ng isang bagong sistemang panlipunan na nagtataguyod kapwa sa kaunlarang industriyal at sa isang malinis at malusog na embayronment sa mga bayang tulad ng Pilipinas.

## ANG PAGKASALANTA NG EMBAYRONMENT SA PILIPINAS

Pag-aralan natin ang istorikal na karanasan ng Pilipinas kaugnay ng isyu ng embayronment. Ikalabing-siyam na siglo

nang higit na malakas na itulak kaysa sa alinmang naunang panahon sa ilalim ng kolonyalismong Espanyol ang pagkalbo sa kagubatan. Nangyari ito nang palawakin ang mga lupain ng prayle para tamnan ng mga pananim na panluwas para sa mga kapitalistang bansang industriyal. Magkakakawing ang reaksyon mula sa ispesyalisasyon sa pananim na panluwas at panloob na konsumo tungo sa mabilis na pagkawala ng ari-arian ng mga magsasaka na napilitang magkaingin.

Sa unang hati ng ikadalawampung siglo, sa ilalim ng tuwirang kolonyal na paghahari ng imperyalismong US, bumilis ang pagkalbo sa kagubatan sa tantos na nagmistulang gawa lamang ng musmos ang nangyari sa ikalabing-siyam na siglo. Malalawak na purok sa lahat ng mayor na isla ang pinagtrosohan ng mga empresang US at ng lokal na komprador para sa eksport at lumaking gamit sa bansa. Ang higit pang paglawak ng mga plantasyon para sa mga pananim panluwas, ang pagbubukas ng mga minahan at ang paghimok sa homestead ay nakaambag rin sa walang kapantay na pagkalbo sa kagubatan. Sa pagsamantala sa rekursong mineral, namutol ng mga puno ang mga empresang US para sa mga haligi at panggatong, pinolyut ang mga ilog ng mga kemikal at basura sa minahan at naging sanhi ng pagkalason ng lupa at erosyon sa malalawak na lugar. Hindi sila nag-abalang gumamit ng anumang paraan sa pagsala sa dumi o magbayad sa pinsala sa kalupaan.

Sa ikalawang hati ng ikadalawampung siglo, nagpatuloy ang pagkalbo sa kagubatan na palaki nang palaki sa bawat dekada. Ineksport ang mga troso pangunahin sa Japan sa proseso ng mabilis nitong rekonstruksyong pang-ekonomya at sa kasunod na mga biglang pagsigla ng konstruksyon. Pinondohan ng Japan ang malalaking komprador sa kanilang operasyon sa pagtotroso. Nagdulot ang walang habas na pagkalbo ng kagubatan ng paparaming malalalang pagbaha, erosyon ng kalupaan, pagbanlik ng mga ilog, lawa, hydroelectric dam, sistemang pang-irigasyon at mga katubigan sa baybay, at higit na mataas na tantos ng pagkatuyo sa panahon ng mga tagtuyot.

Noong dekada singkwenta, higit pa sa sangkatlo ng kalupaan sa Pilipinas na may 30 milyong ektarya ang may tropikal na kagubatan. Ngayon, wala pang isang milyong ektarya nito ang nalalabi. At ang kagubatan ay pinagtotrosohan sa tantos ng 200,000 bawat taon. Di kukulangin sa isang bilyong metro kubiko ng primera klaseng lupang taniman ang nasisira taun-taon. Treinta porsyento ng mga ilog ang nangangamatay. Napakalaki ang nawala sa dibersidad o biodiversity sa kalupaan at karagatan at samakatwid isang malaking kabawasan sa produktibidad pang-agrikultura at pandagat. Ang pagkalbo sa kagubatan, at mga epekto nito, ang prinsipal na suliranin sa ekolohiya sa Pilipinas. Nakaambag rin ito sa suliranin sa pag-iinit ng mundo o global warming.

Nagmumula ang mga "greenhouse" na emisyong gas sa krudo at mga planta sa enerhiya na naggagatong ng karbon, sa ilang mga empresa sa manupaktura at sa mabigat na trapiko ng mga sasakyan sa kalunsuran. Dahil sa lubhang kawalan ng kaunlaran ng bansa, ang mga emisyong ito ay di pa sing-problematiko gaya ng sa mga imperyalistang bayan kaugnay ng global warming, bagamat ang mga emisyong ito ay kagyat na nakasasama sa kalusugan ng mamamayan sa kalunsuran.

Magmula sa dekada sisenta, pinalawak ng mga empresang US at Hapon at ng kanilang mga kasosyong malalaking komprador-asendero ang mga minahan at plantasyon para sa pananim panluwas nang walang pagsasaalang-alang sa balanse sa ekolohiya at epektong panlipunan. Nakapwersa sa maraming mga magsasaka at katutubo ang pamiminsala sa lupaing agrikultural ng mga mapanlasong kemikal at basura ng mga minahan, at ang pangangamkam ng pinakamatatabang lupa ng mga agrokorporasyon ay nagpwersa sa maraming magsasaka sa pagkakaingin maging sa matatarik na kalupaan. Sa kasalukuyan may 26 na malalaking aktibong minahan sa ginto, tanso, bauxite, bakal, nikel, ferrochrome at iba pang mineral para sa eksport; at napakalaking bilang ng mga plantasyong nagtatanim ng tubo, niyog, saging, pinya, atbp., gayundin ng palaisdaan ng hipon, isda at iba pang produktong dagat pangunahin rin para sa eksport.

Nagtayo ng malalaking hydroelectric dam nang walang konsiderasyon sa balanse sa ekolohiya at nang walang sapat na kompensasyon at karampatang pag-resetel sa mga pinalikas na mamamayan. Ang nalikhang elektrisidad ay pangunahing para sa konsumo kaugnay ng pagpapalawak sa pamilihan para sa mga angkat na kasangkapan at pangalawa para sa pagsusuplay ng pangangailangan sa enerhiya ng mga empresang umaasa sa angkat. Ang kaugnay nitong mga sistemang pang-irigasyon ay naghimok sa mga agrokorporasyon at asenderong magpalawak ng lupain.

Magmula ng dekada sitenta, nagbunga ang "green revolution", na sumasaklaw sa sarisaring klase ng "miracle rice", sa pagsalig sa imported na kemikal na abono't pestisidyo, na nakapipinsala sa kalusugan ng mga magsasaka at kalabaw, nakabawas sa taba ng lupa at nagpaasim dito, pinolyut ang mga sapa at ilog, at pinatay ang mga isda at iba pang nabubuhay sa tubig na dati'y nagbibigay ng protina sa karaniwang pagkain ng mga magsasaka. Ang papataas na presyo ng mga angkat na input ay nagdulot ng pagkabangkrap ng mga magsasaka at nagpababa sa produksyon ng palay.

Ibinebenta at ginagamit sa Pilipinas ang mga kemikal pang-agrikultura na ipinagbawal na sa mga mauunlad na bayan dahil sa nakapipinsala sa gumagamit nito . Madalas ring subukin sa bansa ang mga kaduda-dudang produktong kemikal - pang-agrikultura o pang-medisina - ng mga dayuhang monopolyo, na ang mga Pilipino, laluna ang maralita, ang pinag-eeksperimentuhan bago aprubahang ibenta ang mga produktong ito sa Estados Unidos, Alemanya, Japan at iba pang imperyalistang bayan.

Ilang industriyang lubhang nakasasama sa embayronment sa unang yugto ng produksyon, gaya ng iron sintering plant ng Kawasaki, ay inilipat mula Japan tungong Pilipinas. Subalit ang pangkalahatang naisin ng mga imperyalistang bayan ay itapon lamang ang kanilang nakalalasong basura, kabilang ang mga iskrap ng kompyuter, gamit na baterya, labi ng PVC at mga basurang nukleyar sa

karagatan at kalupaan sa Pilipinas. Itinatambak ng US, Japan at mga bayan sa Kanlurang Europa, laluna ang Alemanya at Benelux ang napakaraming nakalalasong basura sa teritoryo ng Pilipinas sa upisyal at di upisyal na paraan.

Itinatapon ng mga empresa sa manupaktura na umaasa sa angkat na pag-aari ng mga dayuhang monopolyo at ng mga Pilipino, ang kanilang basurang industriyal sa lupa at sistema sa katubigan nang buong laya. Sa gayon, ang mga sapa, ilog, lawa at katubigan sa baybayin na malalapit sa mga purok ng manupaktura ay barado ng basurang industriyal na ito. Nagtatayo rin ng mga proyektong pangkaunlaran sa mga lupaing saklaw ng mga watershed ng mga imbakan ng tubig na nagresulta sa paghina ng suplay ng tubig sa kalunsuran. Sa kalunsuran, itinatambak ang napakaraming basura sa katihan o diretsong itinatapon sa mga ilog o dagat.

Dahil sa erosyon ng lupa at nakalalasong daloy mula sa lupa at ang malawakang pagputol sa bakawan para ieksport sa Japan, ang mga bakawan ay naglalaho na o di na matirhan ng mga nabubuhay sa tubigan. Ang mga pabrikang barko at mga plotang pangisda mula Japan at Taiwan ang lumusob at umubos sa isda, halamang dagat, koral at iba pang rekursong pandagat ng teritoryo ng Pilipinas. Kasabay nito, hinimok ng mga tiwaling burukrata sa mga lokalidad ang pagdidinamita at pangingisda sa pamamagitan ng kemikal. Ang mga tapat na maralitang mga mangingisda ay napatalsik sa mga pinangingisdaan.

Matapos na matapos ang upisyal na terminasyon ng mga base militar ng US sa Pilipinas noong 1991, nakuha ng gubyernong US ang karapatan sa pagpasok o “access rights” sa Pilipinas noong 1992. Samakatwid, nagpatuloy ang mga pwersang militar ng US sa pagdadala sa Pilipinas ng mga sandatang mapanlipol na nukleyar at kemikal na nakakubli sa pagdaan lamang, akwisisyon ng suplay at sulong na deployment. Tumanggi rin ang United States na linisin ang polusyong iniwan ng kanyang mga pwersa sa dating mga base militar ng US.

## ANG MGA KAIBIGAN AT KAAWAY NG EMBAYRONMENT

Gaya ng mga sinundan nito, ang rehimeng US-Ramos ang prinsipal na pwersang panloob, na naglilingkod sa dayuhang monopolyong kapitalismo, na sumasalanta sa embayronment sa Pilipinas. Pinalawak at niliberalisa nito ang mga pribilehiyo ng mga empresa ng dayuhang monopolyo at ng mga lokal na reaksyunaryo sa pagsasamantala sa mga rekursong pantao at pangkalikasan.

Ipinagpatuloy nito ang hayag na paghahari ng teror at nagsagawa ng malulubhang paglabag sa karapatang pantao. Naglunsad ito ng pinakamabangis na mga kampanyang militar na nakapinsala sa buhay, pag-aari at embayronment ng mamamayan upang ibukas ang mga rekursong pantao at pangkalikasan ng bansa sa pagsasamantala at pagkamal ng tubo ng mga imperyalista at mga lokal na reaksyunaryo sa ilalim ng tinagurian nitong Medium Term Philippine Development Plan o Philippines 2000.

Nagluluhang buwaya ang rehimen sa isyu ng pagkasalanta ng ekolohiya at inuulit ang mga islogan ng U.N. hinggil sa “pagsasanggalang sa embayronment” at “sustenableng kaunlaran”. Subalit kumikilos ito upang salantahin ang embayronment. Sa kabila ng upisyal na pagbabawal sa pagtotroso, nagbibigay ito ng mga konsesyon sa trosohan sa ilalim ng iba’t ibang pagdadahilan bilang paraan ng pagpapayaman sa mga tauhan nitong mga upisyal militar at mga burukrata. Hinimok nito ang pagtatambak ng mga basurang nakalalason mula sa mga mauunlad na bayang industriyal sa teritoryo ng Pilipinas bilang paraan upang kumita ng dayuhang pananalapi.

Sa kasaysayan at sa kasalukuyan, nanguna sa pagpuna at pagkondena sa walang habas na pandarambong sa rekursong pantao at pangkalikasan ng ating bansa ang mga komunista at di-komunistang tagapagtaguyod ng pambansang industriyalisasyon na malaya sa dominasyong

imperyalista, at nanguna sa pagtangkilik sa konserbasyon at matalinong paggamit ng likas na kayamanan.

Bago at matapos muling maitatag ang Partido Komunista ng Pilipinas noong 1968, ang mga proletaryong rebolusyonaryo ay gumawa ng komprehensibo at malalim na kritika sa pagsasamantala at pandarambong ng imperyalismo at mga lokal na reaksyunaryo sa Pilipinas. Ang Programa para sa Pambansa-Demokratikong Rebolusyon ng PKP ay sumasaklaw sa isyu ng embayronment. Naglabas rin ang PKP ng mga ulat sa panlipunang pagsisiyasat at napapanahong mga pagsusuri na naglilinaw sa papatinding pagsahol ng embayronment, gayundin sa papatinding kalubhaan ng mga pagbaha at tagtuyot.

Hinarap ng Pambansa-Demokratikong Prente ng Pilipinas (NDFP) at ng mga pangmasang organisasyon, mga sektoral at multisektoral na alyansa ng pambansa-demokratikong kilusan ang isyu ng ekolohiya sa kanilang mga programa sa pagkilos. Sila ang naging makapangyarihang baseng masa ng kilusang embayronmental sa Pilipinas katunggali ng mga mandarambong, mapaminsala at polyuter ng embayronment - ang mga imperyalista at mga lokal na reaksyunaryo.

Sinisisi ng mga imperyalista at lokal na reaksyunaryo ang mga mamamayan sa pagkasalanta ng embayronment. Halimbawa, ikinukubli nila ang walang habas na pagkalbo sa kagubatan ng mga malalaking nagtotroso, plantasyon at mga empresa sa minahan, at sinisisi ang mga magsasaka at katutubong mamamayan na nauna na'y pinagkaitan ng lupa ng mga nagsasamantala at itinulak sa pagkakaingin. Pinalalabo nila ang mapaminsalang papel ng malalaking dayuhang plota sa pangingisda na nandarambong sa karagatan ng Pilipinas at sinisisi nila ang pangingisda sa pamamagitan ng dinamita at kemikal na ginagawa ng mga elementong walang kunsyensya na nakikipagsabwatan sa mga lokal na burukrata at mga upisyal ng militar at pulisya.

Sa ilang taong nakalipas sa Pilipinas, may mga huling sumangkot na gumagamit sa isyu ng ekolohiya upang makakuha ng salapi mula sa mga dayuhang ahensyang nagpopondo o fund-

ing agencies, at nag-iispesyalisa sa huwad na pag-angkin na kinakatawan nila ang kilusang embayronmental at sa pagpapakalat na walang sinasabi at walang kinalaman ang pambansa-demokratikong kilusan sa isyu ng ekolohiya. Nagpapanggap silang tagapagtaguyod ng dimakauring sibikong kamulatan, panlipunang boluntarismo at repormismo sa loob ng trisektoral na balangkas ng neokolonyalismo.

Ang mga ito ay mga antikomunistang petiburges na manggagantso na kumikita sa isyu ng ekolohiya. Nagpapanggap silang pumupuna sa mga gubyerno at malalaking negosyo at kasabay nito'y tuwirang nagsisipsip sa kanila at sa kanilang mga kaugnay na mga ahensyang tagapondo para mamalimos ng pondo para sa multo o pakitang-taong proyektong pang-ekolohiya. Nakilala ang mga manggangantsong ito bilang mga nagraraket sa "NGO" at nakakonsentra sa tinaguriang "Luntiang Porum" o Green Forum. Tinatawag nila ang sarili sa iba't ibang taguri bilang mga popdem, socdem, BISIG, Siglaya, Sanlakas at iba pang tulad nito. Nakikipagkolaboreyt sila sa antikomunistang linya ng pagkapoot laban sa pambansa-demokratikong kilusan, nagbibigay kapangyarihan sa sarili sa pamamagitan ng burukratismong NGO at nagpapayaman sa sarili sa pondo mula sa dayuhang ahensyang tagapondo. Nakikipagkolaboreyt rin sila sa Haribon Foundation, na binubuo ng mga burukrata, mga akademiko, at mga pasawsaw-sawsaw sa ekolohiya.

Ang pinagmumulan ng pondo ng Green Forum at Haribon Foundation ay di limitado sa dayuhang pribadong ahensyang tagapondo na may iba-ibang paniniwalang pang-ideolohiya, panrelihiyon at pampulitika, na sa katunaya'y mga daluyan ng mga estadong imperyalista at malaking negosyo. Sa hayag, nakakakuha sila ng papalaking pondo mula sa Bangko Mundial o World Bank, mga ahensya sa "kaunlaran" ng mga estadong imperyalista at sa reaksyunaryong gubyerno ng Pilipinas, gaya ng proyekto ng National Integrated Protected Areas Systems (NIPAS) (Pambansang Pinag-isang Sistema ng mga Pinapangalagaang Lugar). Ipinagdiriwang nila ang anunsyo ng US Agency for International Development (Ahensya ng US Para

sa Internasyunal na Kaunlaran) na maglalaan ng dagdag na pondo para sa ”mga NGO”.

Ang pangatlong sektor ng neokolonyalismo na binubuo ng “mga NGO” at ”mga PO”, ay isang instrumento ng sikolohikal na pakikidigma sa ilalim ng rehimeng US-Ramos. Ang gawaing propaganda nito sa paninirang-puri at pagpapasama sa mga rebolusyonaryong pwersa ay naglilingkod sa mga imperyalista at mga lokal na reaksyunaryo at isang aktibong bahagi ng pakanang low-intensity conflict ng rehimeng US-Ramos.

## ANG REKORD SA PAGKILOS NG REBOLUSYONARYONG KILUSAN

Malinaw ang rekord sa pagkilos ng rebolusyonaryong kilusan na pinamumunuan ng PKP sa usapin ng ekolohiya. Matatag at militanteng ipinatutupad nito ang linya ng bagong-demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan laban sa mga imperyalista at mga reaksyunaryo. Isinasagawa nito ang pinakamasugid na mga pakikibaka laban sa lahat ng mga patakaran at aksyon na nangangahulugan ng pagsasamantala, pandarambong at pamiminsala sa mga rekursong pantao at pangkalikasan ng bayan.

Mabangis nitong nilabanan ang mga kampanyang militar ng kaaway para pwersahin ang pagpapalikas ng mamamayan mula sa kabundukan at upang bigyang daan ang mga agrokorporasyon, mga burukrata, mga asendero at mga trosohan sa pag-agaw sa kanilang mga homestead, lupang ansestral, kagubatan at iba pang likas na kayamanan. Namumukod ito sa pakikibaka para sa paglansag sa mga base militar ng US at laban sa pagpupwesto ng mga sandatang mapanlipol na nukleyar at kemikal sa Pilipinas. Naglunsad ito ng mga militanteng pakikibaka laban sa pinondohan ng World Bank na proyektong dam sa Ilog Chico, proyektong Cellophil, sa sintering plant ng Kawasaki at proyektong plantang nukleyar sa Bataan noong dekadang sitenta at otsenta.

Hinihimok ng armadong rebolusyonaryong kilusan ang mga ligal na demokratikong organisasyong pangmasa at mga sektoral at multisektoral na alyansa at organisasyon na partikular na nakatutok sa pagsasanggalang sa embayronment na lumahok sa mobilisasyon ng malawak na masa ng sambayanan laban sa mananalanta, mandarambong at polyuter ng embayronment. Ilan sa mga organisasyong nagdadala sa isyu ng ekolohiya ay pinasimunuan ng mga kadre ng PKP subalit di kalauna'y binulok ng burukratismong "NGO" at dayuhang pagpopondo ng mga ahensyang imperyalista at may kaugnayan sa mga imperyalista.

Naglunsad ang rebolusyonaryong kilusan ng napakaraming mga kampanya laban sa mga programa at proyektong ipinatupad ng mga imperyalista at mga lokal na reaksyunaryo na nakakapinsala sa likas na embayronment at kumakamkam ang lupa at likas na kayamanan sa mamamayan. Para makagawa ng pinakakumpletong listahan mula noong 1968 hanggang sa kasalukuyan, kailangang gumawa ng sariling listahan ang bawat panrehiyong komite ng PKP. Sa mga lugar at lansangang nasa ilalim ng kanilang kontrol, ipinatupad ng mga rebolusyonaryong pwersa ang batas ng demokratikong gubyerno ng bayan. Pinukaw, inorganisa at minobilisa nila ang mamamayan sa paghiling sa mga kumpanya sa minahan na gumawa ng mga hakbang laban sa polusyon at magbigay ng panlipunang kompensasyon sa pinsalang nalikha nila kundiman magsara; sa paglaban sa mga operasyon sa pangangamkam ng lupa ng mga agrokorporasyon at ispekulador sa ari-ariang lupa o real estate, at sa pagpigil sa ilang mga proyekto sa hydroelectric at iba pang pinagkukunan ng enerhiya, na umaagaw ng lupa sa mga magsasaka at katutubong mamamayan nang walang sapat na kompensasyon at nang walang probisyon sa alternatibong kabuhayan.

Sa kalilipas na panahon, ang pinakanamumukod-tanging patakarang ipinatupad ng PKP ay ang pagpataw ng ganap na pagbabawal sa pagtotroso para sa eksport sa loob ng 25 taon. Kasabay nito, pinapayagan sa ilang lugar ang limitadong pagtotroso sa kondisyong ang mga troso ay gagamitin sa panloob na pabahay, iba pang lokal na paggamit at lokal na pagpoproseso

(kabilang ang paglikha ng muwebles, pagmanupaktura ng plywood, at pagmanupaktura ng papel). Naglulunsad sa kasalukuyan ng kampanya para kumpiskahin at sansalain ang mga empresang nag-eeksport ng troso sa paggamit ng kanilang kagamitan at pasilidad sa pagtotroso. Kasabay nito, itinataguyod ng mga rebolusyonaryong pwersa ang muling pagtatanim ng mga puno sa mga nakalbong kagubatan at pagpapaunlad ng mga proyekto sa kabuhayan upang paigihin ang kondisyong panlipunan ng mamamayan at makalikha ng mga alternatibong kabuhayan para sa mga manggagawa sa trosohan na natanggal dahil sa pagbabawal sa pagtotroso.

Hindi lamang nag-uusap hinggil sa isyu ng ekolohiya ang mga rebolusyonaryong pwersa. Mapagpasya silang kumikilos at nagmomobilisa sa sambayanan laban sa mga imperyalista at lokal na reaksyunaryo na nanggagahasa sa likas na embayronment. Sumasaklaw ang mga pagkilos na ito sa pagbabawal sa mga programa at proyekto na inilulunsad ng mga mistulang boluntarista ngunit pinondohan ng mga imperyalistang “mga NGO” at “mga PO” upang pakitang-taong itaguyod ang embayronmentalismo habang sa katunaya’y naghahanap ng likas na kayamanan para kamkamin at samantalahin ng mga dayuhang monopolyong empresa sa kapinsalaan ng mga magsasaka at katutubong mamamayan at upang gamitin ang linya ng makaimperyalistang embayronmentalismo - sa konteksto ng low-intensity conflict na inisponsor ng US - upang atakihin ang pambansa-demokratikong kilusan.

Kabilang sa mga pinakakakatwang proposisyon ng mga “NGO” na pinopondohan ng mga imperyalista ang proposisyong na ang mga magsasaka at katutubong mamamayan ay dapat alisin sa malalaking erya sa bansa na ipepreserba bilang mga pambansang parke sa pagdadahilang pinapanatili ang biodiversity (na parang di kabilang ang tao sa biosphere); gayundin ang proposisyong dapat iklasipika at pagkasunduan ng NDFP at Gubyerno ng Republika ng Pilipinas o GRP ang malalawak na erya sa

bansa bilang “mga sona ng kapayapaan at buhay” para sa layuning mapigilan ang armadong rebolusyonaryong kilusan sa paggamit sa mga ito sa digmang bayan.

Tahimik ang mga kontrarebolusyonaryo sa mga pambobomba, panununog, mga masaker, tortyur at iba pang kalupitang pinapakawalan ng rehimeng US-Ramos laban sa mga magsasaka at katutubong mamamayan upang pwersahin silang lumikas at hayaan ang mga dayuhang monopolyo, mga burukrata at mga upisyales militar na kamkamin ang lupa at likas na kayamanan para sa sarili. Kasabay nito, ikinakalat nila ang kasinungalingang nakamit na ng rehimen ang “demokratisasyon” at ”pagbawas sa mga paglabag sa karapatang pantao”, at umiiral na ang ”kapayapaan at istabilidad” para sa mga imperyalista at mga lokal na reaksyunaryo sa malayang pagsasamantala at pananalanta sa bansa.

Pinaksang mabuti at sinaklaw ang isyu ng ekolohiya ng Programa para sa Demokratikong Rebolusyon ng Bayan. Matatag at militanteng ipinaglalaban ng malawak na masa ng sambayanan sa pamumuno ng PKP ang konserbasyon at matalinong paggamit sa likas na kayamanan para sa umaasa-sa-sariling kaunlaran laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo.

Ganap na kasalungat ng rebolusyonaryong linya ng PKP ang nangingibabaw na linyang imperyalista na nanunuot sa mga kumperensya sa embayronment na inisponsor ng United Nations at ng alinman sa tatlong sektor ng neokolonyalismo. Ang mga kumperensyang ito UN hinggil sa embayronment ay nagtatangkang palabuin at pabanguhin ang imperyalistang pandarambong sa rekursong pantao at pangkalikasan at nagtatangkang ayusin ang mabuting pagsasamahan ng mga interes ng mga imperyalista at mga neokolonyal na kliyenteng estado sa unang sektor, ng mga dayuhang monopolyong empresa at mga lokal na malalaking kumprador burgesya sa ikalawang sektor, at ng bayarang “mga NGO” at “mga PO” sa ”ikatlong sektor”.

# HINGGIL SA PANDAIGDIGANG PULONG NG U.N. SA KAUNLARANG PANLIPUNAN AT UPISYAL NA "TULONG PANGKAUNLARAN" SA PILIPINAS

Sipi mula sa Pahayag ng
Pambansa-Demokratikong Prente (NDF)
Marso 1, 1995

Ang Pandaigdigang Pulong ng U.N. sa Kaunlarang Panlipunan ay isang kumperensyang magsisimula sa Marso 6, 1995 sa Copenhagen, Denmark. Magkakahalaga ito ng U.S. $50 milyon sa pinakamenos at dadaluhan ng 55 mga hepe ng estado.

Tatalakayin ng pulong ang isyu ng paglutas sa kahirapan, pagbubuo ng pagkakaisa at paglikha ng mga trabaho, at gagawin ito nang walang anumang pagbanggit sa monopolyong kapitalismo, neokolonyalismo at sa mga mapagsamantalang uri bilang dahilan ng kahirapan, kaguluhang panlipunan at kawalang-hanapbuhay.

Ang pokus ng talakayan ay ang diumanong upisyal na tulong pangkaunlaran. Mahahati ito sa baylateral na tulong sa anyo ng konsesyunal na pautang at grants, mga kontribusyon sa U.N. at iba pang multilateral na ahensya at ilang patak ng pondo sa mga "nongovernmental organizations", kapwa sa mga bayang donor at benepisyaryo.

## ANG MGA BAYANG DONOR AT BENEPISYARYO

May karaniwang palagay ang mga hepe ng mga estadong donor at benepisyaryo, na ang "upisyal na tulong pangkaunlaran" (ODA) ay nakagiginhawa sa halip na nakapipinsala sa mga umuunlad na bayan, nagsusuplemento at nagpapadali sa di gaanong tagong pamamaraan

ng pagsasamantalang neokolonyal, tulad ng pagpiga ng superganansya ng mga empresang monopolyo mula sa tuwirang pamumuhunan at pangangalakal at ng pagpapatupad ng internasyunal na usura ng mga bangkong komersyal.

Si Heneral Fidel V. Ramos, presidente ng neokolonyal na estadong Pilipino, ay nakatakdang magbigay ng talumpating pumupuri sa kanyang mga huwad na tagumpay sa ekonomya at paggamit ng "tulong pangkaunlaran", at mamalimos ng karagdagang gayong "tulong" bilang pampadulas sa tuwirang dayuhang pamumuhunan at pautang. Sa partikular na kaso ng Pilipinas, nalampasan na ng Japan ang Estados Unidos at Kanlurang Europa sapul pa dekada '70, sa pagbibigay ng ODA na nakataling lahat sa pamimili ng kalakal at serbisyo mula sa Japan.

Tiyak na magkakaroon ng maiingay na reklamo mula sa mga hepe ng di maunlad na mga bayan, kabilang si Heneral Ramos, tungkol sa kabiguan ng mga kapitalistang bayang industriyal mula pa 1961, na tupdin ang itinakdang target ng U.N. na ilipat ang 0.7 porsyento, sa pinakamenos, ng kanilang gross national product sa mga di maunlad na bayan sa anyo ng dayuhang "tulong pangkaunlaran", gayundin tungkol sa papaliit na halaga at pagbabago ng prayoridad sa paglalaan at paggamit ng diumanong tulong.

Hanggang nitong Disyembre 1994, ang mga kapitalistang bayang industriyal ay naglaan lamang sa karaniwan ng 0.3 porsyento ng kanilang GNP para sa "tulong pangkaunlaran" sa ibayong dagat. Ang Estados Unidos ay naglaan ng 0.2 porsyento; Japan 0.3 porsyento at Germany 0.36 porsyento. Ang mga imperyalista ay laging nagsisikap na paliitin ang suporta sa anumang bagay na di nagbibigay sa kanila ng kagyat na tubo o minamaksimisa ang laki ng kapital para sa tahasang pagsasamantala sa pamamagitan ng pautang, pangangalakal at tuwirang pamumuhunan.

Sa hanay ng mga kapitalistang bayang industriyal, may pangkalahatang tunguhing higit pang paliitin ang alokasyon sa "tulong pangkaunlaran" para sa ibang bayan. Resulta ito ng

kapitalistang krisis sa labis na produksyon, na kinatatangian ng papatinding paggamit ng abanteng teknolohiya at papataas na antas ng disempleyo upang mamaksimisa ang tubo, at ng pananaig ng pinakamakasarili at antisosyal na mga ideya ng kapitalismo.

Habang ang mga tao ay pinatatalsik sa trabaho sa mga kapitalistang bayang industriyal, ang malaking burgesya ay naglulunsad ng mabangis na atakeng ideolohikal at pulitikal sa pinaghirapang natamong mga karapatan at mga hakbang sa kagalingang panlipunan. Sa tingin ng mga imperyalista, ang mga kapitalistang bayang industriyal ay di dapat magbigay ng tulong sa iba pang bayan dahil unang-una na, kailangan nilang magbawas ng bayad sa kagalingan at serbisyong panlipunan sa mismong bayan nila.

Upang malagay sa depensiba ang gubyernong namumulubi, madalas tukuyin ng mga imperyalistang bayang donor ang di masinop at di nahusay na paggamit sa “tulong pangkaunlaran” at sinisisi ang mga tiwaling burukrata na kanila namang ginagamit para sa kanilang mga neokolonyal na layunin.

Ang paggamit ng papaliit na halaga ng “tulong pangkaunlaran” ng mga pinkamayayamang estadong donor ay lalo pang naging tahasang mapanlabag sa pambansang soberanya at sosyo-ekonomikong interes ng mamamayan ng mga bayang benepisyaryo. Aroganteng iprinoproklama ng mga imperyalista na ang gayong “tulong” ay para sa panghihimasok na pang-ekonomya at pampulitika sa mga bayang benepisyaryo. Itinigil na ng mga imperyalistang bayan ang pagkukunwari na prayoridad nila ang paglutas sa kahirapan at ang panlipunang kaunlaran. Ang bagong kodang mga salita sa ipinoproklama nilang kanilang mga prayoridad ay “demokratisasyon” at ”reporma sa pamilihan”. Ibig sabihin, pagkokonsolida ng kapangyarihan ng mga imperyalista at lokal na reaksyunaryo laban sa masang anakpawis at pagtataguyod ng pribatisasyon at higit pang pagkakahiwalay ng yamang panlipunan at likas na yaman ng mga di maunlad na bayan para sa mga dayuhang monopolyo.

Nitong mga nakaraang taon, may relatibong mas malakas na pagbuhos ng "tulong pangkaunlaran" sa mga bayan ng dating blokeng Sobyet kaysa sa mga pinakamahihirap na bayan ng Aprika, Asya at Amerika Latina. Kaalinsabay, ibinabando sa propaganda ng mga bayang imperyalista, ang panghihimasok na militar sa ngalan ng makataong pagtulong, karapatang tao at pangangalaga sa kapayapaan sa ilalim ng bandera ng United Nations. Ngunit taun-taon ay binabawasan ng mga imperyalistang bayang ito ang kanilang pinansyal na kontribusyon sa U.N.

## ANG TATLONG SEKTOR NG "TULONG PANGKAUNLARAN"

Kasunod ng walang kaparis na paglala ng kawalang pag-unlad at kaguluhang panlipunan sa maraming bayan sa mundo, makaaasa ang Pilipinas na liliit ang daloy ng "tulong pangkaunlaran" sa kanya. Sa anu't anuman, ang anumang tulong na pumapasok pa ay dinarambong pangunahin ng mga tiwaling burukrata ng neokolonyal na estado at ng malaking negosyong dayuhan at lokal.

Mga mumo lamang ang napupunta sa tinatawag na ikatlong sektor ng mga "nongovernmental organizations" at "people's organizations" (NGOs at POs), na itinatayo sa pangunahin ng estado at malaking negosyo at segundaryo, ng mga dayuhang ahensyang "NGO" sa pagpopondo, mga institusyong relihiyoso at Pilipinong mga petiburges na manggagantso.

Ginagamit ng tatlong sektor ng mga burukrata ng gubyerno, negosyantae at burukratang NGO ang dayuhang "tulong pangkaunlaran" para sa pabalat-bungang mga proyekto at maging mga di umiiral na mga proyekto na nagpapahintulot sa kanilang magbulsa ng malalaking halaga ng pera para sa kanilang sarili. Ngunit ang mga imperyalistang donor ay di nababahala sa katiwalian dahil ang "tulong pangkaunlaran" naman ay isang tipo ng pondong panuhol at nasisiyahan sila na nakikipagkolaboreyt ang tatlong sektor na ito sa pagkokondukta ng antikomunistang

propaganda na pasok na pasok sa iskema ng low intensity conflict na dinidirihe ng U.S.

Kapag nagsasalita ang mga burukratang NGO tungkol sa demokrasya, people's empowerment at lipunang sibil, ang ibig nilang sabihin ay ang pagtataguyod ng pluralismong burges upang malinlang ang masang anakpawis sa pagtatakwil sa rebolusyonaryong partido at rebolusyonaryong proseso. Iniideyalisa ng mga burukratang ito ang diumanong awtonomong mga batayang organisasyon, na sa katunayan ay hindi nila itinatayo, at kanilang pinakikisig ang mga institusyon at proseso ng neokolonyal na estado sa pagpapahayag na "nakakademokratisa" ang mga ito at itinuturing ang mga rebolusyonaryong pwersa na di demokratiko at walang sibilidad.

Kapag nagsasalita sila tungkol sa pangangalaga sa embayronment, ang ibig nilang sabihin ay ang pagtatakwil sa pambansang industriyalisasyon at pagpanig sa mga dayuhang empresang monopolyo na "mabait sa embayronment" upang patuloy na dambungin at sirain ang embayronment. Kapag nagsasalita sila tungkol sa isyu ng kasarian, ang ibig nilang sabihin ay ang pagpapataw ng mga pamantayan ng mga peministang burges sa kababaihan ng uring manggagawa at magsasaka.

Kapag nagsasalita sila tungkol sa karapatang tao, ang ibig nilang sabihin ay ang pagpapalabo ng mga pagkakaiba o pagpupusturang nyutral sa pagitan ng mga imperyalista at api, ng nang-aapi at inaapi at sa pagitan ng nagsasamantala at pinagsasamantalahan. Kapag nagsasalita sila tungkol sa etnisidad, ang pakahulugan nila ay ang pagpapatingkad ng etnosentrismo, pagsagasa sa prinsipyo ng pagpapasya-sa-sarili at pagtutulak sa katutubong mamamayan na lumaban sa mga rebolusyonaryong pwersa para sa panig ng reaksyunaryong estado.

Sa balangkas ng imperyalistang "tulong pangkaunlaran", kinikilala ng reaksyunaryong gubyerno, malaking negosyo at ng kanilang mga kakutsaba sa "ikatlong sektor", ang mga kontradiksyon tulad ng sa pagitan ng tao at kalikasan sa embayronmentalismo, sa pagitan ng babae at lalaki sa kasarian-

ismo ("genderism") at sa pagitan ng mga minoryang etniko at kalakhang populasyon, ngunit hindi nila kinikilala ang kontradiksyon sa pagitan ng imperyalismo at aping mamamayan at sa pagitan ng mapagsamantala at pinagsasamantalahang mga uri.

Sabay-sabay na inaawit ng tatlong sektor na "naisantabi" at "napawalang-silbi" ng kanilang mga konsepto at proyektong pinopondohan ng dayuhan, ang mga pakikibakang antiimperyalista at makauri. Ang pinakasagadsaring mga ahente ng imperyalistang "tulong pangkaunlaran" ang pinakamabangis na mga propagandistang antikomunista na gumagamit ng kanilang diumanong mga proyekto upang makapuslit o makasingit sa mga organisasyon at erya ng mga rebolusyonaryong pwersa at mangulekta ng impormasyon sa paniktik para sa mga ahensya ng estado at dayuhang ahensyang tagapondo.

## ANG PUSISYON NG NDFP

Tinututulan ng Pambansa-Demokratikong Prente ng Pilipinas at ng lahat ng alyadong rebolusyonaryong pwersang nakapaloob sa balangkas nito, ang imperyalistang "tulong pangkaunlaran" at nilalabanan ang mga konsepto, ahente at proyekto nito. Determinado silang huwag papasukin sa mga eryang nasa ilalim ng kanilang kontrol ang lahat ng proyektong pinopondohan ng dayuhan na nagsisilbi sa kontrarebolusyonaryong mga layunin.

Puspusang ipinatutupad ng NDFP ang pambansa-demokratikong rebolusyon laban sa dayuhang monopolyo kapitalismo at mga lokal na mapagsamantalang uring malaking kumprador at panginoong maylupa. Sinasaklaw ng programa nito sa pagkilos ang mga isyu ng demokrasya, kaunlarang sosyo-ekonomiko, embayronment, paglaya ng kababaihan, karapatang tao, etnisidad, at iba pang mga isyu na nais angkinin ng mga ahente ng imperyalistang "tulong pangkaunlaran" upang takpan o tapatan ang rebolusyonaryong pakikibaka laban sa imperyalismo at mga lokal na mapagsamantalang uri.

Sa katunayan, hawak ng mga rebolusyonaryong pwersa ang inisyatiba sa pagharap sa mga isyung ito. Minumulat, inoorganisa at minomobilisa nila ang mamamayan kaugnay ng mga isyung ito. Ang mga NGO na tinatangkilik ng reaksyunaryong gubyerno, malaking negosyo at mga imperyalistang ahensya sa pagpopondo ay batbat ng mga kontrarebolusyong ideya, burukratismo at katiwalian.

Hindi kailangan ng mamamayang Pilipino ang "tulong pangkaunlaran" mula sa mga estadong imperyalista at reaksyunaryo, mga korporasyon sa negosyo at ang mga tipo ng NGO at PO na nais nilang itayo bilang alternatiba sa mga rebolusyonaryong pwersa. Ang "tulong pangkaunlarang" ito ay lason sa rebolusyonaryong kilusang masa.

Kasabay ng Pandaigdigang Pulong sa Kaunlarang Panlipunan, ang NDFP ay nakikipagtulungan sa mga antiimperyalistang partido, organisasyong masa, kilusan at institusyon sa Denmark, sa isang Scandinavian na kampanya sa pagkakaisa bilang suporta sa pakikibaka ng mamamayang Pilipino sa pambansang pagpapalaya at demokrasya laban sa dayuhang monopolyo kapitalismo, katutubong pyudalismo at burukratang kapitalismo.

May rebolusyonaryong pagkakaisa ang mamamayang Pilipino sa mamamayan ng daigdig, sa nagkakaisang pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya, demokrasya at sosyalismo laban sa imperyalismo at lahat ng reaksyon. Pinagsisikapan nilang makakuha ng suportang moral at materyal mula sa labas ng bayan, sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan ng NDFP sa mga antiimperyalistang partido, organisasyong masa, kilusan at institusyon sa ibayong dagat. Kasabay nito, mulat sila sa paglulunsad ng rebolusyonaryong pakikibaka bilang paraan upang suportahan ang mamamayan ng daigdig. Sila ay pinapatnubayan ng diwa ng rebolusyonaryong internasyunalismo.